Partnerships enable organizations to combine their distinct capabilities toward shared objectives. One institution may contribute research competencies, while another offers an extensive educator network, and yet another brings expertise in community outreach. When coordinated strategically, these collaborative efforts can amplify the impact each participant would achieve working alone. For a national association, these partnerships can foster broader engagement, unite educators across geographical boundaries, and extend professional dialogue to practitioners in diverse educational contexts.

Institutional partnerships manifest through various collaborative mechanisms, including joint professional development sessions, coordinated research initiatives, and shared community programs. Effective partnership transcends formal contractual arrangements. It represents a tangible commitment to professional cooperation—an acknowledgment that individuals and organizations achieve greater outcomes when they exchange expertise and create mutual opportunities. PAP-Ed's collaborative framework embodies this vision, positioning partnership as a fundamental strategy through which a cohesive professional community can strengthen and expand.

Recognition Beyond the Applause

Every profession includes individuals whose contributions merit visibility—not merely for their accomplishments, but for the opportunities their work creates for others. PAP-Ed proposes establishing awards and recognition programs honoring exceptional educators, researchers, institutions, and stakeholders whose work exemplifies excellence, leadership, innovation, scholarship, and service.

Recognition can amplify valuable work through broader exposure, honor enduring contributions, and inspire others to pursue fulfilling professional aspirations. In education, success manifests through diverse channels: research, practical learning materials, creative instruction, mentoring, organizational leadership, and commitment to students and communities. A well-designed recognition initiative can highlight these accomplishments and reinforce the principles PAP-Ed aims to promote. It can honor both individual achievements and collaborative efforts that advance the broader profession. For PAP-Ed, recognition represents a platform to showcase examples of professional excellence and foster peer learning among members. Though an award may recognize a single individual or organization, its influence extends far beyond to inspire many others.

What Propels the Profession Forward?

PAP-Ed's proposed programmes envision a professional community featuring interconnected pathways for meaningful contribution. Professional development convenes educators for collaborative learning; instructional-materials development transforms collective expertise into actionable resources; research expands the field's knowledge foundation; and community initiatives bridge that knowledge with practical application. Strategic partnerships and professional recognition can further extend the profession's influence. Collectively, these dimensions articulate a vision of professional advancement as a



Zuriel Ross C. Tabian

collaborative endeavor—one where teaching, scholarship, resource creation, and service mutually strengthen one another.

The emerging opportunities call for active engagement. Educators can contribute classroom insights, researchers can share their inquiries and discoveries, authors can offer their expertise, and institutions can provide their connections and assets. Every contribution strengthens both the association and the profession it serves. In his statement regarding the association's strategic direction, Dr. Zuriel Ross Tabian captured the essence of this initiative: "Together, let us build a united community of PATHFit educators committed to excellence, collaboration, and service. Through our shared vision and collective efforts, we can strengthen physical education and create meaningful, lasting opportunities for Filipino learners."

The focus on collaboration is particularly significant. Professional communities flourish when members exchange knowledge, learn from one another, and understand that disciplinary progress transcends individual achievement. PAP-Ed originated from dialogue among professionals united by common scholarly interests. Its full potential emerges through the expanding community that sustained conversation continues to cultivate.

So, who moves the movers?

The response encompasses colleagues who exchange expertise, organizations that facilitate cooperative efforts, societies that provide broader context to educational initiatives, and students whose experiences reflect the effectiveness of instruction. Transformation seldom results from a single agent; rather, it develops through coordinated effort, purposeful guidance, and the combined contributions of interconnected elements.

This principle may similarly apply to professional fields. For practitioners dedicated to enabling others to advance, adapt, and flourish, the presence of a supportive network progressing in tandem may represent a valuable advancement.

"Together, let us build a united community of PATHFit educators committed to excellence, collaboration, and service. Through our shared vision and collective efforts, we can strengthen physical education and create meaningful, lasting opportunities for Filipino learners."

Zuriel Ross C. Tabian
PRESIDENT, PAP-Ed

PAP-Ed

NATIONAL & REGIONAL OFFICERS

PRESIDENT
Dr. Zuriel Ross C. Tabian
Tarlac State University

VICE-PRESIDENTS
Dr. Jefferson R. Herrera
Luzon – VP 1 | Tarlac State University
Dr. Jocelyn A. Floresca
Luzon – VP 2 | Don Mariano Marcos Memorial State University
Dr. Charis B. Limbo-Rivera
Visayas – VP 1 | Visayas State University
Prof. Dara-Hill B. Medillo
Visayas – VP 2 | Cebu Normal University
Dr. Benjie Q. Badon
Mindanao – VP 1 | University of Southeastern Philippines
Dr. Ginna T. Astillero
Mindanao – VP 2 | Notre Dame University

SECRETARY GENERAL
Mr. Nestor Bautista
Secretary General | Tarlac State University

SECRETARIES
Dr. Gorge M. Bagaoisan
Luzon | Mariano Marcos State University
Prof. Yehleen D. Panaguiton
Visayas | University of Antique
Dr. Balme M. Diva
Mindanao | Surigao del Norte State University

TREASURER
Prof. Andrea Mae F. Taminaya
Treasurer | Pangasinan State University – San Carlos Campus

AUDITOR
Prof. Jonar T. Zabala
Auditor | Nueva Vizcaya State University

PUBLIC INFORMATION OFFICERS
Dr. Angelo P. Guillermo
Luzon | Tarlac Agricultural University
Dr. Maricar C. Tegero, JD
Visayas | Leyte Normal University
Dr. Marylou F. Schuck
Mindanao | Zamboanga State College of Marine Sciences and Technology

BUSINESS MANAGERS
Dr. Marilou C. Mondina
Luzon | Saint Louis College–La Union
Dr. Evelyn B. Viva
Visayas | University of Eastern Philippines
Dr. Cherrylou B. Magbanua
Mindanao | Sultan Kudarat State University

REGIONAL DIRECTORS
Prof. Jordan S. Neri
Region 1 | Culture and Arts Affairs- Director; Pangasinan State University - Bayambang Campus
Dr. Hans Freyzer B. Arao
Region 2 | Cagayan State University
Dr. Teresa A. Dela Cruz
Region 3 | Nueva Ecija University of Sciences and Technology
Dr. Sonia D. Abustan
Region 4a | Southern Luzon State University
Airalyn Q. Hinay, MPE
Region VIII | Southern Leyte State University - Tomas Oppus
Dr. Castor Balacuit Jr.
Region XIII | North Eastern Mindanao State University
Prof. Ronda L. Navalta
Saint Mary's University

CONSULTANT & ADVISER
Dr. Chita C. Ramos
PAP-Ed Consultant | Cagayan State University
Dr. Mary Grace M. Bulatao
Adviser | Saint Mary's University

BOARD OF TRUSTEES
Dr. Zuriel Ross C. Tabian
Trustee | Tarlac State University
Dr. Marylou F. Schuck
Trustee | Zamboanga State College of Marine Sciences and Technology
Dr. Charis B. Limbo-Rivera
Trustee | Visayas State University
Prof. William P. Nucasa
Trustee | Saint Louis College
Prof. Kenedy G. Flores
Trustee | Ilocos Sur Polytechnic State College

Cher, Palit Ka?

(Students Perseverance Stories Behind Every Snack)

Jevanh A. Eugenio

"Sabi mo, lahat ng gutom ay kayang lampasan." This line from Parokya ni Edgar's Buloy reminds us that hunger can be endured, but sometimes, a comforting snack makes the journey easier. Beyond their crispy crunch and delicious flavors, snacks can carry stories of perseverance, sacrifice, and hope.

In Visayan word, tilaw means "to taste." This word reflects the passion behind Marlo Ellica's homemade banana chips, which he promotes with a heartfelt invitation: "Hey Cher, tilaw ka ani ako baligya. Ganahan jud ka ani kay isa sa mga ingredient ani is passion and love." Available in original, barbecue, cheese, sugar-coated, and sour cream flavors, his products represent more than a business it symbolizes his determination to pursue education despite financial struggles.

Marlo is a student assistant at Northern Mindanao Colleges, Inc., pursuing a Bachelor of Secondary Education major in Mathematics. Growing up in poverty, he witnessed his parents work tirelessly to provide for their family. Memories of eating plain rice with sugar during difficult times inspired him to build a better future for his loved ones. Through his small enterprise, he hopes to ease their financial burdens and eventually create job opportunities for struggling families and fellow working students.

Another inspiring story belongs to Thirdy Lousaro, a third-year Bachelor of Elementary Education student at the same institution. Selling Filipino-style nachos topped with seasoned ground meat, cheese sauce, mayonnaise, and fresh vegetables, Thirdy found a practical way to support his education.

Previously dependent on his parents' allowance, Thirdy realized that his limited budget barely covered daily expenses, leaving little room for savings. His turning point came when he reflected on the hours he spent playing mobile games and scrolling through social media. He began asking himself whether he was using his time wisely and decided to turn those hours into an opportunity for financial independence.

As an educator, witnessing students like Marlo and Thirdy reminds me that education extends beyond textbooks, examinations, and classroom walls. Their entrepreneurial journeys teach us resilience, responsibility, and the courage to transform hardship into opportunity.


A bag of banana chips or a plate of nachos may seem ordinary, but behind every purchase lies a student's sacrifice and determination. These young entrepreneurs deserve recognition not only for their products but also for the dreams they continue to pursue.

Like the message of Buloy, their strength inspires admiration. As their teacher, I salute their perseverance: "Kaya naman ako bilib sa iyo, kasi parang napakatibay mo."



PASAYLO

Deborah Leah Denso



At nineteen, Shay Balacuig believed her life was almost perfect. She was intelligent, confident, talented, and deeply supported by her family. But when she left her hometown in Mindanao for college in Cebu City in 2005, an unexpected turn changed the course of her life: she became pregnant.

As the only daughter of a respected pastor, Shay was crushed by shame. The child's father left her and she withdrew from everyone. She barely ate, rarely left her room, and was eventually sent to a distant place where nobody knew her. In that silence, she began to confront her pride, her mistakes, and the life she still had to live.

She gave birth to twins, whom she regarded as precious blessings. In 2007, the twins' father returned, and they considered marriage for the children's sake. However, as his possessiveness and temper became apparent, Shay chose to walk away. She knew that staying in a harmful relationship would not give her children a home they deserved.

Through everything she endured, one person remained: Roy, a friend she had met at an international convention for ministers' children in 2004.

He knew her story, including her pregnancy, yet he never made her feel damaged or unworthy. He listened, encouraged her, and quietly chose to stay.

When Shay met Roy again in Manila in November 2007, she realized that his love had never been rooted in pity. It was patient, sincere, and unwavering. On December 20, 2008, they were married.

Today, they live in Mindanao, serving as pastors and professionals, with their three children. They have built not only a home, but a life grounded in faith, love, and second chances.

Shay's story is not about living a perfect life. It is about falling, choosing courage, and discovering that grace can reach us even in our darkest moments.

"My story is living proof that God works in ways we cannot see. He never sleeps. He never slumbers."

— Shay Balacuig

THE HEART BEHIND THE PAGES:
A Tribute to Literary Teachers

Evelyn R. Albao

The fatigue of teaching is unique—it wears down not only the body but also the mind, voice, and spirit—eyes burning from reading The Great Gatsby for the eleventh time over two decades. It is also, if one is permitted to use the word in a room where the department budget is being discussed in the language of 'strategic realignment' and 'resource optimization,' a fatigue of the soul that deserves acknowledgment and respect.


What is a literary teacher? The literary teacher carries a tiredness that is also a hunger. It is the exhaustion of someone who has spent the day translating, and who knows that every translation loses something, and yet persists in the translation all the same. Turning the centuries-old terror of King Lear into something a nineteen-year-old can feel and transforming institutional language into something real and human. Beyond bureaucratic language, revealing why a 300-year-old sentence still matters to a student in 2026—worried about rent, the future, and whether they will ever be truly loved. Translation is never complete; it is always partial—a cutting and reduction of something vast into what can fit within a fifty-minute class. And yet: without it, the book remains sealed. Without the teacher, the pages are just paper and ink.

The literary teacher is hired to do the labor of transmission—culture, critical thinking, the skills that will make students career-ready. The institution funds the position; it creates the syllabus requirements, the enrollment caps, and the assessment metrics. It speaks the language of efficiency and outcomes, which can leave teachers feeling undervalued and exhausted, sitting in the office after hours grading a paper that argues.

Here, the teacher's inner struggle begins—not in grand ideas, but in the quiet collision of doubt. You are never doing enough. The text deserves more than rushed discussions, hurried notes, and a tired voice reading words heard a thousand times.


The teacher was once a student, shaped by someone who stayed late and filled the margins with notes—not merely corrections, but arguments, invitations, and pleas. That teacher may now be gone, retired, or elsewhere, unaware that the work continues. It lives on in every voice, even in this particular struggle to explain Shakespeare.

What is the tribute, then? The tribute is to acknowledge the real cost.



ANG TAHIMIK NA REBOLUSYON NG PAGBABAHAGI NG MGA KUWENTO

Divina Sheila L. De Los Arcos



Ano ang mangyayari kapag ang isang simpleng paanyaya sa social media na ipamigay ang mga librong hindi na kayang basahin ay nagbukas ng bintana sa isang mas malaki at hindi masambit na gutom?

Isang hapon, tahimik na paglilinis lamang ng kaniyang personal na silid-aklatan ang layunin ng isang manunulat nang mag-post siya sa social media tungkol sa pamimigay ng mga librong natambak na sa estante. May mga aklat na tahimik na natutulog, naghihintay ng mambabasa na hindi kailanman dumadating. Sila ang mga pahinang binili dahil sa simbuyo ng damdamin, binuklat minsan, at kalauna'y hinayaang magkaalikabok sa lilim ng pribadong silid. Ngunit sa kabilang dulo ng mundong ito—sa mga pampublikong paaralan sa probinsya at sa mga kamay ng mga kabataang naghahanap ng liwanag—ang bawat salita ay isang bihirang karangyaan.

Nang kumalat ang anunsyong ito, bumaha ang mga mensahe. Hindi lamang ito simpleng tugon; isa itong tahimik na sigaw ng gutom mula sa mga guro sa pampubliko at pribadong paaralan, mga lider ng Sangguniang Kabataan, estudyante, at kawani ng pamahalaan. Ipinapakita nito ang isang matinding katotohanan: sa gitna ng makabagong panahon, napakarami pa ring kabataang Pilipino ang nabubuhay sa disyerto ng kakulangan sa mga babasahin.

Sa gitna ng rumaragasang mga mensahe, isang pagninilay mula sa isang gurong kaibigan at kaklase noong kolehiyo ang nagdala ng mas malalim na bigat. Ayon dito, ang pinakamahalagang hinahanap ng mga mag-aaral ay hindi lamang mga banyagang teksto kundi ang mga aklat sa sariling wika.

Dito nasusukat ang tunay na kaluluwa ng panitikan. Ang libro ay hindi lamang kagamitan sa pag-aaral; ito ay tahanan. Kapag ang isang bata ay nagbasa sa sariling wika, tinititigan niya ang boses ng kaniyang ina, ang simoy ng hangin sa bukid, at ang katotohanan ng kaniyang pang-araw-araw na buhay. Ang wika ang unang yakap na nagpapatunay na ang kanilang mga karanasan ay karapat-dapat isalaysay.

Dahil sa simpleng hakbang na ito, ang paanyaya ay lumalaki bilang isang kilusan ng pagtutulungan—isang pagsisikap na ihatid sa pamamagitan ng courier ang mga yaman ng karunungan patungo sa mga komunidad na uhaw sa pahina. Hindi na ito simpleng pamimigay ng lumang gamit; ito ay gawa ng pagkakaisang pampanitikan na nagpapatunay na ang komunidad ng mga manunulat ay buhay, humihinga, at handang magbahagi.

Sa bawat may-akda at bibliophile na may mga estanteng mas mabigat kaysa sa kanilang oras sa pagbasa: bukas ang mga silid-aralan, naghihintay ang mga guro sa probinsya, at may isang batang sabik sa eksaktong kuwentong nakalagay sa iyong estante. Oras na upang ibaba ang mga ito sa liwanag at hayaang maglakbay.

Kuwadradong Silid

Cherry Tiu Budlong-Alih

Dala-dala nila'y aklat ng kinabukasan,
Samu't saring katauhan din, kanilang nasisilayan.
Hinuhubog nila, isip ng mga kabataan,
Sa loob ng isang kuwadradong silid-aralan.

Aralin ay masinop na pinaghahandaan,
Bawat teknik ay lubos na pinag-iisipan,
Inilalatag na gawai'y kinasasabikan,
Upang pagtuturo'y ganap na mapagtagumpayan.

Singhaba ng sinulid ang kan'yang pasens'ya,
Sa mga mag-aaral na walang konsens'ya;
Mistulang nagkakaroon ng sariling komperens'ya,
Kapara ng maligalig na alkansiya.

Animo'y hangin lang silang dumaraan,
Ngunit mga problema'y hindi sinusukuan.
Laban lang sila, kung sa usaping pakipaglaban,
Iyan ang kanilang pinaniniwalaang kasabihan.

Hindi alintana ang pagod nila't hirap,
Dahil sa kanilang dedikasyon at pagsisikap.
Nais nilang tuparin, mithiin ng mga nangangarap,
Upang kanilang mahandaan ang kanilang hinaharap.

Dalisay na edukasyon ang tiyak malalasap,
At mga gintong aral na laging sumusulyap,
Sa kuwadradong silid, buong-pusong pinalaganap
Ng mga gurong walang humpay na yumayakap.

Siya'y Ganap nang Guro

Jaycel Farillon Castro

Nagsimula ang lahat sa isang simpleng pangarap,
At sa pagpupunyagi, nagbunga ang hirap at sikap.
Ang dating mag-aaral lamang, ngayo'y isa nang guro,
Bagamat ang tinahak na landas ay hindi naging biro.

Sa kaniyang alaala, ang lahat ay sariwa pa,
Nagsimulang mangarap no'ng siya'y hayskul pa.
Guro sa Filipino ang naging mitsa at nagpasiklab,
Tumugon siya sa hamon, landas na ito ay niyakap.

Lahat ng mga pagsubok ay kaniyang pinagdaanan,
Dahil sa tibay ng loob, lumaban sa kahirapan.
Nang siya ay nagtapos, tagumpay ay nakamtan,
Nagtapos na Cum Laude, nagka-lisensiya kalaunan.

Siya ay nagpasiyang sa pribadong paaralan magturo,
Doon niya nasubukan ang tunay na buhay ng guro.
Iba't ibang kabataan ang kaniyang sinubaybayan,
Ngunit maagap at matatag, walang inuurungan.

Dumating din ang minsang siya ay lubos na sinubok,
Buhay sa siyudad pala'y mas mahirap kaysa sa bundok.
Ngunit sa kabila ng lahat, siya ay hindi sumuko,
Kaya't di kalauna'y naabot ang minimithing dulo.

Ngayo'y apat na taon na siyang tapat na nagtuturo,
Labis siyang nasisiyahan sa pagiging isang guro.
Bagamat 'di naging madali ang lahat ng mga hakbang,
Hindi siya nagpaawat, nakinig sa kaniyang tapang,
Dahil hangad niya'y sa lipunan huwag maging pabigat,
Sa halip ay maging ilaw, sa landas ay liliwanag.

Ang Mundo ng Isang Liyag na Guro

Melanie Arellano

Ang pagtuturo ang humuhubog sa mundo,
Ngunit iniasa lang sa kanila, bigat ng mga trabaho.
Trabahong tila mumo ang pagkilalang inilalaan,
Mumong nahulog sa gitna ng lundo't kapabayaan.

Kabayana'y umaasa, sa talino ng gurong napag-iiwanan.
Pero paano nga ba aangat ang buhay ni Juan,
Kung ang pusong umaakay at nagmumulat sa kan'yang isip,
Sa maliit na sahod at tambak na gawai'y walang sumasagip?

Sana'y matutuhang tumbasan ang pagod na iniaalay,
Sa labis na pag-iisip, paglikha, at pagsakripisyo ng buhay.
Minsan pa'y minamadali, ginigipit, at inaabuso—
Sisimulan nang maaga ang hanggang gabing trabaho.

Sa dami ng mga responsibilidad na gustong ipagawa
Ng mga amo nilang pangulo, dekano, o dekana,
Kabilaan ang mga gawain, may deadline pang iaasa.
Paano naman madaliin kung hindi sapat ang pahinga?

Sana'y makibagay naman ang mundong kinabibilangan,
At huwag gawing araw ang bawat gabing dumaratal.
Papikit na ang mga mata, nais n'yo pa ring magtrabaho siya,
Patulog na ang katawan, may hahabol pang mga paalala.

Selpo'y 'di maipahinga, tunog nang tunog, paulit-ulit,
Sa bawat pagtingin ay mga utos ng boss na may dalang higpit:
Gawin ito sa umaga at kailangang ipasa rin sa hapon!
Paano pa makapagpahinga, paano pa makaaahon?

Kung ganito ang buhay ng guro mong ginigiliw at mahal,
Matuto din sanang umunawa sa napakahirap niyang lagay.
Sapagkat bukod sa paaralan, may pamilya rin siyang inaalayan—
May sarili ring buhay, sariling katawan, na kailangang pagsilbihan.

Sa Iyo ang Hantungan

Roy O. Jarlego

Nagmamahal, yumayabong, at yumayaman,
Hindi man sa salapi, kundi sa buhay na nahahawakan;
Sa bawat batang natututo, sa pangarap na nabubuo,
Doon marahang yumayabong ang pusong piniling magturo.

Nagmamahal at habambuhay na magmamahal,
Sa propesyong pinili, hirap man ay dumaan;
Dahil ang pagtuturo'y higit sa isang hanapbuhay—
Ito'y paninindigang buong-pusong iniaalay.

Malamig man ang simoy na parang amihan,
Sa loob ng silid-aralan, malasakit ang baon sa laban;
Hindi lamang mga salita ang nais nilang maramdaman,
Kundi gurong handang umunawa, gumabay, at makiramdam.

Dati, iba'y allergic sa pagtuturong pangmatagalan,
Ngayon pagtuturo ay nais na naming panindigan;
Taon man ang lumipas at panahon man ay magbago,
Hindi na mabubura, pagtuturo sa 'ming puso.

Marami man ang aming mga pinagdaanan—
Puyat, pagod, at sandamakmak na deadline;
Magiging sulit ang lahat ng sakripisyo at paglalakbay,
Kung sa dulo'y mag-aaral magsasabi ng tunay:
"Dahil sa inyo, natuto akong mangarap at magtagumpay."

Nadurog mang parang paminta sa bigat ng suliranin,
At kapag pagod at problema'y sabay-sabay dumarating,
Puso'y muling bumabangon at muling nabubuo,
Dahil may mga batang nagpapaalala kung bakit tayo nagtuturo.

At tila panaginip ang saya at tunay na tagumpay,
Kapag marunong nang mangarap, mga dating inakay;
Higit pa sa grado, may buhay kaming natutulungang magbago—
At sa kanilang pag-angat, alam naming sulit ang lahat ng ito.

Kaya sa lahat ng guro—magmahal, magtiyaga, at manindigan;
Mga aral ma'y mabura, ngunit ang gurong naniwala'y 'di malimutan;
'Pagkat ang guro'y nagtatanim ng pangarap at nagbibigay ng pag-asa,
At sa bawat pusong natututo, tunay na ligaya ang bunga.

Manalangin Ka Pa Rin (Alay sa mga Guro sa Pambansang Buwan ng mga Guro)

Elma A. Suico

Sa gabing tahimik, dasal ang aking tanglaw,
Sa pusong pagod na, pag-asa ang ilaw;
Kung luha'y pumatak sa bigat ng hirap,
Sa Diyos kumapit – Siya ang yayakap.

Kapag pagod ka na, huwag kang sumuko,
At tuwing ang sagot ay tila malayo;
Sa puso ng guro, pag-asa'y tutubo,
Manalangin pa rin sa gitna ng bagyo.

Kung hiling ay tila ayaw pang dumating,
Huwag mangamba, may bukas na darating;
Bawat luha'y magiging perlas sa dilim,
Bawat paghihintay, may bagong magningning.

Mundo ay nabago sa teknolohiya,
May batang naligaw sa lawak ng media;
Ingay ng mundo, tinig mo'y panawagan:
"Anak, ang pag-asa ay iyong panghawakan."

Kapag nabaon ka na sa bigat ng mundo,
Kung luha mo'y wala nang maitatago;
Pati ang mahal mo, tumalikod sa 'yo,
Manalangin pa rin, itaas ang noo!

May araw na sigaw: "Narinig ba ako?"
May gabing naitanong: "Bakit ganito?"
Sandaling bulong: "Para saan pa ito?"
Manalangin pa rin, mahal na katoto.

Sa klase'y matatag, sa gabi'y may lumbay,
Sa pusong sugatan, pag-asa ang taglay;
Ngumingiti sa bata, lungkot ay kimkim,
Sa Diyos kumapit sa gabing madilim.

At balang araw, kapag sila'y nagtagumpay,
Sa puso nila'y ikaw ay mabubuhay;
Hindi dahil sa dami ng iyong sinabi,
Kundi dahil sa pag-asang buong ibinigay sa sarili.

Dahilan

Jerome S. Cadag

Kaninang umaga, ginising ka ng atungal
ng luma mong orasan. Naghimuta ka.
Sinulyapan ang sumasayaw na kalendaryong
gumigiling sa dingding.

Naalala mo, araw ngayon ng mga guro.
Pero tila walang bahid ng pagkasabik ang
iyong pagbangon, dahil batid mo, lilipas din ito
Liban sa mababa niyo pa ring suweldo.

Pero gagayak ka't ililigpit ang
negatibong damdamin
dulot ng reyalidad. Papasok ka sa opisina
at aabalahin ang sarili sa kung ano-ano,
dahil wala kang advisory class?

Tila dumaan lamang ang maghapon,
kay bilis nitong matapos.
Wala ka pa ring natanggap
na kahit anong regalo.

Umuwi kang bitbit ang kakaibang bagahe.

Nakakapagod. Matutulog ka na sana
pero may natanggap kang mensahe
mula sa dati mong estudyante.

Muli mong naramdaman
ang dahilan kung bakit ka nandiyan.
Kung bakit ka nandito.

Kung bakit ka naging guro.Present, Ma'am!

Kenedy G. Flores

Alas-singko pa lang, gising na si Ma'am,
Kape ang katabi, papel ang kalaban;
May chat na "urgent," kagabi pinadaan,
"Deadline po ngayon." — Kay gandang umagahan!

Sa klase'y guro, sa labas ay nanay,
Tagapayo't nurse sa batang may lumbay;
Kapag projector ay biglang namatay,
IT na rin si Sir—restart lang ang alay.

May forms at reports, may bagong memorandum,
May meeting tungkol sa susunod na meeting;
May seminar pa sa work-life balance,
Pag-uwi'y may chat: "Submit before midnight, please."

Kapag Teachers' Day, bayani ang tawag,
May rosas, may cake, may palakpak na ganap;
May opisyal pang bati: "Guro'y ating liyag!"
Ngumiti si Ma'am: "Sana budget din, sapat."

Ngunit hindi biro ang lahat ng kuwento,
May batang tahimik, may matang balisa;
Bago pa man siya mapansin ng mundo,

Isang guro muna ang nagsabing, "Kaya mo pa."

Hindi dapat purihin ang gurong nagtitiis,
Kung kakulangan naman ay ayaw nating iwasto;
Ang bayani'y hindi iyong kayang maubos—
Kundi iyong may tinig at marunong tumindig.

Sapagkat bawat batang natutong magtanong,
Ay isip na minsang tinuruang lumaya;
Bawat "Hindi ko kaya" na naging "Susubukan,"
Ay munting tagumpay na walang diploma.

Bukas, gigising siyang may bagong gawain,
May forms na naman at deadline na hahabulin;
Ngunit pagpasok niya: "Class, shall we begin?"
Sabay sigaw ng lahat: PRESENT, MA'AM! — PATI KAMI.

Dakilang Paglingap

Eva S. Balbada

Kapara namin ang mga mandirigmang walang balute o kalasag
na sumugod sa labang pagkapanalo'y di tiyak,
umasa lang kami na sa dadaluhang himagsikan mayroong darating
upang kami ay tulungan.

At sa kalagitnaan ng aming pakikidigma nag-abot kayo ng kamay
at pataas kaming hinila mula sa hikahos na paggapang ng isipang
nagdurusa,
tinulungan niyo kaming ipanalo ang laban kahit walang mga sandata.

Sa panahong lipos kami ng katanungan gaya ng kung kaya pa ba
na pangarap ay ilaban, ang inyong mga payo
at pagganyak ang nagpukaw sa aming kamalayan na sa ganitong
pakikibuno,
mainam ang magpatuloy lang.

Para sa lahat ng mga guro, taos-puso namin kayong pinasasalamatan
sa lahat ng ipinamalas niyong kabutihan;
hindi niyo lang kami binigyan ng rason para muling lumaban,
bagkus tinuruan niyo rin kaming sarili ay pagkatiwalaan.

Naging gabay kayo para sa masusing pagtuklas ng aming kakayahan,
kahit pa ang pagbunyag sa aming mga lakas at kahinaan;
sinanay niyo kaming yakapin maging ang aming kapintasan
habang nagpapaalala na natatangi kaming nilalang.

Salamat sa kakaibang karanasan, sa di matatawarang dalisay ng
pinagsamahan;
umasa kayong sa tagumpay na maaabot sa mga susunod pang bukas,
ang kwento nang kung paano niyo kami hinubog,
ang patotoo na aming ihahayag.

Salamat sa mga paalala at pangaral,
sa mga pagtutuwid at mga aral na aming babaunin sa mahaba pang
paglalakbay
tungo sa pagtupad ng mga mithiin namin sa buhay.

Marahil, hindi sapat ang tulang ito upang lubos na magpasalamat
ngunit makilala nawa nito ang dakila niyong paglingap;
sapagkat di lang kayo naging gabay sa tagumpay na aming malalasap,
bagkus sa kandili ninyo'y aming nahanap
ang halaga ng aming mga pangarap.

Sulo ng Salinlahi

Doreen Demalata-Ata-al

Sa bawat silid na aking naging tahanan,
May mga gurong nag-alay ng karunungan;
Sila ang sulo sa dilim ng kawalan,
Gabay sa pangarap na nais makamtan.

Ngayon ang panahon ng aking paglingon,
Dala ang pasasalamat sa nagdaang taon;
Ang inyong pangaral ang siyang naging baon,
Kaya sa pagsubok ay nakabangon.

Ngunit ang tadhana ay may ibang dula,
Ako'y tumayo rin sa harap ng madla;
Sa elementarya, doon nagsimula,
Naging guro sa batang may munting bintana.

Doon ko natutunan ang tunay na tiyaga,
Magturo ng letra sa musmos na mukha;
Ang inyong ginawa noong ako'y bata,
Aking naunawaan sa aking pagtanda.

Sumunod na yugto ay sa sekondarya,
Sa mga tinedyer na puno ng sigla;
Hindi lang aralin ang aking dinala,
Kundi ang paggabay sa bagong haraya.

Doon ko nadama ang bigat ng tungkulin,
Na hubugin sila sa tamang landasin;
Ang inyong pasensya sa nagdaang sining,
Ngayon ay akin na ring isinasabuhay nang taimtim.

At ngayon, sa kolehiyo ako'y nakatuntong,
Sa mga kabataang nagtatanong;
Sila'y hinuhubog sa lalong marunong,
Sa mas malalim na dagat sumusulong.

Mula mag-aaral hanggang maging titser,
Sa tatlong antas na aking pinagdaanan at isinital;
Salamat sa inyo na naging tagahatid-aral,
Ang inyong sulo ay aking itatanghal.

M.A.E.S.T.R.A.

Imelda G. Carada

Mula primarya hanggang doktoral, dumaan sa isang guro,
Mga basikong kasanayang basa at sulat, sinimulang ituro;
Maging sa mabigat na hamon ng riserts, handang umupo,
Mithi ng guro, makahubog ng may asal at dangal na tumayo.

Ang dami ninyong tinutupad na binhing propesyon,
Abogado, Bumbero, Arkitekto, at Inhenyero ng nasyon;
Aalalayan sa maliliit na hakbang tungo sa destinasyon,
Aambag sa lipunang tapat at walang bahid korapsyon.

Etika't dangal ang inyong patuloy na isinasabuhay,
Ehemplo ninyo'y sulo't tanglaw sa ruta ng tagumpay;
Espiritu ng lakas ng loob ang pamatnubay't gabay,
Edukasyon ang kumukumpleto sa piraso ng buhay.

Sa paaralan kayo ang dinarakila at tinitingala,
Sa loob ng silid-aralan kayo ang bida't nagpapaalala;
Sa pasilyo o koridor, kayo'y binabati kahit pa abala,
Sa publikong lugar, kayo'y ngingitian kahit di' na kilala.

Taglay ninyo ang kalidad ng matimpi at pasensyosa,
Tapat sa tungkulin, kung di' nakapagturo'y makokonsensya;
Tuwing may hamon, di' tatalikod bagkus ay dedepensa,
Tunay na bayani sa Kabataang Pilipino na umaasa.

Retirado ang magiging huling titulo sa dulo ng pangalan,
Rurok ng pagtuturo hahantong sa pahinga ng katandaan;
Ritmo ng propesyon namnamin mo ng dahan-dahan,
Regalo ng Diyos ang makapagturo sa sangkatauhan.

Aral ninyo'y mananatiling nakakabit at palaging taglay,
Aking lubos na pasasalamat, sa inyo'y bukambibig na alay;
Anumang tagumpay ng sinumang dumaan sa kamay ay bunga ng gabay,
Ang sinumpaan nating propesyon ay mananatiling buhay.

Nanay-Titser, Idol ko

Janby Mhel F. Rivera

Bukas pa ang nakapatong na ilaw sa may mesa ng aking ina,
Tanaw sa orasan nakatutok na alas dose na pala;
Maraming beses na ganitong larawan ang aking nakikita,
Sa tuwing may bitbit na bag, punung-puno ng papel na nasa mesa.

Habang pinagmamasdan kita sa iyong kinauupuan,
Larawan ng pagtitiis ang naging namulatan;
Pagmamahal sa iyong propesyon ang aking hinangaan,
Paghubog ng isipan ng iyong tinuturuan ay dinadakila.

Si nanay ang una kong guro, mula sa pagbigkas ng sampung numero,
Gayundin ang mga alpabeto na paulit-ulit na pinasaulo;
Kapag may aralin na hindi maintindihan, maging sa Filipino,
Agad niya akong hinaharap upang kaalaman ay matamang maituro.

Sa aking pagkaalam, may mga mag-aaral niya na naging pari na,
Sa loob ng pagamutan, may nars na nag-alalay sa king lola;
Sa pagpapatayo ng aming tahanan, may inhinyero na gumabay,
Sa loob ng paaralan may mga kapwa rin guro na dating kanyang sinubaybay.

Maaaring hindi ko lahat nakikita ang lahat ng kanyang hirap at pagdurusa,
Pero may mga dating estudyante, kapitbahay naikintal ang magandang imahe;
Sa tuwing nakakatanggap ng parangal buhat sa iba't ibang ahensiya,
Buong pamilya, kaanak ay natutuwa; buong pagmamalaki naming mga anak niya.

Nanay-titser, buong ipinagmamalaki kita,
Hindi lamang ako, mga kapatid ko ang nagpapahalaga sa iyo tuwina;
Maging dalawampu't limang taon na tinuruan sa pampublikong paaralan,
Dagdag pa nito ang apat na taon sa pampribadong eskuwelahan.
Lahat kami saludo sa iyo, idol, nanay-titser ng kalahatan!

Guro

Lorelie V. Espallardo

Guro, maestro, tagapanday, tagahubog,
Tagahubog ng mundo ng kinabukasan,
Kinabukasang haharapin ng mga musmos na isipan,
Isipang sa simula'y payak at kung minsan pa'y mangmang.
Kamangmangan na buong-pusong inaalayan,
Inaalayan ng paglilingkod na tapat at dalisay,
Dalisay ang binhi ng karunungang iyong pinagyayaman,
Pinagyayaman at pinayayabong sa buong katauhan.

Uusad ang mundo dahil paglilingkod mo'y wagas at totoo,
Totoong propesyon mo'y sa lahat ay katangi-tangi,
Katangi-tanging doktor, abogado, inhenyero, at iba pang larangan,
Larangang sa katulad mong guro, lahat ay dumaan,
Dumaan sa marangal mong pangaral at panuntunan,
Panuntunang dadalahin nila sa pagharap sa hamon ng buhay,
Buhay na matatag at responsable sa lipunan,
Lipunang naihanda mo ang mga mamamayan.

Respeto, papuri, at parangal, inihahandog sa iyo,
Iyong gintong aral ay tataglayin ko sa isip at puso,
Pusong haharap sa kinabukasan, matapang at taas-noo,
Taas-noong ipagmamalaki ka at isisigaw sa mundo.
Mundong sinapupunan ng bawat Pilipino, ikinararangal ka kahit kanino
Kaninuman, saanman, at kailanman, tunay kang namumukod-tangi,
Namumukod-tangi ang dugo't pawis mong iniaalay,
Iniaalay sa bansa mong iniingatan at minamahal,
Minamahal sa araw-araw mong pagharap sa mga musmos na isipan,
Isipang pinayayabong ng husay mo't galing na 'di mapapasubalian.

Okasyong ito'y inilalaan para sa iyo;
Iyong papel sa lipunan ay hindi matatawaran.
Tulad mo'y bituin sa kalangitan,
Kawili-wiling pagmasdan ningning mong tinataglay.
Ipinagbubunyi ka at inuusal sa Poong Maykapal:
Biyaya ng buhay at kapayapaan ng kalooban ang sa iyo'y ibigay.

Eskultor ng Kabataan

Aida Marohom-Manda

Pinanday mong taos ang katauhan ng bayan,
Pinunan mo man din kakulangan ng isipan;
Sinikap mong maging isang tunay na huwaran
Nilang kabataang pag-asa raw ng bayan.

Tinig mo ma'y mamaos, sa hininga'y kapos,
Hindi ka mapipigil sa layuning lubos;
Hindi alintana ang maghapong pagod,
Sa paghasik ng kaalaman ikaw'y nalulugod.

Sa halos tatlong dekada nang ikaw'y nagtuturo,
Hindi napingasan ang layunin ng puso;
Magpunla't maghasik ng kaalamang puro
Sa mga kabataang hiyas ng bayan mo.

May pagkakataong ikaw ay nangangamba
Sa mga mag-aaral mong nagiging pabaya;
Pinupunan mo ito ng purong pag-unawa
Kasabay ng mga payo mong tatanglaw sa kanila.

Sa kabila ng iyong pagod at maging pangamba,
Patuloy na nagniningas sa puso ang sigla;
Sa pagtuturo mong pumupuno sa pag-asa
Nilang mga kabataang sa iyo'y mahalaga.

Alarm Clock ni Titser

Venus B. Narboada

Klang, klang! Sa bawat pagbubukang-liwayway,
Maaninag ng mga mata ang sinag sa siwang;
Masakit ma't matingkad sa unang pagtingin,
Hudyat naman ito ng mapagpalang paggising.

Kling, kling! Bisig na kumakalong sa munting supling,
Gustohin mang manatili, nararapat lang na pigilin;
Kirot sa puso ay araw-araw nararamdaman,
Sa bawat oras, kapilas ng nito ay naiiwanan.

Tik-tak! Sa pagpasok sa mundo ng lumang-bago,
Tanaw ang pisara, laptop, at maraming dokumento;
Pareho ang mga mukha, emosyon ang pabago-bago,
Mga uhaw sa kaalaman, sadyang nakapanlulumo.

Pip-pip! Sa loob ng klasrum, paiba-iba ang estratehiya,
Bawat silid, bawat estudyante may mga baong di-masabi-sabi;
Guro kanina, di na maalintana kung ano na ang hitsura,
Basta't ang ngiti at pasensiya'y nararapat pagtibayin pa.

Uuu-ng! Oops, guro'y sadyang nararapat nang huminto,
Hindi upang mag-recess kundi sa de-aircon ay magtungo;
Hindi upang mag-relax kundi bitbit ang supot at enbelop,
Upang maipasa ang tambak-tambak na report.

Ting-ting! Uwian na ng mga estudyante, guro sa upuan ay baguhan pa,
Pangangalay ng mga paa at tuhod ay naaalintana;
Zzzzz-zt! Ay! Magdadapithapon na pala!
Iiwanan na muna ang lugar at sa tahana'y magbalik na!

Ilaw, Tanglaw, at Tala

Ailene A. Ramos

Naka-red lipstick, sling bag at sapatos,
Maganda, presentable, at ayos na ayos;
Ganito palagi ang postura niya,
Tuwing nakikita ko si Ma'am Nita!

'Sang araw nang ako'y lumiban, saka nalaman,
Si Ma'am ay lilisan, kami'y kanyang iiwan;
Nakadestino na raw sa ibang esk'welahan,
Sino ako upang siya'y magpaalam?

Sa edad na labintatlo, siya ang aking idolo,
Nakatingin mula sa kinauupuan ko;
Saksi ako paano siya nagtuturo,
Sayang, hindi na siya ang aking guro.

Saksi ako na kahit puno ng problema,
Saksi ako na kahit wala na siyang pera;
Saksi ako na kahit pagod na pagod na siya,
Tuloy sa pagtuturo binuhos pati ang puso.

Siya ang nagtasa sa landas na mapurol,
At nagbukas ng pagkakataong humabol;
Siya ang tumindig na may pag-asa pa
Sa tulad kong buhay ay patapon na!

Baka marapat ngang siya'y ipadestino
Sa paaralang kauri ng ugali ko;
Doo'y magiging ilaw, tanglaw, at tala—
Anghel na maghahasik ng pag-asa sa iba.

Ma'am Nita, ikaw ang bayani ko,
Umakay sa mapanglaw na mundo;
Ako'y estudyanteng damo at patapon,
Sa iyong pag-akay, ako'y natutong bumangon.

Kalinga ng Unang Guro

Geraldine C. Rebamonte

Sa aking buhay, ikaw ang unang guro,
Sa bawat hakbang, gabay mo'y laging turo;
Sa hirap at saya, kasama ka sa mundo,
Guro kong mahal, ikaw ang aking modelo.

Tulad ng ilaw sa madilim na daan,
Ikaw ang tanglaw sa bawat kaganapan;
Sa tuwing ako'y naliligaw sa daan,
Ikaw ang gabay sa aking patutunguhan.

Iyong mga salita'y kay gandang pakinggan,
Bawat payo mo'y aking pinahahalagahan;
Sa bawat aral, ako'y iyong tinuturuan,
Upang maging matatag sa buhay kailanman.

Kapag ako'y nadapa, ako'y iyong anaalayan,
Kapag ako'y nasaktan, ako'y iyong pinapatahan;
Sa bawat problema, ako'y iyong tinutulungan,
At sa bawat pagsubok, hindi mo iniiwan.

Mahal kong guro, ikaw ang aking ilaw,
Sa bawat pangarap, ikaw ang aking tanglaw;
Sa dilim ng buhay, ikaw ang aking tanaw,
Pagmamahal mo'y kay gandang pamatnubay sa tanaw.

Kung ang buhay ko'y isang aklat na mahalaga,
Ikaw ang may-akda ng bawat pahina;
Bawat aral mo'y mananatili sa aking diwa,
Guro kong ina, ikaw ang inspirasyon sa tuwina.

Tanglaw sa Bawat Pangarap

Lita A. Bacalla

Sa likod ng pisara, may gurong nakatayo,
May tanglaw sa dibdib, may apoy sa puso;
Bawat pagkakamali'y hagdang tuntungan,
Sa bawat pangarap, pag-asa'y sandigan.

Sa silid-aralan, pangarap ay kandila,
Munting ningas na nagbibigay-sigla;
Sa batang sugatan, ako'y naging gabay,
Sa pusong nanghihina, pag-asa'y alalay.

Maliit man ang sahod, malawak ang misyon,
Pag-ibig ang baon sa bawat leksiyon;
Hindi lamang dunong ang aking itinatanim,
Kundi pangarap na sa puso'y palalaguin.

Bawat mag-aaral ay pahinang may lihim,
Bawat salita'y pusong nagsasalita;
At bawat batang muling bumabangon,
May gurong tahimik na nagsasabing, *"Kaya mo 'yan."*

Kung ang buhay ay mahabang paglalakbay,
Ang guro ang bituing laging gumagabay;
At sa bawat pangarap na kanilang naaabot,
May pusong gurong muling sumisibol at ligayang sagot.

Sa loob ng silid-aralan, aking natutuhan,
Ang tunay na saysay ng aking katungkulan:
Hindi lamang turuang bumasa ng mga salita,
Kundi turuang basahin ang sariling kuwento't tadhana.

At habang may batang nakatingala sa bukas,
Patuloy akong magiging tanglaw sa kanilang landas;
Sa bawat unos, ako'y magiging payong ng pag-asa,
Sa bawat pangarap, magiging gabay hanggang makamit nila.

Ilaw sa Landas ng Pagbabago

Angelica T. Laman

Sa araw-araw na pagpasok sa paarala'y lagi silang handa
Hawak ay libro at tisa na panulat sa pisara
Sandata ay bibig at dila kasama na ang pasensiya
At madalas ay lakas ng loob upang hindi manghina.

Sa bawat gawain hindi alintana ang pagod
Kahit pa habulin ng mga dokumentong sugod nang sugod
Salamin ng pagmamahal sa propesyong kanilang sinumpaan
Kahit gabihin sa paaralan ay ayos lang.

Hindi natatapos sa paaralan ang kanilang trabaho
Sa tahanan, hindi pa rin sila makaupo
Aligaga sa pangangailangan ng kanilang pamilya
At mga gawaing hindi nila natapos at iniuwi pa.

Kung sahod ang pag-uusapan
Sasabihin nilang kinakaya pa naman
Sagarang pagbabadyet ang tinutuntungan
Walang layaw-layaw sa loob ng tahanan.

Pagpupugay sa mga pangalawang ama't ina ng mga mag-aaral
Na hindi nagsasawang magbigay ng kaalaman at pangaral
Kahit anong pagsubok ang dumating sa kanila
Hindi matitinag ang kanilang pusong dakila.

Habang ang mundo'y patuloy na nagbabago,
Guro ang gabay sa tamang landas nito
Tulad ng ilaw sa madilim na daan,
Nagbibigay-linaw at nagtutuwid ng kamalian.

Kung may bayani mang dapat hangaan,
Di laging may medalya o kasuotang makabayan.
Sapagkat ang tunay na pagbabago ng bansa,
Ay sa puso ng guro unang sumisibol at lumalaya.

Guro, apat na letra ngunit makahulugan
Dahil sa iba't ibang responsibilidad na ginagampanan
Ginagawa ang lahat upang mapabuti ang lipunan
Nang magkaroon ng payapa at maunlad na kinabukasan.

Huling Lapat ng Tisa

Charles Errel G. Reyes

Sa paglapat ng iyong puting tisa sa pisara
Mga pangarap ay kumislap sa diwa;
Animo'y talang nagningning na bigla
Nagbukas ng mga pinto ng pag-asa.

Tiyaga't dedikasyon sa paglilingkod
Ang bakas ng tisa mong kalugod-lugod;
Di kailanman nakitaan ng pagsuko't pagkapagod
Sigla't husay sa pagtuturo ang palaging handog.

At ngayon ay dumating na nga
Upang lisanin mo ang paaralang sinta;
Silya't libro'y lihim na mangungulila
Sa tagapagturong dati'y kasa-kasama.

Sa iyo kami lagi humuhugot ng inspirasyon
Kadakilaan mo sa puso'y nakabaon;
Ipakikilala ka sa darating na henerasyon
Pagkat tunay na bayani ka sa lahat ng panahon.

Pagpupugay sa iyo na naglingkod nang lubos
Pag-akay, paggabay at pagtuturong puspos;
Ang iyong puting tisang hindi nauupos
Sa tali ng kamangmangan ay siyang lalagot.

Pangungulila sa Nakaraan

Charles Errel G. Reyes

Ang akin ngayong inaalala.
Bakit may kirot na nadarama?
Sa tuwing sa puso't sa aking gunita,
Bumabalik kahapong nakalipas na.

Mga gawi noong aking kamusmusan,
Naglalaro sa malawak na damuhan.
Abutan man ng gabi at liwanag ng buwan
O mabilad sa araw ng katanghalian.

Sa klasrum naman ng aming paaralan,
Dala'y bulaklak para sa plorera ni Ma'am.
Sa pagbura ng pisara'y nag-uunahan,
Kalembang ng kampana'y hudyat na inaabangan.

Simpleng tanong sa aking isipan.
Bakit mas masaya ang kamusmusan?
Noo'y sabik lumaki munting katawan,
At matarok ang lawak ng kaalaman.

Puwede bang bumalik na lamang?
Mabigyan kahit isang minuto man lang.
Na aking masulyapa't mabalaan,
Ang sarili sa lugar ng alaalang nagdaan.

Sa paroroona'y wala nang naglalaro,
Sa damuhang dati'y kaniig, katagpo.
Sa gabi'y takot na ang bumabalot sa puso,
Sa araw ay laro ng buhay na walang hinto.

Ang klasrum ay hindi naman nagbago.
Pero saan na ang plorerang mabango?
Wala na ang pamburang pinapagpag sa puno,
Laptop at TV na ang gamit ng guro.

Panahon nga'y totoong mapaglaro,
Sumasabay sa ragasa ng mga pagbabago.
Ngiti sa labi'y lumilisan, nahahalinhan
Ng pangungulila sa masayang nakaraan.

Sa Pagitan ng Krus at Puso

Cherry Ann M. Fernando

Paano ko
siya iibigin nang malaya,
kung nakatali ako sa tanikala
ng pananampalataya?

Patawad
kung nilinlang Kita
dahil mahirap pagtaksilan
ang puso at damdamin.

Sabi Mo,
ang pagmamahal sa kapuwa
ay dakila Mong kautusan.
Ngunit nang
inibig ko siya,
bakit ito'y kasuklam-suklam
na kasalanan?

Mahal Kita,
pero paano
ang pag-ibig ko sa aking irog?

Kung sundin ko
ang tinitibok ng puso,
susumpain Mo ba ako
hanggang madurog?

Kung sasambahin Kita
hanggang sa huling hininga,
paano naman
ang aking sarili
na Ikaw rin ang lumikha?

Marahil,
hindi sagot
ang kailangan kong marinig
sa aking dasal,
kundi ang
tapang
na tanggapin ang sarili,
kahit ang
pag-ibig ko'y
hindi Mo itinuturing na banal.

Wala nang Pumapagpag ng Pambura

Elfemie Grace R. Sasis

Dati, sa paghagod ng tisa sa pisara,
Nagkakaroon ng panibagong simula;
Ang pisara'y tila nagkakaroon ng hininga,
Binubuhay ang mga larawang-diwa.

Ngayon, pagtuturo'y hindi na lamang sa salita
Naririnig, nadarama, at nakikita;
Mga aralin, dati'y sinusulat sa pisara
Sa makabagong gadget, mas buhay sa mata't gunita.

Mga larawang dati'y sa libro natutunghayan
Ngayo'y nang-aaliw sa parihabang tanghalan;
Mga awiting sa bibig ng guro napakikinggan
Ngayo'y himig na tila walang hangganan.

Dati, bibig ng guro ang pinagmumulan
Ng mga kuwentong puno ng aral at kahulugan;
Ngayon, sa pamamagitan ng mga bagong kagamitan
Higit na naging makulay ang mga talakayan.

Kahit hindi na tulad ng dati ang iyong entablado
Hinuhubog, binubuo pa rin ang aming pagkatao;
May saya pa rin at kislap ang iyong mga mata
Kahit wala nang pumapagpag ng pambura.

Gulong
Gilbert Jose

Pagulong-gulong ang gulong
Gulong-gulo ako
Paikot-ikot ang gulong
Hilong-talilong ako

Di ko mawari ang totoo
Gulong-gulo ang diwa ko
Tuliro ako sa kanilang gulo
Bilanggo ng marumi nilang laro

Nakaupo sila sa trono
Puno ng kasakiman ang puso
Balat-kayo ang pagkatao
Walang kaibhan sa hunyango

Tayo ay isinasakripisyo
Tinatanggalan ng pagkatao
Inilulublob sa kalbaryo
Ng mga pinunong walang puso

Bilog ang mundo
Binilog din ang ating ulo
Kanilang imperyo ay imp'yerno
Walang preno ang pagkademonyo

Kailan matatapos ang delubyo?
Kailan magwawakas ang gulo?
Bagsak ba ay imp'yerno?
Walang pag-asa sa paraiso?

Aray, mabibitak na ang aking ulo
Sa pinili nating maling mga pinuno
Nais tumakas ngunit saan tutungo
Kung said na rin pati ang aking dugo?

Gulong gumulong-gulong
Tumakbo nang tumakbo
Hindi na tayo natuto
Nauuto-uto, paulit-ulit ang siklo

Digmaan sa Kaibuturan
Rhea Jane S. Elmido

Ang sagot ng salamin kung ano ang nakikita nito:
Isang mukhang nag-aalinlangan, isang pusong nagsusumamo.
Masyado ba akong tahimik, masyadong walang katiyakan,
O masyadong tuliro sa mga takot na nagsasalimbayan?

Ipinakita ng salamin ang pag-ibig na nasa aking harapan.
Hindi lamang ang maskara, ang buong katotohanan.
Paano ko kaya malalampasan ang mga pagsubok
Kung sa kaibuturan ko'y naghahari ang takot?

Ibinigay ko ang lahat ng aking makakaya,
Mga paraang magpapatagal sa ating pagsasama.
Nilinlang ko ang aking sarili, pinaniwalang
Hindi mo naman siguro ako ganoon kadaling iwan.

Ang sakit na aking naidulot,
Marahil, nagbigay din sa iyo ng lubos na pagkalugmok.
Katulad mo, ako man ay nagdusa at nasaktan,
Ngunit nanatiling tapat sa ating sumpaan.

Mananatili ka pa rin ba kapag nakita mo na
Ang itinatago kong mga kahinaan at pangamba?
Ang pabago-bagong kong ugali at salita
Ang mga takot na lumulunod sa puso kong mahina?

Hindi kita masisisi kung ikaw ay lalayo at tatakas,
Marahil, nasasakal ka na, gusto mo nang umalpas.
Ngunit sa kabila ng lahat ng aking nasabi,
Ang hangad ko lamang ay manatili ka sa aking tabi.

Tunay ang aking pagmamahal, noon pa man,
Kahit noong bumitaw ka sa iyong salita at paninindigan.
Pangako, mananatili ako at patuloy na ipaglalaban
Ang ating masayang-malungkot na pagmamahalan.

Paumanhin sa pabago-bago kong mga hakbang,
Ito ay dahil sa digmaan sa aking kaibuturan.
Sa mundo at bukas ay walang katiyakan,
Tanging hangad ko ay mahalin mo rin ako nang lubusan.

Pagpupugay

Joanna Marie Magdato
Vanessa Masulit

Sila ang ilaw, daan, at laging kasama,
sa bawat pagsubok ay umaalalay sa tuwina.
Sa oras ng pangangailangan, sila ang unang hinahanap,
sa oras ng tagumpay, ngiti nila ang s'yang hanap.

Bukas ang kanilang palad sa aming kapakanan,
wagas ang pagmamahal, walang kapantay kailanman.
Sariling ginhawa'y madalas kinalilimutan,
kaya't pagpapala nawa'y ipagkaloob sa inyong tahanan.

Hindi man perpekto, sila'y nanatili sa 'ming piling,
nang kami ay iwanan na ng iba sa gitna ng dilim.
Ang pag-asang ibinigay ay naging lakas at sandigan,
Hangang mga pangarap ay tuluyan nang makamtan.

Ngayon ay tutuparin namin ang aming pangako—
ang makapagtapos na may pasasalamat sa bawat puso.
Mga pangarap ma'y pansamantalang mapako,
sa mga pangaral ninyo't gabay, hinding-hindi kami susuko.

Kayo'y malaking bahagi ng aming paglago't pagkatao,
bilang mag-aaral, anak, at mabuting tao.
Sabi nga ninyo, walang taong umuunlad nang mag-isa;
kaya't aming mga guro, maraming salamat at pagpupugay tuwina.

Tula ni Titser

Ferly H. Florentino
Rose Anne Tinong

Sa unang araw ng pagpasok sa esk'wela,
Mukha mo sa aki'y malalim na nakamarka.
Parang matigas na tinta ng nag-iisang pluma,
Sa balintataw ng isip ay hindi na mabura.

Boses mo ay hinding-hindi ko maikakaila,
Sa marikit na himig nito, ako'y napapahanga.
Tila lumilipad na ibong kaytamis umaawit,
Sa tuwing bumibigkas ng tulang kaakit-akit.

Sa bawat sandaling ikaw sa ami'y nagtuturo,
Ako'y kusang napapayuko nang may paggalang na totoo;
Sapagkat sa oras na ako'y iyong muli ngang matukso,
Nasisiguro kong ako'y tuluyan nang 'di makauupo.

Hindi man hayagang masabing ikaw ang paboritong guro,
Natitiyak ko namang ika'y napakahusay magturo.
Sa mga pagsusulit mong tila isinulat ding tula,
Kung anong aral ang itinuro, siyang sukat at tugma.

Para kang isang paksa sa malalim na saknong,
Sa bawat taludtod, tumpak na nasasagot ang tanong.
Ikaw ba ay sadyang gurong nagbibigay-gabay,
O isa ka ngang makatang sa sining ay tunay?

Kung sakaling hindi mo pa man naitatanong,
Ikaw ang nag-iisa kong naging dakilang inspirasyon.
Kaya naman ako ay nandito at nanatili hanggang ngayon—
Sa wikang Filipino, magpapayabong, magpapadayon.

Tinta ng Dedikasyon

Sherly O. Valenzuela
Jerome A. Ipson

Sa unang pag-apak sa pintuan ng kinabukasan,
Kaway, ngiti, at saya ang aming nasumpungan;
Sa unang pahina ng buhay-esk'welang sinimulan,
Isang guro'ng nag-alay ng dunong at kaalaman.

Sa bawat titik ng araling iyong itinuro,
Unti-unting nahubog ang pangarap na totoo;
Sa bawat salitang sa ami'y inihahandog,
Liwanag ng pag-asa sa dibdib dumudulog.

Sa kabila ng pagod at puyat sa bawat gabi,
Kami ang gunita mo't ngiting sumisilip sa labi;
Kahit ang panghihina ay hindi mo inalintana,
Patuloy kaming inakay ng wagas na tiyaga.

Hindi man kailanman masuklian ang sakripisyo,
Mananatili sa dibdib ang bawat aral mo;
Hindi ito matutumbasan ng ginto o salapi,
Kundi ng kabutihang nag-ugat sa aming sarili.

Maikli man ang panahong tayo ay nagkasama,
Magliliyab sa puso ang masasayang alaala;
Ang bawat sandali at aral na natanggap,
Ay kayamanang sa panahon ay hindi kukupas.

Lagi naming baon ang iyong mga habilin,
Na sa gitna ng pagsubok, huwag susuko sa mithiin;
Sapagkat ang tagumpay na iyong inaasam,
Mga pangarap nami'y lubusang makamtan.

At ngayon, ang tulang ito ay alay namin sa iyo,
Sa gurong tapat, mapagkalinga't pag-ibig ay buo;
Kung ang aming buhay ay aklat na bubuksan,
Ikaw ang tintang nagbigay-buhay sa bawat nilalaman.

Ikaw ang panulat sa pagbuo ng aming pangarap,
Ang gabay na nagturo kung paano hahakbang nang marapat;
Sapagkat sa aklat ng buhay, saan man makarating,
Ikaw ang gurong naging kulay ng kinabukasang aanihin.

Titser Kong Laon na may Loan

Guinevere L. Dosdos
Jovia P. Ubaldo

Sa harap ng pisara, naroon ang titser kong laon,
Salaming kupas ang saksi sa paglipas ng panahon;
Sa likod ng mga matang sanay nang bumangon,
May gabing ipinagpalit sa aral at baong panahon.

Suot ang blusang laos at lumang paldang plantsado,
Kahit ang isip ay gusot, ngiti sa klase nama'y sigurado;
Sapatos niya'y kupas, labi nama'y may pulang pinta,
Panakip sa lungkot na pasan sa bigat ng problema.

"Ma'am, bakit hanggang ngayon, wala ka pang asawa?"
Tanong ng batang walang muwang sa lungkot na dala n'ya;
Hindi nila batid ang sakripisyong 'di nakikita ng mata,
Na sa dami ng anak sa klase, sarili'y nakalimutan na.

Sapagkat may mga inang hindi kailanman nanganak,
Ngunit sa dami ng tinuruan, pagmamahal ay 'di nagkukulang;
Mga pangarap na pansarili, sa isang tabi'y inilagak,
Dahil ang sariling kapakanan ay laging nahuhuli sa lahat.

At oo, puno din ng loan ang titser kong laon,
Utang sa bangko, sa tindahang madalas takbuhan,
Utang sa bukas na 'di pa tiyak ang hantungan,
Pagkat sahod ay kapos sa arawang pangangailangan.

Ngunit ang pinakamabigat niyang loan sa gunita,
Ay mga pangarap na walang kontratang naitala;
Mga hangaring sa paglipas ng taon ay nananahimik,
Na tila ba sa sarili ay tuluyan niyang ipinagkait.

Isang sariling bahay na kaniyang masisilungan,
Isang hapunang payapa, walang iniintinding bayaran,
Isang kamay na sa pagod, magiging sariling sandigan,
Isang pusong magsasabing, "Ngayon, ikaw naman."

Titser kong laon, na may loan sa kaniyang pangalan,
Hindi ka lamang guro sa loob ng aming paaralan;
Isa kang taong may pangarap ding gustong makamtan,
Sana naman balang-araw, ikaw naman ang mapaglingkuran.

Sa Aming Munting Tala

Ma. Renee O. Moneva
Hynie B. Reginio

Sa bawat araw ikaw ang aming ilaw,
Sa gitna ng dilim, ikaw ang tanglaw;
Ang iyong aral ay baon naming tunay,
Tungo sa pangarap at magandang buhay,

Hindi ka sumusuko, hindi ka napapagod,
Kahit na minsan, landas ay malubak;
Ang iyong ngiti ay sapat nang pampawi,
Ang lungkot at dusa sa puso ay pumapawi .

Mga simpleng salita mong puno ng saysay,
Nagbubukas ng isipan, nagbibigay kulay;
Ikaw ang tulay sa pag-asang tunay,
Na hindi malilimutan habang buhay.

Salamat, Guro, sa iyong kabutihan,
Sa paggabay sa amin nang buong katapatan;
Ikaw ay yaman na hindi mapapantayan,
Sa puso namin lahat,mananatili kang huwaran.

Tanglaw Kayo ng Aming Kinabukasan

Eden Faith R. Solomon
Precious Kate C. Aniban

Mga dakilang guro sa loob ng paaralan,
Pangalawang magulang naming mga kabataan;
Pagsisikap ninyo'y 'di kailanman matutumbasan,
Ang mga pangaral ninyo'y hindi malilimutan.

Kayo ay laging may ngiting sa labi'y sumisilip,
Dinaraan sa lambing, bawat pusong nagkukunwari;
Laging nakatayo, ngalay man ang mga binti,
Walang katapusan ang inyong pagtitimpi.

Araw-araw suot ninyo ang tahimik na maskara,
Pinipigilan ang bawat luhang umaalma;
Kahit antok at pagod ang baong dinadala,
Hindi ninyo hinahayaang sa amin ay makita.

Sa mundong ito na hitik sa mga pangarap,
Sa bawat hakbang, kayo ang aming kayakap;
Nagsisilbing ilaw sa aming mga nangangarap,
Taos-pusong pagpupugay sa inyong pagsusumikap.

Hindi man namin masabi-sabi nang harapan,
Salamat dahil hinding-hindi ninyo kami iniwan;
Dahil sa inyong gintong pangaral, pangarap makamtan,
Kayo'y tatatak, sa puso't isipan, magpakailanman.

Posporo

Joralyn S. Sario
Joahna Paula R. Lacse

Isang maliit na kahoy, may pulburang taglay,
Sa bawat pagkuskos, nagbibigay ng buhay;
Ang guro ay posporong sa silid ay gabay,
Nagpapasiklab ng talino at malay na tunay.

Kahit napakaliit, may apoy siyang dala-dala,
Pinapawi ang dilim ng kamangmangang nakamarka;
Ibinubuwis ang sarili, nagsisimula nang maaga,
Upang magliwanag ang kinabukasan ng iba.

Sa dulo ng araw, katawa'y matutupok,
Tulad ng posporong nauubos din sa sulok;
Ngunit ang liwanag na kaniyang hinubog,
Sa puso ng kabataa'y hinding-hindi madudurog.

Sa aming munting posporo,
Kung saan kami natututo;
Sa ang aming minamahal na guro,
Na 'di nagsasawang sa ami'y magturo.

Katulad ng posporo, ang aming guro,
Gumagabay nang may pusong totoo;
Hindi lamang siya magandang ihemplo,
Kundi tanglaw at lakas ng kanyang tagatuto.

Hindi ka tumigil sa unang kiskis lamang,
Sinundan mo kami, hindi ka lumisan;
Mula ika-pito hanggang ika-sampung baitang,
Hawak ang aming kamay hanggang sa dulo ng daan.

Kaya kami ngayon ay nagpapasalamat nang lubusan,
Dahil sa inyong walang hanggang kadakilaan;
Maraming aral sa inyo ang aming nakamtan,
Kaya't bukambibig ay "Salamat magpakailanman."

Pangalawang Magulang

Alex Sanggumay
Marnellie Janelle Jacaba

Sa aming mahal na guro, handog ang pagpupugay,
Taos-pusong pasasalamat sa walang sawang paggabay;
Salamat sa mga aral na sa isip ay tumimo,
At sa malambing na inspirasyon sa bawat pangarap sa mundo.

Sa bawat umaga, kayo ay laging naririyan,
Handang umakay at kami ay gabayan;
Hindi lamang kaalaman ang inyong ibinabahagi,
Kundi mga aral sa buhay na baon namin palagi.

Kapag kami'y nagkamali, hindi ninyo iniiwan,
Sa halip, malumanay na itinuturo ang tamang daan;
Sa inyong mga payo at paalalang taglay,
Unti-unti kaming natutong magmahal sa buhay.

Minsan kami'y makulit at hindi agad nakikinig,
Ngunit kayo ay matiyagang nagtuturo sa amin;
Sa likod ng mahigpit na tinig na naririnig,
Ay pusong nagmamalasakit, wagas at dalisay ang pag-ibig.

Kayo ang malambing na tanglaw sa aming tinatahak,
Pag-asa sa pangarap na nais naming makamtan;
Kapag kami ay nanghina at muntik nang sumuko,
Kayo'y bumubulong, "Kaya mo, bumangon ka muli, bunso."

Hindi man magkadugo o tunay na magkamag-anak,
Sa aming mga puso, pagmamahal ninyo'y hindi kukupas;
Sa loob ng silid-aralan, kayo ang aming sandigan,
Kaya't pangalawang magulang, tawag sa 'yong pangalan.

Darating ang araw, kami ay magtatapos na rin,
At haharap sa bukas na kay tagal naming hiniling;
Ngunit saan man kami dalhin ng malawak na panahon,
Ang inyong mga aral ay mananatiling baon.

Dahil sa tiwala at pagmamahal ninyo sa amin,
Natuto kaming mangarap at sa sarili ay manalig;
Kung sakaling kami man ay magtagumpay sa buhay,
Bahagi kayo ng bawat bulaklak ng aming tagumpay.

Parola sa Alon ng Karimlan

Lorey Ann A. Barnizo
Ariann Emefil Kylla Dava

Sa malawak at maalon na dagat ng mga aralin,
Ikaw ang nagmistulang mahinahong parola sa akin;
Sa iyong payapang gabay at matatag na tindig,
Ang maalong laot ay biglang tumahimik.

Sa pagtuturo mong sumagwan nang may lambing,
Hindi kami natatakot sa gitna man ng dilim;
Dahil sa iyo, ang bawat sagwan sa karunungan
Ay naging ligtas na daungan at kanlungan.

Naging pawikang ligaw sa baybayin ng takot,
Ika'y nagsilbing bangkerong umalalay nang may lugod;
Kaya't mapayapang nakauwi sa iyong patnubay,
Dala ang dunong na sadyang pinakamagandang alay.

Hindi man naging madali ang binabagtas na laot,
Hampasin man ng hanging sadyang kay likot;
Nabigyan mo ito ng tamang timbang at ganda,
Kaya ang paglalayag ay naging payapa at masaya.

Isang napakalaking pribilehiyo ang makasama ka,
Sa pagsagwan sa awit ng mga alon at hanging kay ganda;
Asahan mong ang iyong mga aral ay dadalhin habambuhay,
Dahil mapa ka ng paglalayag ko tungo sa tagumpay.

Lampara't mga Gamugamo

Neiljay M. Estoya
Roxie Antoinette F. Queman

Kalat na ang dilim nang aking nasilayan
Isang kubong gawa sa kawaya't anahaw.
Nang aking sipatin at nang malapitan,
Paghanga ang sa puso'y nangibabaw.

Sa gitna ng apat na poste ng kubo,
Nakasindi ang nagsisilbing sulo;
Lamparang apoy sinliit ng buto,
Ngunit nakulong sa liwanag ang kubo.

Nang magdilim na ay aking narinig,
Mga gamugamong nagkumpulan sa silid.
Lamparang nagsilbing liwanag at iisang ilaw
Tinitingala at buong-galak na tinatanglaw.

Sa bawat pagnilay sa mahiwagang liwanag,
Ang puso ko'y napuno ng pag-asang yumayakap;
Sa gitna ng dilim, ang takot ay tuluyang nalagas,
Sa kubong may ilaw, pag-asa ang namalas.

Ngunit sa pagdikit sa mainit na ningas ng apoy,
Ang pakpak na marupok ay dahan-dahang natunaw;
Sa labis na akit, ang sarili ay naparam,
Isang paalala sa gitna ng dilim at kalungkutan.

Sa bawat patak ng langis sa munting sisidlan,
Ang lampara ay tapat na nagtatanod kailanman;
Tinitiis ang init sa gitna ng malalim na gabi,
Upang ang liwanag ng bukas ay hindi mapawi.

'Di nagmamataas, munting mitsang pinagmamasdan,
Bagaman siya ang haring sumakop sa kadiliman;
Tahimik na saksi sa mga pangarap at luha,
Ng kubong kanlungan ng pusong na nais magpahinga.

Sa silid na iyon, sila ay mapayapang nagkasundo—
Ang lamparang nag-aalab at gamugamong marupok;
Ang isa'y sumasayaw, isa naman ay nakapako,
Kuwento ng pag-ibig, tunay na nakalulungkot.

Layag ng Titser

Cristine Dimalaluan
Kris Marie Baylon

Sa bawat paghampas ng alon sa tahimik na daungan,
Bitbit ang lungkot ng nangungulilang pusong kaybigat.
Sa bawat pag-alis may pangamba't natutulala,
Tahana'y nililisan, para sa tungkuli't pangakong pag-asa.

Kahit masama ang panahon at maalon ang dagat,
Sasakay sa barko, baong tapang man ay salat;
Sapagkat sa paroroonan ay may mga batang naghihintay,
Na nag-aabang sa liwanag ng isang magandang tagumpay.

Ilang buwan na namang malayo sa yakap ng pamilya,
Ilang gabi ring luha ang kasama sa pag-iisa;
Tinitiis ang lamig at hirap ng matagal na kalayuan,
Dahil kinabukasan ng mga bata, kaniyang pinagsisikapan.

Sa bawat gabing puyat ang siyang nagiging kasama,
Mga aralin at papel ang tahimik na binabasa;
Binibigay ang lahat kahit ang katawan ay pagod na,
Dahil kinabukasan ng mga bata, nakasalalay sa kaniya.

Kahit nangungulila sa tahanan tuwing maghapon,
Sa tawag ng mga minamahal ay pinipilit bumabangon;
Itatago ang lumbay at pipiliting ngumiti nang tapat,
Bago humarap sa klase na may pusong nag-aalab.

Bawat pagbuhis ng buhay, sakripisyo't pait ng kalungkutan,
Kahit gaano man kalayo ang pagitan ng mga lalawigan,
Titser ay patuloy na magsisilbing gabay at daan,
Upang ang pag-asa'y magningning sa bawat kabataan.

Huling Aral, Walang Hanggang Alaala

Mary Grace But

Ang iyong paglalakbay patungo sa liwanag,
Nag-iwan ng lumbay sa pusong nagmamahal nang tapat;
Huling aral, walang hanggang alaala sa isipan,
Ikaw ang nag-iisang sandigan at pangalawang magulang.

Oh guro ko, ikaw ang gabay sa aking landas,
Kahit sa panaginip na lamang masisilayan ang iyong mukha;
At ang tinig mong kay lambing sa gunita'y nababakas,
Tila isang ibong umaawit na may pusong mapagkalinga.

Sinabi mo pang tandaan, mga paalala mo:
"Kakayanin mo, para sa pamilyang nagmamal sa 'yo!"
Ang mga salitang iyon ay tumatak sa aking isipan,
Naging dahilan ng muli kong pagbango't paglaban.

Ngayong tinatahak ko na ang landas ng pangarap,
Kahit sa mga suliranin, ikaw pa rin ang aking kayakap;
Sa bawat hagdan ng buhay, nais ko sanang ika'y magparamdam,
Nang ang pintuan ng iyong yakap ay aking masumpungan.

Yun pala ay sa alaala at gunita na lamang kita madarama,
Akala ko noong una ay isa lamang itong panaginip na sadya;
Ang gabi pala'y yakap ng dilim at malungkot na alaala,
Humihiling na sana, kahit sandali, guro ko'y muling makasama.

Hindi ko man lubusang maunawaan sa aking isipan,
Ang iyong biglang paglisan na kay sakit tanggapin kailanman;
Kay pait balikan ang mga kahapong may tawa at sigla,
Ngayon ay tila nilulunod ako sa mapait na alaala.

Sa labinlimang takip-silim ng tahimik na pangungulila,
Hindi ko man lamang nasabi ang huling salita;
Sapagkat huli na nang aking malamang ika'y pumanaw na,
Guro kong minamahal, "Maraming salamat!" sana'y madinig pa.

Gabay sa Paghubog ng Kinabukasan

Nicole M. Sastrillo
Gerylyn B. Ledesma

Sa iyong mga biro na may halong kaunting patama,
Mga salita mong pumapasok nang dahan-dahan sa diwa;
Kakaiba man ang iyong istilo sa pagtuturo sa amin,
Ikaw pa rin ang mahal naming guro, gabay namin sa dilim.

Sa bawat bigkas namin ng sagot, may kasunod na komento,
Minsan ay sarkastiko, minsan naman ay sadyang biro;
Napapatanong kami, "Ito ba talaga ang klase mo?"
Mahirap, masaya, nakalilito—hindi malilimutan mga eksena rito.

Istilo mo sa pagtuturo ay bihirang makita,
Kakaiba, ngunit kapansin-pansin ang bisa;
Pinapadali nito ang magulong sistema,
Mga aral na mahirap ay nagiging madali sa tuwina.

Ngunit sa likod ng tawa, kami minsan ay nangangamba,
Dahil sa likod ng biro ay may aral na sadyang dakila;
Sa bawat pagpasok sa silid mo na may kaba sa dibdib,
May baon kaming gintong aral na sa puso ay nakaukit.

Hindi man namin agad maunawaan ang iyong isipan,
Batid naming ang lahat ay para sa aming kinabukasan;
Hulaan man namin kung kailan ka sasaya o mapipilitan,
Ang pagmamahal mo sa amin ay kailanman walang katapusan.

Gurong humihikayat sa aming lumipad nang mataas,
Kahit kami ay husgahan ng mundong malupit at marahas;
Ang bawat pagkakamali ay binabago mo nang may lambing,
Upang ang pagdapa ay maging simula ng aming paggaling.

Kakaiba ka sa lahat ng nakasalamuha namin sa buhay,
At doon ka tunay na nagningning nang buong-husay;
Suplado man ang tingin ng iba sa iyong panlabas,
Sa aming mga estudyante, ikaw ang nag-iisa naming lakas.

At kung sakaling dumating ang araw ng aming paglisan,
Dadalhin namin ang iyong mga aral saanman magdaan;
Kakaiba ka man sa paningin ng iba, aming guro at gabay,
Mananatili kang pusod at liwanag ng aming tagumpay.

Hagdanan Patungo sa Pangarap

Ritchel Ann Arbado
Hannah Mariz Valde

Ikaw ang gurong nagsilbing matatag kong hagdanan,
Patungo sa mga pangarap na aking inaasam-asam;
Ang iyong magagandang payo ay hindi ko kalilimutan,
Baon sa puso habang tinatahak, magandang kinabukasan.

Sa dami ng mga gawain at problemang dumarating,
Hindi ka kailanman napagod na kami ay arugain;
Sa bawat landas ng buhay na aming binabagtas,
Ang iyong mga payo ang aming sandigang matatag.

Sa bawat laro at tagumpay na aming nakamtan,
Ikaw ang kasama namin na nakikipaglaban;
Ang iyong mga paalala ay mahigpit naming hinawakan,
Upang itaas ang bandera sa bawat naming laban.

Kayo ay itinuring naming parang tunay na kapatid,
Na ang pagmamahalan sa isa't isa ay walang patid;
Kasiyahan at dunong ang lagi mong inihahatid,
Kaya ang iyong mga aral ay sa puso namin nakaukit.

Bayani ang tawag ng marami sa iyong dakilang pangalan,
Dahil sa iyong angking kabaitan at malalim na karunungan;
Ikaw ang ina at gurong tunay nating maaasahan,
Kaya kami ay nagpupugay sa iyong kagandahang-asal.

'Di ka man kayang handugan ng mga bituin sa langit,
O ng mga kayamanang hinahangad ng mga makadaigdig;
Ang aming dalangin ay kayo ay palaging patnubayan,
At marami pang puso't isipan ang inyong matulungan.

Dakilang Panday ng Kinabukasan

Winne Rose P. Penario
Rochelle Bedona

Sa likod ng iyong paminsan-minsang seryosong titig,
At sa mga salitang may diing nakapanginginig;
Ang iyong mukhang nakakikilabot mang tingnan,
Ay maskara lang naman pala, ng pusong mapagmahal.

Ikaw ang nag-iisang ilaw sa madilim naming landas,
Ang bawat payo mo ay aral na hindi kumakupas;
Itinatanim sa aming isip upang gabay sa paglaki,
Na kailanman sa buhay, mabubura ay hinding-hindi.

Naniniwala kaming ang tunay na dunong at pagkatuto,
Ay hindi lamang nakasalalay sa mga pahina ng libro;
Kundi nagmumula sa isang gurong tulad ninyo,
Na humuhubog sa buong pagkatao ng bawat totoo.

Ikaw ay may malawak na dagat ng karunungan,
Na siyang nagpatingkad sa aming murang isipan;
Isa kang matatag na bantay ng aming kabataan,
Upang kami ay humakbang sa maliwanag na kinabukasan.

Ikaw ang matiyagang nagtayo ng aming pundasyon,
Nagpapakita ng tuwid at magandang direksyon;
Ang sakripisyo mo ay taos-puso naming kinikilala ngayon,
At ang iyong mga aral ang aming baon sa bagong panahon.

Bagong Bukas

Mark Louise A. Fernandez
Princess Anna Marie V. Aquino

Ang iyong mga aral ay ilaw sa gabing madilim,
Binhing tumutubo sa pusong may panalangin;
Pataba sa ugat ng aming inaasahang bukas,
Hanggang sa ang tagumpay ay tuluyang mamalas.

Ang tinig mo'y parang hanging amihang umiihip,
Gumigising sa mga diwang minsang nananahimik;
Bawat payo mo ay apoy na nagliliyab nang mabagsik,
Sa landas ng bukas, ikaw ang aming gabay at tinig.

Kapag ang buhay namin ay binabagyo't inuulan,
Payo mo'y aming matatag na pananggalang;
Sa bawat pagsubok loob namin ay lumalaban,
Dahil sa mga salitang nanunuot sa isipan.

Ang 'yong pagmamahal ay ilog na umaagos,
Nagiging dagat ng paglingap, hindi natatapos;
Sa bawat unos ng buhay, yakap mo'y kalasag,
Sa pusong naliligaw, ikaw ang nagsisilbing liwanag.

Ngayon ay tatahak na kami sa isang bagong landas,
Bitbit ang mga aral mong hinding-hindi magwawakas;
Sa bawat hakbang ng aming mga paa sa bukas na darating,
Ang iyong mga pangaral ang aming tangan at iibigin.

Binhi ng simula, Sablay ng Tagumpay

Mabelle G. Birundo
Kawai Aira A. Lorete

Ang bawat dakilang pangarap ay nagsisimula sa munti,
Pagiging dalubhasa sa pagtuturo ay tila malusog na binhi;
Iniingatan ang binhi sa simula ng mahinahong araw,
Upang ito ay lumaking malusog at paglago'y matatanaw.

Pahalagahan natin at buong-pusong alagaan,
Nang sa gayon sa kinabukasa'y mamunga ng kabutihan;
Ngunit bago makamit ang minimithing magandang pangarap,
Sa butas ng karayom ay kailangang dahan-dahang humarap.

Samo't saring emosyon ang sa atin ay yayakap,
Habang ang mga unos sa buhay ay patuloy na humahatak;
Ngunit dahil sa pagiging matatag at hindi nagpatinag,
Ang tagumpay sa dulo ay tuluyang nakasabay sa liwanag.

Nakamtan ang pangarap na kay tagal pinagpuyatan,
Naging isang huwaran at modelo sa buong paaralan;
Isang tulay at gabay sa maalong alon ng buhay,
Ang karunungang ibinigay ay naghatid ng wagas na tagumpay.

Sa bawat pusong may pangarap na sadyang dalisay,
Sa gitna ng mahirap at mahabang paglalayag sa buhay;
Kahit ang suot na paraiso ay minsan may bahid ng sablay,
Dahil sa lamparang gumagabay, ang tagumpay ay tiyak na ibibigay.

Sa Apat na Sulok ng Silid

Jonalyn M. Latorre

Sabi nila ang pagiging guro daw ay isang dakilang propesyon,
Dahil sa kanila ay matutupad ang lahat ng ambisyon;
Ang mga guro ang magbibigay ng iba't ibang hamon,
Upang kahit madapa ka sa buhay, matuto kang bumangon.

Unang tuntong sa eskwelahang pagtuturuan, dala'y ibayong yabang,
Dahil buong akala'y kayang-kaya baguhin, isipan ng kabataan;
Subalit sa paglipas ng mga araw, hindi mo lubos nabantayan,
Ang inakalang sapat na pagsisikap, sa kanila pala'y kulang.

Mapapagod kang maghanda ng aralin at magturo sa unahan,
Habang ang mga mag-aaral ay tila wala namang pakiramdam;
Mapapagod gumawa ng exams, may hinaing pang "Ang hirap naman!"
Aabusuhin ka rin nila, kung paulit-ulit man silang pagbigyan.

Marahil nga wala silang alam sa lalim ng pagkaguro mo,
Sa dulot na ibayong saya kapag nakikita mo silang natututo;
Sa kilig kapag may nagsabing "Ma'am/Sir, salamat po sa inyo!"
At sa pagmamalaki kapag sila'y nakapagtapos—aakyat na sa entablado.

Marahil 'di rin nila naiintindihan kung bakit minsa'y nagagalit,
Nagagalit sa maingay na silid at mga bagsak na pagsusulit;
Hindi nila alam na kaya ka nagdidilim ay dahil ayaw silang maipit,
Maipit sa mababang grado at tuluyang 'di maka-graduate.

Ngunit kung sila'y magtatapos na, ang lumbay mo 'di mawaglit,
Sapagka't ikaw na lamang ang maiiwan sa apat na sulok ng silid.
Sa mga sulok mababanaag ang apat na mukha ng iyong pagkaguro:
Sa isang sulok ay may gurong lungkot ang nakabalot sa kaniyang puso.

Sa isang sulok nama'y isang gurong sarili'y tuluyan nang nilimot,
Sa isang sulok pa ay isang gurong sa pagtuturo'y hindi napapagod;
At sa huling sulok ay gurong nagtitiis sa suweldong kakarampot,
Ngunit patuloy pa ring lumalaban at sa tungkulin ay nanagot.

Sa lahat ng mga gurong laging bukas ang dalawang kamay,
Kanilang pangalawang magulang— nagturo, gumabay, at umalalay;
Sa lahat ng mga gurong nagsilbi nang tapat, nagmahal nang dalisay,
Kayo ang dapat na ikararangal, mga dakilang bayaning tunay!

Gurò: Sulô

Cherry Tiu Budlong-Alih

Tinig na namamaos,
Mga salita'y tumatagos,
Sa mga munting taingang yumayapos,
Na animo'y batis na umaagos.

Sing bigat ng batya ang tangan,
Tila sila'y walang kapaguran,
Nakaukit na sa kanilang kapalaran,
Ang makalimbag ng kaalaman.

Maingat nilang sinusuri,
Ang mga sagot na sari-sari.
At binibigyang-papuri,
Ang mga mag-aaral na mapanuri.

Nagbibigay sila ng saya,
Sa bawat mag-aaral na malamya
Upang maibsan ang hiya,
At lahat ay maging kaaya-aya.

Madam Lucihida M. Docoy: Bayaning Guro

Dr. Gemma R. Escultor

Sa apat na sulok ng silid-aralan
may mga bayaning doo'y lumalaban;
maingat ang kilos, dunong ang puhunan
guro kung tawagin, tanggulan ng bayan!

Kung may sukatan man ang kabayanihan
paglilingkod nila'y di matatawaran;
sa araw at gabi'y walang kapagurang
hinuhulma nila ang kinabukasan.

Kung may isang ngalan akong babanggitin
na nasaksihan ko ang giting at galing—
ikaw ito, Madam Lucihida M. Docoy
ginto ang puso mo, dalisay ang apoy!

Kung may isang gurong nais ko na maging
ang maging tulad mo ang tangi kong hiling;
ang mga yapak mo ay gusto kong sundan
dakila kang guro, tunay na huwaran!

Sa nalalapit mo na pagreretiro
mapayapang bukas ang hangad sa iyo;
ang paghihiwalay, ikalulungkot ko
at ikahahapis ng buong kolehiyo.

Ang pagiging senior, sa ibang pananaw
ay maituturing na isang tagumpay;
sa dami ng iyong naangat na buhay,
maraming salamat sa handog mong tanglaw!

Sa piling ng bana na dati ring guro
at ng tatlong anak na handog sa inyo;
buhay na payapa, masaganang bukas
ang aking dalanging taimtim at wagas!

The Weight We Carry

Romelyn B. De Vera

She wakes before the alarm's cruel chime,
A mother's instinct measured out in time.
She braids the hair, she packs the daily bread,
While silent prayers unravel in her head.

He drives to work with coffee growing cold,
A father's story waiting to be told.
He is the son who calls to check in twice,
The brother bearing burdens without price.

We wear a thousand faces in a day,
Yet none can see the cracks beneath the clay.
There is a weight that no one sees,
The three a.m., the anxious pleas.

She is the nurse who tends to everyone,
Yet finds no rest when all her tasks are done.
He is the rock, the shelter, and the wall,
Who trembles at the thought he'll drop it all.

They give and give until their wells run dry,
Then give again—they cannot question why.
But here the truth we rarely dare to speak:
We're all just broken vessels, worn and weak.

The mother on the park bench softly cries—
Her strength, too, needs its own supplies.
The father sitting in his parked car, still,
Rehearsing words against his weary will.

But in the breaking, there is light—
A hand that reaches through the night.
And in that space of shared, unguarded truth,
They found the fountain of eternal youth.

So, here's to you, the weary and the worn,
Who rise before the breaking of the morn.
You are the weight. You are the wings.
You are the hope that every morning brings.

Bayaning De Hunghang

Gayle Ann Bahia-Abrigo

Sa ibabaw ng entablado, nakabarong at abot-tenga ang ngiti,
Kamay ay itinaas, pangako'y parang awit sa gabi;
Sumisigaw ng: "Atang sa balikat ang paglilingkod sa inyo'y pawi!"
Habang ang madla'y pumapalakpak, sa lihim na pait ay bulag at pikit.

Bantog siyang bayani sa hula ng bagong panahon,
Sa mga tulay at lansangan, pangalan niya'y nakaukit at nakatatak;
Maging sa sako ng bigas, mukha niya ang nakaimprenta,
Tulong na ipinamimigay na may resibo, presyo, at nakatagong kapalit.

Kay giting at kay bait sa harap ng lente at ilaw,
Laging handang magbigay-ayuda sa gitna ng tanglaw,
Sinasambit na anghel daw na bumaba mula sa kalangitan—
Ngunit may nakatagong sungay sa likod ng kinang at liwanag.

Subalit sa pagtahimik ng hiyawan at hudyat sa plasa,
Kapag patay na ang ilaw at naglaho na ang mga tao,
Ang kamay na dating kumakaway ay dahan-dahang gumagapang,
Hindi na patungo sa masa, kundi direkta sa kaban ng bayan!

Ang tulay na ipinagyabang ay gumuho sa unang patak ng ulan,
Ang bigas na ipinamahagi'y may amag at bahid ng kasakiman,
Ang batas na nilagdaan ay may butas para sa mga kaibigan,
At ang gutom ng mamamayan ay ginawa niyang sariling gatasan.

Isang lobong nagbalat-tupa—ganid, gutom, at tuso,
Naghahabi ng papuri mula sa ninakaw na ginto;
Ang barong na ibinida'y sa dugo at pawis ng tao hinabi,
May nakadikit na ngiti, ngunit kaluluwa'y tuyot at walang natira.

Kaya't bayan, gumising ka at sagutin ang katanungan:
Sino ang tunay na bayani sa gitna ng karamihan?
Hindi bayani ang may mukha sa tarpaulin at pader,
O ang busog habang ang masa'y kumakalam ang tiyan!

Sapagkat ang tunay na bayani'y tahimik na nag-aalay,
Walang kamera at tanghalang nag-aabang ng tagumpay;
Kaya huwag magpalinlang sa koronang makislap,
Huhubaran din ng pait ang bayaning nagpapanggap!

Sa Likod ng Pisara, Ikaw ang Alaala

Juliet C. Margate

Mahal kong asawa, ikaw ang aking kahapon,
Kasama sa pangarap, sa luha at panahon.
Labing-isang taon tayong nagmahalan,
Apat na taong kasal, puno ng pag-asa at laban.

Naalala mo ba ang mga dasal ko?
Karamdaman mo'y nawa'y tuluyang maglaho.
Sabi ko, gagawin ang lahat para sa iyo,
Basta't makasama ka, sapat na sa puso ko.

Dumating ang araw na kinatakutan ko,
Hulyo Kwatro, tuluyang lumayo ka sa mundo.
Hawak ko man ang alaala ng ating nakaraan,
Ngunit ikaw ay hindi ko na muling mahawakan ni masilayan.

Geno, patawad kung hindi kita nailigtas,
Kung ang aking mga dasal ay tila walang wakas.
Ngunit alam kong minahal kita nang buong-buo,
At wala akong pagsisising ikaw ang pinili ko.

Ngayon, sa bawat araw na ako ay bumabangon,
Bitbit ko ang aral ng ating kahapon.
Hindi man natupad ang lahat nating pangarap,
Mag-isa na lang tatahakin ang hinaharap.

Sa Panginoon ko ipinagkakatiwala ang lahat,
Ang mga tanong, pangungulila, at sugat.
Hindi ko man alam kung bakit ka Niya kinuha,
Naniniwala akong may dahilan Siya.

Paalam, mahal ko, hindi ito paglimot,
Kundi pagtanggap sa kapalarang hindi natin abot.
Salamat sa labing-isang taong ating pinagsaluhan,
Sa hirap at ginhawa tayo'y nagdadamayan.

At kung may isang bagay akong nais mong malaman,
Hindi nasayang ang ating mga pinagdaanan.
Dahil kahit kinuha ka na ng Maykapal sa piling ko,
Mananatili kang bahagi ng buhay ko, Mahal kong Geno.

Himig ng Guro

Ednalyn D. Cadapan

Sa silid-aralan, pangarap ay sumisibol,
Sa puso ng kabataa'y dunong ang dadaloy.
Guro ang tanglaw sa landas na marangal,
Tagatanim ng pag-asa't tagapaglilok ng dangal.

Luntiang kagubata't ilog na malinaw,
Ang handog ng Maykapal, kay gandang matatanaw.
Ngunit bakit ngayo'y luha ang siyang dumadaloy,
Sa mundong sugatang may tinig na tumataghoy?

Bilang isang guro, tinig ko'y iaalay,
Sa pusong musmos, pag-ibig ang gagabay;
Ibaon sa diwa ang aral ng buhay,
Tanglaw sa landas ng dangal at tagumpay.

Halina, kabataan, gisingin ang damdamin,
Sa pusong mapagmahal, pag-asa'y palaguin;
Ilog ay linisin, kagubata'y kalingain,
Ang luntiang daigdig, sama-samang bawiin.

Ang guro'y tanglaw sa dilim ng bukas,
Gabay ng kaisipang may tapang at lakas;
Sa bawat aral at gawaing tapat,
Pag-asa ng mundo ay muling sisikat.

Kung bawat mag-aaral ay matutong magmahal,
Sa punong luntian at ilog na marangal;
Sa pagkakaisa't pusong may layong tapat,
Paraisong nawala'y muling magniningning sa lahat!

Lipstik

Janet F. Rivera

Isang maaliwalas na umaga ng Oktubre ang bumungad nang tumingin ako sa salamin ng aking iskaparate. Bumungad sa aking repleksiyon ang mapuputing hibla ng buhok, mga kulubot sa noo na tanda ng pagtanda, at mapupusyaw na kulay ng aking mga labi.

"Ako na ba ito? Bakit hindi ko namalayan ang pagdaan ng panahon sa aking buhay?" ang mahinang tanong ko sa sarili.

Dinala ako ng aking isip sa nakaraan. Noon, kailangan kong pahiran ng lipstik ang aking mga labi upang maging presentable at mag-iwan ng magandang impresyon sa aking mga estudyante. Maliban sa malakas na pangangatawan at maayos na pananamit, kailangan ding presentable ang aking puhunan—ang aking bibig. Ilan na bang estudyante ang nakinabang sa boses na naghahatid ng kaalaman? Ilan na ang ginabayan sa akademiko at personal na usapin? Sa mga pagkakataong unti-unting nabubura ang lipstik, gaya din ito ng paglipas ng mga magagandang alaala.

Habang sariwa ang mga alaalang iyon, sunod-sunod na nagbalik ang mga mukha ng mga taong minsan ko nang nakasalamuha. Naalala ko noong unang misa ni Fr. Reneir, buong pagmamalaki kong hinagkan ang mga kamay ng dati kong mag-aaral. Naalala ko rin si Ronnie na inutusan kong maging mentor ng kaniyang kaklaseng si Reneir sa klase ko. Sumunod na pumasok sa isip ko si Leila, ang nars na tumawag sa aking pangalan sa ospital noong inalagaan ko ang nagkasakit kong biyenan. At si Jayson naman, ang dating estudyanteng magalang na nagtanong at nagpatulong tungkol sa titulo ng lupa sa Robinsons subdivision. Ang mga pagkikitang ito ay patunay ng mga makabuluhang ugnayang binuo sa loob at labas ng silid-aralan. Katulad ng iba't ibang kulay ng lipstik na minsan ay mapusyaw at minsan naman ay matingkad, tumatak pa rin ang mapanghamong serbisyong ibinigay ko sa unibersidad.

"Kulay pula na lipstik ang gagamitin ko," bulong ko habang muling tumingin sa salamin.

Minadali kong ipahid ang lipstik sa aking mga labi, handa nang pumasok sa paaralang aking tinuturuan. Ngunit kasabay ng pagdapo nito sa aking labi ay ang biglang pag-alala: isang taon na pala ang nakaraan mula nang tuluyan akong magpaalam sa unibersidad na humamon ng aking lakas at kabataan.

Umalis pa rin ako. Naisip ko ang payo ng mga retiradong guro na dapat ay lumabas upang magamit ang mga regalong lipstik ng mga kaibigan at kapamilya—isang hudyat ng muling paglaya sa matagal na pagkakahawla sa loob ng bahay.

Pahinang Hindi Isinasara

Grezel Caspe

Alas-kuwatro ng hapon nang matapos ang klase. Isa-isang nagsiuwian ang mga mag-aaral, dala ang mga kuwaderno at mga kuwentong hindi naman bahagi ng aralin. Sa loob ng silid, unti-unting humupa ang ingay. Isinara ng guro ang laptop, pinatay ang telebisyon, at inayos ang mga gamit na gagamitin na naman kinabukasan. Tapos na ang klase.

Ngunit may mga bagay na hindi sumusunod sa tunog ng kampana.

Sa bawat araw ng pagtuturo, may mga batang pumapasok sa silid-aralang may kaniya-kaniyang kuwento. May mabilis matuto at may nangangailangan ng mas mahabang panahon. May palaging nagtataas ng kamay at may tahimik na mas pinipiling makinig. May batang handang sumagot, at may batang kailangang maramdaman munang ligtas siyang magkamali.

Kaya ang pagtuturo ay hindi lamang tungkol sa mga paksang kailangang tapusin bago matapos ang oras.

Sa harap ng telebisyon at mga presentasyong inihanda sa laptop, nananatili ang isang bagay na hindi kayang palitan ng anumang teknolohiya: ang pagkilala sa batang nasa harapan. Nakikita ng guro ang pag-aalinlangan sa isang sagot, ang pagod sa isang mukha, at kung minsan, ang munting liwanag sa mga matang unti-unting naniniwala sa sariling kakayahan.

Marahil, dito nagiging higit sa isang propesyon ang pagtuturo.

Sapagkat hindi naman lahat ng itinuro ay mananatili sa isip bilang depinisyon, pormula, o petsa. May mga aral na unti-unting kumakapit sa pagkatao: ang tapang na sumubok muli, ang disiplinang magpatuloy kahit mahirap, ang paggalang sa kapwa, at ang paniniwalang ang pagkakamali ay hindi katapusan kundi isa pang pagkakataong matuto.

Lumilipas ang mga taon. Nagbabago ang mga silid-aralan, kagamitan, at paraan ng pagtuturo. Ang batang minsang nakaupo sa isang sulok ay maaaring maging isang propesyonal, magulang, o guro rin balang araw.

At maaaring hindi na niya maalala ang lahat ng araling tinalakay.

Ngunit baka maalala niya ang isang gurong nagsabing kaya niya.

Dahil ang tunay na pagtatapos ng isang aralin ay hindi laging nangyayari kapag natapos ang klase. Minsan, nangyayari ito makalipas ang maraming taon, kapag ang isang dating mag-aaral ay humarap sa buhay at ginamit ang mga aral na hindi niya namalayang dala-dala na pala niya.

Doon natin makikita ang gawa ng isang guro.

Hindi sa dami ng pahinang natapos, kundi sa mga buhay na patuloy na gumagalaw dahil minsan, may isang taong nagturo sa kanila kung paano magsimula muli.

Sapagkat may mga aral na natatapos sa loob ng silid-aralan.

At may mga aral na doon pa lamang nagsisimula.

Ang Alikabok na Naging Bituin

Alvin S. Salarzon

Grade 6 pa lamang ako nang lagutin ng matinding karamdaman ang hininga ng aking ama. Sa isang mabilis na kurap, pumanaw ang aking kamusmusan at biglang lumunod sa akin ang makapal na dilim sa loob ng aming munting tahanan sa Echague, Isabela. Sa harap ng kaniyang malamig na bangkay, pumatak ang aking mga luha—hindi lamang dahil sa dalamhati, kundi sa masakit na katotohanang mula sa araw na iyon, ako na ang papasan sa mabigat na krus ng buhay upang iligtas sa gutom ang aming pamilya.

Mula sekondarya hanggang kolehiyo, natutuhan kong suotin ang iba't ibang mukha ng pakikipaglaban, maitaguyod lamang ang aking pag-aaral. Naging katulong ako sa bahay ng iba, pumuputok ang balat bilang farm laborer sa ilalim ng nag-aapoy na init sa bukid, at nagkikiskis ng maruming damit bilang labandero, kapalit ng kakarampot na barya. Walong mahahabang taon akong nakipagbuno bilang working student—mga gabing ang bawat ihip ng hangin ay may lasa ng pawis, luha, at kawalan ng kasiguruhan. Ang pagkuha ng kursong Edukasyon ay hindi ko unang pangarap; isa lamang itong huling saklolo sa gitna ng matinding kawalan. Ngunit dito ko isinugal ang natitira kong lakas at dignidad.

Dumating ang araw ng aking pagtatapos at ang pagpasa sa board exam. Habang umaalingawngaw sa bulwagan ang pangalang Alvin S. Salarzon, nanginginig kong hinalikan ang aking mga palad—mga palad na dating sugatan sa gasgas ng karit at kuskos ng labada. Sa wakas, ang batang minsang naulila at nalugmok sa putik ng kahirapan ay pormal nang tumayo bilang kauna-unahang propesyonal na guro sa aming pamilya.

Bitbit ang mga sugat ng nakaraan, buong-puso akong pumasok sa silid-aralan—dalawang taon sa pribadong paaralan at higit siyam na taon sa pampublikong sektor. Sa bawat araw ng aking pagtuturo, hindi lamang simpleng aralin sa libro ang aking ibinibigay. Sa tuwing natatanaw ko ang isang estudyanteng nakatitig sa kawalan, nanginginig sa gutom o kaya ay bagsak ang balikat sa panggabing trabaho, lumalapitan ako. Binubulungan ko sila: Ang hirap ay hindi permanenteng hatol ng tadhana; isa lamang itong pansamantalang pagsubok.

Ngayon, hindi na lamang ako basta guro. Naging kanlungan na ako ng libo-libong pangarap na minsang nanganib na mamatay sa dilim. Ang mga kamay kong dating nakakuyom sa alikabok ng bukid at bula ng labada ay humahawak na ngayon ng tisa upang humubog ng bukas. At ang bawat alikabok ng tisang pumapatak sa aking mga daliri ay nagiging tanglaw sa silid-aralan—isang buhay na patunay na mula sa alikabok ng matinding hirap, kayang magluwal ng libo-libong bituin na magbibigay ng walang-hanggang liwanag sa mundo.

Cupcake

Benita Balla-Hugo

Napakaligalig ng buong kampus. Halos magkabuhol-buhol ang mga paa ng bawat isa sa pagmamadali; bawat segundo ay may katumbas na halaga para sa pag-apela ng mga dokumento sa JC3. Sa loob ng tanggapan, tila nag-uunahan ang oras habang lumiligid ang mga mata ko sa mga nakasalansang papel, sa nakabibinging kaluskos ng mga folder, at sa pabalang-balang na mga deadline. Ni hindi ko na namalayan ang pagtakbo ng oras.

Hanggang sa basagin ang katahimikan ng mabilis at pamilyar na mga hakbang sa hagdan. "Ma'am! Tikman n'yo po ang binake ko pong cupcake…"

Napalingon ako. Nakatayo sa pintuan si Ate Nhel, ang pamilyar at matulunging utility personnel ng kanilang gusali. Hingal na hingal ito, basa ng pawis ang noo, ngunit nakaguhit sa mukha ang isang napakalaki at sinserong ngiti. Sa magkabilang kamay nito, maingat na iniaabot ang isang simpleng cupcake na nakalagay sa maliit na papel, kasunod ang isang nakatuping piraso ng papel mula sa bulsa.

"Ano po iyan, Ate?" tanong ko, habang bahagyang naguguluhan sa gitna ng tambak kong gawain.

Inabot ni Ate Nhel ang papel. Nang buksan ko, sumalubong sa akin ang ilang linya ng mga simpleng titik: To Ma'am Bing, "Happy Teachers' Day!", from Ate Nhel, Utility.

Natigilan ako. May kung anong bumara sa aking lalamunan. Bahagya akong nagulat, ngunit kasabay nito ay ang biglang pag-apaw ng init sa aking dibdib na nagpawi sa pagod ng maghapon.

Habang tinitingnan ko si Ate Nhel, mabilis na nagbalik-tanaw ang aking isip. Hindi ko kailanman

naging estudyante si Ate Nhel sa loob ng silid-aralan. Walang leksiyong pormal na naituro sa kaniya ang mga aking chalk at whiteboard. Ang tanging ugnayan namin ay ang mga mabilis na sandaling pumapasok si Ate Nhel sa aming tanggapan—minsan para maglinis ng sahig, mag-ayos ng mga silya, o mag-iwan ng maikling kuwentuhan sa gitna ng mabigat na trabaho bago ito magpatuloy sa maghapong pagod.

Sa gitna ng mundong puno ng deadline, mataas na priyoridad, at mga titulong hinahabol ng lahat, isang taong madalas hindi napapansin ang siyang nagpaalala sa akin ng pinakamahalagang aral.

Na ang tunay na pagkilala ay hindi nakatali sa mga opisyal na puwesto o sa apat na sulok ng silid-aralan. Minsan, ang pinakamatamis na gantimpala sa isang guro ay nagmumula sa mga taong katuwang mo sa pag-usad ng araw—isang simpleng cupcake at tapat na pagbati na isinulat sa kapirasong papel.

Nang gabing iyon, habang hawak ang blangko pang mga dokumento sa ibabaw ng lamesa, napangiti ako sa sarili. Ate Nhel, bulong niya sa hangin, you made my day.

Pamasahe

Noraina M. Aguil

Pagod na ako nang sumakay ng bus. Buong araw akong nagturo—nagpaliwanag, nagwasto ng papel, at nagpayo sa mga batang mas abala sa paghahanap ng sagot kaysa sa pag-unawa sa tanong. Pagsapit ng hapon, pati boses ko ay tila gusto nang umuwi. Umupo ako sa tabi ng bintana habang mabilis na umaatras ang mga puno at bahay sa labas.

"Hi, Ma'am!"

Napalingon ako. Isang mukha mula sa nakaraan ang nakangiti sa akin. Hindi ko agad nakilala. Nagbago na ang gupit, mas malalim na ang boses, at wala na ang dating batang laging nasa hulihan ng klase. Ngunit nakilala ko ang mga mata.

"Ma'am, ako po si—" at nabanggit niya ang kaniyang pangalan.

Biglang bumalik sa akin ang isang silid-aralan: isang batang mahilig magtanong, mga papel na may burang marka, at isang pangarap na buong-tiwala niyang ibinulong sa akin noon. Nagkumustahan kami. Natupad na kaya ang kaniyang pangarap?

"Hindi pa po, Ma'am," sabi niya, "pero papunta na."

Ngumiti ako. May mga sagot talagang hindi kailangang lagyan ng marka.

Nang dumating ang kunduktor, kinuha ko ang aking pitaka upang magbayad. Ngunit bago ko pa maiaabot ang pera, may kamay na naunang humawak dito. "Ako na po, Ma'am."

"Hindi na."

Ngumiti siya. "Pang-advance na po. Happy World Teachers' Day po."

Sandaling natahimik ang mundo ko. Hindi naman malaking halaga ang pamasahe, ngunit habang umaandar ang bus, naisip ko ang lahat ng batang dumaan sa aking klase. Ganoon nga siguro ang pagiging guro. Tinuruan mo silang maglakad, hinayaan mong pumili ng sariling landas, at minsan, hindi na sila bumabalik. At ayos lang iyon. Dahil hindi naman iyon ang dahilan kung bakit ka nagturo.

Pagdating sa aking bababaan, tumayo ako. "Salamat," sabi ko.

"Salamat din po, Ma'am."

Bumaba ako sa bus. Bago ito tuluyang lumayo, napalingon at ngumiti ako. Hindi ko na maalala kung magkano ang pamasahe. Ang naalala ko ay may mga bagay palang itinatanim nang walang hinihintay na ani—at makalipas ang maraming taon, sa isang ordinaryong biyahe, may mag-aaral na magpapaalala sa iyo na may mga aral na talagang nakakarating sa kanilang paroroonan.

Ang Tugatog ng Tagumpay

Noel P. Ravelo

"Panginoon, paano ko po matutupad ang aking mga pangarap kung ang kahirapan ang isa sa pinakamalaking hadlang sa aking pag-aaral?" Iyan ang madalas kong itanong sa sarili noong nagsisimula pa lamang ako sa kolehiyo.

Ang aking ama ay magsasaka at traffic enforcer, samantalang ang aking ina ay magsasaka rin. Sa kabila ng kanilang pagsisikap, madalas ay hindi sapat ang kanilang kinikita upang matugunan ang aming pang-araw-araw na pangangailangan. Bawat baryang ginagastos ay mahalaga, at bawat araw ng aking pag-aaral ay katumbas ng sakripisyo ng aking mga magulang.

Kaya nang malaman kong maaari akong makatanggap ng Tertiary Education Subsidy (TES), kumapit ako sa pag-asang mabawasan ang aming pasaning pinansiyal. Nagsikap ako, nag-aral nang mabuti, at pinangarap na isa ako sa mga mapipili. Ngunit tatlong beses akong nag-apply, at tatlong beses ding nabigo.

Masakit, ngunit pinili kong magpatuloy. Dumating ang pandemya, at lalo pang naging mahirap ang aking paglalakbay. May mga gabing halos maubos ang aking lakas, mga pagkakataong pinanghinaan ako ng loob, at mga sandaling naisip kong sumuko na lamang.

Sa tuwing naiisip ko ang mga sakripisyo ng aking mga magulang, muli akong humuhugot ng lakas upang magpatuloy. Hindi ko hahayaang manaig ang pagod at pangamba, sapagkat kapos man sa buhay, hindi ko hahayaang masayang ang kanilang mga sakripisyo at ang pangarap naming lahat.

Hanggang sa dumating ang taong 2023. Nagtapos ako ng Batsilyer ng Sining sa Filipino bilang kauna-unahang Summa Cum Laude ng College of Arts and Sciences at nanguna sa mahigit isang libong magsisipagtapos.

Akala ko, iyon na ang tugatog ng aking tagumpay. Ngunit hindi ko inakalang may mas dakilang tungkuling naghihintay sa akin. Isang araw, natagpuan ko ang sarili kong nakatayo sa harap ng isang silid-aralan—hindi na bilang estudyanteng nangangarap, kundi bilang isang ganap na guro sa kolehiyo. Habang pinagmamasdan ko ang aking mga estudyante, nakita ko sa kanila ang dating ako: mga kabataang may malalaking pangarap ngunit patuloy na sinusubok ng buhay.

Doon ko napagtanto na ang tunay na tagumpay ay hindi lamang nasusukat sa mga parangal na natatanggap o sa mga pangarap na natutupad, kundi sa mga buhay na nagkakaroon ng pag-asa dahil sa ating kuwento.

Sapagkat ang batang minsang nangarap na mabago ang kapalaran ng kaniyang pamilya ay isa na ngayong gurong tumutulong sa mga kabataan na baguhin ang kanilang kinabukasan.

Dahil sa huli, ang pinakamataas na tugatog ng tagumpay ay hindi ang marating mo ang tuktok nang mag-isa, kundi ang maging dahilan upang maniwala ang iba na kaya rin nilang makarating doon.

Kasama sa Paglalakbay

Lita A. Bacalla

Ang pagiging guro ay hindi ko sinimulan bilang isang taong ganap nang handa. Nagsimula ako bilang isang batang guro na may baong prinsipyo mula sa pamantasan ngunit kulang pa sa karanasan sa loob ng silid-aralan. Sa aking unang pagtuturo sa Night High School, agad kong hinarap ang kakaibang hamon: ilan sa aking mga mag-aaral ay mas matanda pa sa akin. Sila ay mga taong nagtatrabaho sa umaga at nag-aaral sa gabi upang magkaroon ng pagkakataong mabago ang kanilang buhay.

Sa ganitong kalagayan nagsimula ang tunay kong pagkatuto bilang guro. Hindi lamang ako ang nagtuturo sa kanila; sa maraming pagkakataon, sila rin ang nagturo sa akin ng kahulugan ng pagtitiyaga, pangarap, at pakikipaglaban sa buhay. Bukod sa pagtuturo, naging koordineytor ako, tagapayo ng pahayagang pangkampus, tagapagsanay sa mga patimpalak at isports, at tagapangasiwa ng iba't ibang programa. Sa bawat tungkulin, natutuhan kong ang pagiging guro ay higit pa sa pagtuturo ng aralin.

Higit sa mga responsibilidad, naging mahalaga sa akin ang pag-unawa sa kalagayan ng mga mag-aaral. May ilan na madalas lumiban dahil sa mabibigat na suliranin sa buhay. Sa halip na husgahan sila, sinikap kong alamin ang kanilang pinagdaraanan. Nagsagawa ako ng home visitation at naging bahagi ng kanilang mga pagsubok. Dito ko higit na naunawaan ang kahulugan ng locus parentis, ang pagkilala sa guro bilang isang taong maaaring gumanap ng papel ng magulang sa panahong kailangan ng mag-aaral ang gabay at pagkalinga.

Sa paglipas ng panahon, naging malinaw sa akin na ang pagtuturo ay hindi lamang isang propesyon kundi isang misyon. Ang guro ay hindi lamang tagahubog ng kaalaman kundi tagahubog din ng buhay. May mga pagkakataong hindi sapat ang aklat, pisara, pagsusulit, o grado. May mga panahong higit na kailangan ng mag-aaral ang gurong marunong makinig, umunawa, at muling magbigay ng pag-asa.

Dahil dito, nagbago rin ang aking pagtingin sa pagtuturo ng Filipino at panitikan. Napagtanto kong ang panitikan ay hindi lamang nabubuhay sa mga pahina ng aklat. Nabubuhay ito sa karanasan ng tao. Ang bawat mag-aaral ay may sariling kuwento, sugat, pangarap, at tagumpay. Kaya sa pagtuturo ng panitikan, hindi lamang mga akda ang aking binabasa; binabasa ko rin ang kanilang mga buhay. Nang dumating ang araw ng kanilang pagtatapos at makita ko silang isa-isang tumanggap ng diploma, naramdaman ko ring tagumpay ko ito.

Sa huli, ang sukatan ay hindi lamang kung gaano karami ang naituro, kundi kung gaano karaming buhay ang nahawakan. Natuklasan ko ang kahulugan ng pagiging guro: ang maging kasama sa paglalakbay ng mag-aaral mula sa kawalan ng pag-asa tungo sa pangarap.

Factory Reset

Reynard G. Pangdiw

"Factory Reset." Isang pariralang sumikat sa internet noong panahong maraming kuwento ng mga taong nagbabago para sa kanilang mga mahal sa buhay. Mga taong handang baguhin ang sarili at magsimulang muli para sa taong naging mahalaga sa kanila. Pero paano kung ang taong minahal mo ay isang taong hindi mo dapat mahalin?

Isa akong guro. At bilang guro, alam ko ang mga hangganang hindi dapat tawirin. Sabi nga, mali ang magmahal sa iyong estudyante. Pero paano kung ang estudyante ang unang nagmahal?

Apat na taon na ang nakararaan nang magsimula ko siyang turuan. Noong una, normal lang ang lahat—mga talakayan, tawanan, biruan, at masasayang bagyohang-utak. Hanggang sa nagsimula ang simpleng kantyaw, palihim na pagkuha ng larawan, mga tingin, at mga senyas na pilit kong itinuturing na biro. Dalawang taon siyang walang pag-amin. Ako rin, tahimik lang. Pinili kong huwag bigyan ng kahulugan ang mga iyon.

Pero sa tagal ng pangungulit niya, nahuli rin ako. Nahulog ako.

Alam kong walang patutunguhan. Alam kong hindi dapat. At bilang kabilang sa tinatawag na "ikatlong lahi," alam kong mas magiging komplikado ang lahat. Pero higit sa lahat, guro ako. Kaya wala akong ginawa.

Hindi ko sinabi ang nararamdaman ko. Hindi ko ipinakita. Hindi ko hinayaang maramdaman niyang may nararamdaman din ako. Naghintay ako. Sinabi ko sa sarili ko na kapag natapos na niya ang kurso, saka ako aamin. Kapag wala na ang ugnayang guro at estudyante, baka saka ko na kayang maging tapat. At sa apat na taong iyon, may isang pag-asang hindi ko rin maikubli: baka ako pa rin sa dulo.

Kaya nang dumating ang panahong naramdaman kong kaya ko na, nagkaroon ako ng lakas ng loob. Handa na akong harapin ang damdaming matagal kong itinago. Pero bago pa man ako makapagsimula, saka ko nalaman—may iba na palang lumalaban. May ibang taong naging seryoso. Habang ako ay naghihintay sa tamang panahon, may ibang taong hindi na naghintay.

Masakit pala. Hindi dahil hindi ako lumaban, kundi dahil noong handa na akong lumaban, may nauna na pala.

Siguro, iyon na ang sarili kong factory reset. Hindi para burahin siya. Hindi para kalimutan ang apat na taon. Kundi para tanggapin na baka hindi talaga ako ang makakasama niya sa dulo. At baka totoo nga ang kasabihan na kapag ikaw ay isang guro, malaki ang tiyansang tatanda kang mag-isa.

Dahil habang tinuturuan mo ang iba kung paano harapin ang kanilang mga pangarap, minsan, sa sarili mong buhay, kailangan mong matutong tanggapin na may mga taong minamahal mo na hindi naman talaga nakalaan para sa iyo.

At sa lahat ng itinuro ko sa iba, marahil ito ang pinakamahirap kong matutuhan: hindi lahat ng hinihintay ay naghihintay din.

Sa Dulo ng Bahaghari: Ang Paglalakbay ni Anastacia Bilang Guro sa Filipino

Anesa Panday – Mangindra

Sa kaniyang kabataan, tila isang munting binhing itinapon si Anastacia sa malawak na kabukiran – walang nakakikita sa kaniyang potensyal, ngunit taglay sa kaniyang puso ang binhi ng dakilang pag-asa. Nang piliin niyang kunin ang Kursong Edukasyon, medyor sa Filipino, umalingawngaw ang puna ng mga dating kaklase, kaibigan, at kakilala. “Bakit Filipino lang?” tanong ng isang kaibigan. “Sayang ang talino mo; dapat ay kumuha ka ng kursong mahirap at mataas ang tingin ng lipunan.” Hindi tumugon si Anastacia. Sa halip, ginawa niyang pataba ang mga salitang tumutusok sa kaniyang puso. Sa huli, nagtapos siyang Magna Cum Laude – patunay na ang binhing minamaliit ay maaaring maging punong nagbibigay ng lilim at bunga.

Para sa iba, ang pagiging guro ng Filipino ay isang makipot na daang hindi umaabot sa malawak na karagatan. Ngunit para kay Anastacia, ang wika at panitikang Filipino ay hindi lamang asignatura; ito ang tinig ng kaniyang kaluluwa at tanglaw ng kaniyang pagkatao. “Mabigat ang aking pluma,” sabi niya sa sarili, “sapagkat dala nito ang mga tinig na dapat marinig ng bayan.” Hindi niya hinayaang mamatay ang apoy ng pangmamaliit. Ginawa niya itong baga na nagpaalab sa kaniyang determinasyon. Sa bawat pahina, taludtod, at kuwentong kaniyang isinulat, ang batong ibinato ng panghuhusga ay unti-unting naging marmol – matibay, marangal, at marikit.

Isang araw, inimbitahan si Anastacia sa isang pambansang seminar. Sinundan ito ng iba pang paanyaya, na para sa kaniya’y mga hagdang umaakyat patungo sa daigdig ng mga manunulat at lider ng bansa. Nakilala niya ang mga batikang awtor na dati’y sa mga pahina lamang ng aklat nakikita. “Ang salita,” wika ng isang matandang manunulat, “ay hindi nasusukat sa taas ng posisyon, kundi sa lalim ng epekto nito sa

tao.” Mula noon, nagbago ang agos ng kaniyang buhay. Ang mga dating nanlait ay naiwan sa pampang, habang si Anastacia ay naglayag sa bangkang hinubog ng paniniwala.

Dumagsa ang mga parangal na tila mga bituin sa madilim na kalangitan ng kaniyang nakaraan. Nakilala siya sa pagsusulat ng mga akdang pang-akademiko, pampanitikan, at pampananaliksik. Ang kaniyang mga pananaliksik ay naging mga susi sa pagbubukas ng mga pinto tungo sa pambansa at pandaigdigang kumperensiya.

Sa kalaunan, ang babaeng minsang tinawag na “sayang” ay naging dekana ng kolehiyo. Ang kaniyang pamumuno ay ilog na dumidilig sa tuyong lupa – nagbibigay-buhay, pag-asa, at direksiyon. Nang tanggapin niya ang parangal bilang Pinakamahusay na Dekana ng Taon, sinabi niya, “Ang tagumpay ay hindi ang taas ng posisyon, kundi ang lalim ng epekto natin sa buhay ng iba.” At doon nagsimula ang kaniyang tunay na kuwento: ang kuwento ng isang babaeng ginawang hagdan ang bawat hadlang tungo sa dakilang layunin.

Ang Alaala ng Aking Guro

Marjorey C. Cabigas

Hindi ko inaasahang ganoon kabilis ang buhay ni Ma'am Ging. Akala ko, masaya siya sa piling ng kaniyang pamilya at mabuti ang kaniyang kalagayan. Kaya labis akong nagulat nang malaman kong may kanser pala siya, isang karamdaman na matagal na niyang itinago. Sa kabila ng kaniyang mga kahinaan, isa siya sa mga taong may malaking bahagi ng aking pag-unlad at tagumpay sa buhay.

Naging guro ko siya noong kolehiyo at nag-master's ako sa La Salle University, Ozamiz City. Mahusay siyang magturo. Madalas niyang ikuwento sa klase ang kaniyang pamilya, mga pagsubok nila sa buhay, at ang malaking responsibilidad na nakaatang sa kaniya dahil siya lamang ang nakapagtapos sa kolehiyo sa kanilang magkakapatid.

Makalipas ang ilang taon, muli kaming nagkita, ngunit sa pagkakataong iyon ay magkatrabaho na kami sa Dumingag. Masaya ako dahil ang gurong humubog sa akin ay muli kong makakasama. Hindi ko lang alam na ang pagkikitang iyon ay magiging isa sa pinakamahalagang bahagi ng aking alaala.

Hindi nagtagal, nagsimula ang kaniyang matinding karamdaman. Lumitaw ito bilang pananakit ng tainga at ubo na hindi nawawala. Sa kabila ng aming pag-aalala at pag-aalok ng tulong, pinili niyang manatili muna sa Cagayan de Oro dahil wala siyang sapat na pera para sa pagpapagamot. Habang lumalala ang kaniyang kalagayan, tinulungan ko siyang asikasuhin ang kaniyang mga klase, marka, at iba pang responsibilidad sa trabaho.

Kalaunan, nalaman naming kumalat na sa kaniyang utak ang kanser. Sa kabila nito, nanatili siyang matatag sa kaniyang pananampalataya at patuloy na lumaban. Kami naman ay nag-ambagan para sa kaniyang mga gamot, pagpapagamot, at iba pang pangangailangan. Nang maubos ang aming mga paraan, humingi na kami ng tulong sa pamamagitan ng social media. Hindi namin akalaing ganoon karami ang tutugon upang matulungan siya.

Dumating ang araw na kinuha na siya. Unang araw ng pasok, kailangan kong harapin ang mga responsibilidad na iniwan niya. Labis akong umiyak, ngunit ipinagdasal ko ang lahat at ipinagpatuloy ang mga gawaing ipinagkatiwala sa akin. Sa kaniyang libing, hiniling ko sa kaniyang gabayan ako upang mapangalagaan ko ang kaniyang legasiya.

Hanggang ngayon, naaalala ko siya sa tuwing ginagamit ko sa klase ang kaniyang paboritong akda at itinuturo sa aking mga estudyante ang kahalagahan ng pagbabasa. Sa ganitong paraan, nananatili siyang buhay sa aking mga aralin at mga estudyanteng aking hinuhubog. Ang isang guro ay maaaring mawala, ngunit ang kaniyang mga aral, halimbawa, at kabutihan ay maaaring manatili sa buhay ng kaniyang mga mag-aaral.

Hindi ko siya malilimutan dahil siya ay nag-iwan ng bahagi ng kaniyang sarili sa akin na dadalhin ko habang ako ay nagtuturo pa.

Pulang Tinta

Doreen Demalata-Ata-al

Nanginginig ang aking kamay habang hawak ang pulang bolpen. Sa harap ko ay ang nagtataasang bunton ng mga tesis ng aking mga estudyante sa kolehiyo—mga magiging guro sa hinaharap na handang magmana ng aking tisa at pisara. Sa bawat komentong isinusulat ko sa gilid ng kanilang papel, hindi ko mapigilang mapangiti. May pamilyar na init na dumadaloy sa aking mga ugat. Pakiramdam ito na nabaon na sa aking sistema noong ako pa ang nakayuko sa kabilang dulo ng silid, kabado sa bawat marka ng aking pinakamamahal na maestro.

Isang makapal na manuskrito ang kumuha ng aking pansin. Sa ibaba ng mahabang pamagat, may bahagyang mantsa ng natuyong luha at talsik ng kape. Kilala ko ang may-ari nito. Siya ang estudyanteng palaging huling umuuwi gabi-gabi, ang tinedyer na minsan kong inakay mula sa matitinding kabiguan, at ang batang dati'y musmos na nadarapa sa aking klase noong elementarya.

Sa paglipas ng mahigit dalawampung taon ko sa harap ng silid-aralan, nagbago ang mga mukhang aking hinahawakan, ngunit hindi kailanman ang kanilang mga pasanin at pangarap. Bigla kong naalala ang sarili kong mga gabi ng matinding pagod. Naalala ko kung paano ako ginabayan ng aking mga guro noong ako'y bata pa, at kung paanong ang kanilang walang katapusang pasensya ang nagsilbing sandata ko sa mapanghamong yugto ng buhay.

Ang sining ng pagtuturo ay hindi pala natatapos sa pagbura ng pisara o sa pagbibigay ng matataas na grado. Ito ay isang tahimik na pag-aalay ng sariling lakas upang maging tanglaw sa dilim.

Ibinaba ko ang bolpen at tumingin sa labas ng bintana. Sumasayaw ang mga anino ng puno sa ilalim ng buwan, mistulang mga kamay na nag-aabot ng maapoy na sulo. Ang karunungang ibinahagi sa akin noon ay buhay na buhay pa rin ngayon sa aking dibdib. Ang pasasalamat ay walang sapat na kataga sa malawak na mundong ito; ang tanging paraan upang ito ay masuklian ay ang patuloy na ipasa ang sulo—ang patuloy na magsilbing liwanag sa susunod na salinlahi gamit ang pulang tinta.

Ang Pagtatagpi ng mga Alon sa Dalampasigan ng Alaala

Bb. Marian Joy Vidal

May kakaibang musika ang bawat paghampas ng alon sa dalampasigan ng aming bayan. Sa tuwing dumarating ang hapon at nag-aagaw ang kulay ng langit sa pagitan ng kahel at lila, madalas akong maupo sa buhanginan bitbit ang mga piraso ng alaala na unti-unting tinatangay ng modernisasyon. Dito sa bayang naging saksi sa aking unang hakbang, tila bawat butil ng buhangin ay may kuwentong ibinubulong hinggil sa kahapon.

Noong bata pa ako, payak ang kahulugan ng pag-unlad. Ito ay ang masaganang huli ng mga mangingisda sa madaling-araw, ang ingay ng palengke na puno ng tawanan at kuwentuhan, at ang amoy ng bagong hurnong tinapay sa kanto. Walang malalaking gusali, walang nagtataasang mga pader na humaharang sa simoy ng dagat. Ang bawat kapitbahay ay hindi lamang kakilala kundi bahagi ng isang malaking pamilya. Kung may handaan sa dulo ng kalye, ang buong komunidad ay may nakahandang pinggan.

Subalit sa paglipas ng mga taon, kasabay ng aking paglaki, napansin ko ang unti-unting pagbabago ng mukha ng aking kinalakihan. Ang dating malawak na palayan na dinadaanan ko patungong paaralan ay sementado na ngayon at tinatayuan ng mga modernong establisyimento.

Ang mga mangingisda, na dati'y maagang pumapalaot nang may ngiti, ay madalas nang nakatitig sa kawalan dahil sa liit ng kita kumpara sa taas ng presyo ng mga bilihin.

Madalas nating isipin na ang pag-unlad ay laging nangangahulugan ng pag-abante. Ngunit sa likod ng mga makikinang na ilaw ng siyudad at ng mabilis na takbo ng teknolohiya, may mga bagay tayong naiiwan. Nasaan na ang mga kuwentong-bayan na isinasalin sa pamamagitan ng pag-uusap sa ilalim ng liwanag ng buwan? Paano na ang mga tradisyong unti-unti nang nilalamon ng kawalan ng interes ng bagong henerasyon?

Ang sanaysay na ito ay hindi isang pagprotesta laban sa pagbabago kundi isang paalala. Ang pag-unlad ay walang saysay kung ang presyo nito ay ang pagkalimot sa ating pinagmulan. Ang semento ay maaaring magpatatag ng mga estruktura, ngunit ang kultura, ang wika, at ang ating mga kuwento ang tunay na nagpapatatag sa ating pagkakakilanlan bilang mga Pilipino.

Habang pinapanood ko ang huling sinag ng araw na naglalaho sa abot-tanaw, napagtanto ko na ang pagbabalik-tanaw ay hindi pag-atras. Ito ay ang pagkuha ng lakas mula sa nakaraan upang gabayan ang ating paghakbang patungo sa hinaharap. Tulad ng mga alon na paulit-ulit na bumabalik sa dalampasigan, tayo rin ay laging tinatawag na bumalik sa ating ugat—upang tandaan kung sino tayo, saan tayo nanggaling, at kung ano ang mahahalagang bagay na dapat nating ipaglaban at panatilihin.

Okay Lang

Lyka Mae Joy Castro Parallag

Heto ang dalawang salitang madalas marinig kapag may nagtatanong ng kalagayan ng isang tao: “Kumusta ka?” At madalas, ang tugon ay “Okay lang.” Ngunit paano kung sa likod ng mga salitang ito ay may pagod na pilit palang itinatago, mga problemang inililihim, at luhang pinipigilan?

Madilim pa ang langit, tahimik pa ang paligid sapagkat ang karamihan ay mahimbing pa ang tulog. Ngunit may ilang taong nauna nang bumangon upang makipagsapalaran, bitbit ang bag, mga gamit, at higit sa lahat, ang responsibilidad na hindi maaaring iwan sa bahay.

Sa paglabas ng tahanan, may mga bagay na kailangang iwan pansamantala—ang yakap ng kani-kanilang pamilya, sariling mga problema, at kung minsan, pati ang sari-sariling pagod. Sa mga silid na puno ng ingay, tawanan, mga tanong, at mga pangarap, sila ang nakatayo sa harap. Hawak ang panulat, nakaharap sa pisara, at handang magsimula ng panibagong aralin.

Sila ang mga guro.

Ngunit bago sila naging guro, sila rin ay mga anak, magulang, asawa, at kaibigan. Mga taong napapagod, nasasaktan, nag-aalala, at kung minsan ay nangangailangan ding may magtanong sa kanila, “Kaya mo pa ba?”

Sa likod ng pisara at mga aklat ay may mga kuwentong hindi agad nakikita. May mga gurong lumalayo sa mahal sa buhay upang magtrabaho. May mga isinasantabi ang sariling pangangailangan para sa pamilya. At may mga patuloy na pumapasok kahit mabigat ang dinadala, dahil alam nilang may mga estudyanteng naghihintay sa kanila.

Ang trabaho ng guro ay hindi natatapos sa pagtunog ng kampana. May mga papel na kailangang ayusin, mga araling kailangang ihanda, at mga problemang kailangang intindihin at bigyang solusyon. Ngunit paano naman ang sarili? Kailan sila magpapahinga? Kailan nila maaaring sabihin nang walang pag-aalinlangan, “Pagod na ako”?

Dahil tulad ng kanilang mga estudyante, may sarili rin silang kuwentong bitbit. Bawat isa ay may sariling laban. Hindi lahat ay umuuwi sa tahanang payapa. Hindi lahat ay may sapat na kakayahang tugunan ang mga pangangailangan ng pamilya. May mga gurong pumapasok na kapos, may mga problemang iniwan sa bahay, at may ilan na ang tanging baon ay pag-asang balang araw ay magiging maayos din ang lahat.

Walang gurong hindi napapagod. Nasasaktan din sila, nag-aalala, at natatakot.

Ngunit kinabukasan, muli silang tatayo.

Haharap sa klase.

Ngingiti.

At sasabihing “Okay lang.”

Ngunit ang pagsambit ng “Okay lang” ay hindi nangangahulugang wala silang problema o hindi sila napapagod. Minsan, ito ang paraan nila upang magpatuloy. Isang tahimik na paninindigan. Isang pagpiling huwag sumuko dahil may mga batang umaasa.

Saludo sa bawat gurong patuloy na lumalaban. Sapagkat ang kanilang trabaho ay hindi lamang tungkol sa pagtuturo ng aralin kundi maging sa paghubog ng buhay.

Sa likod ng dalawang salitang iyon ay may mahabang araw, tahimik na luha, mga sakripisyong hindi laging napapansin, at pusong pilit na nagpapatuloy. Isang pusong umaasang balang araw, ang bawat batang kanilang tinuruan ay makararating sa buhay na minsan nilang ipinangarap para sa mga ito.

At kapag muli silang tinanong, “Kumusta ka?”

Marahil, muli nilang sasabihin—“Okay lang.” Kahit ang totoo, marami rin silang pinagdadaanan.

Kampeon

Richard S. Agbayani

Ako si Richard, guro.

Ang pinakamahalagang aralin ng aking buhay ay hindi nagmula sa mga aklat kundi sa mismong laban ng aking anak – si Iver. Mula sa pagiging biktima ng COVID-19 at pag-aagaw-buhay sa ospital noong 2021, ang pagkakaligtas niya sa bingit ng kamatayan ang naging simula naman ng panibagong pagsubok para sa aming pamilya. Sa matinding takot naming mag-asawa na muli niyang maranasan ang unos, hindi sa inilayo namin siya sa mundo kundi sinaplot lamang ng labis na proteksiyon. Ngunit ang pag-iingat na iyon pala ang magiging dahilan upang siya ay mailang, matakot, at mahiya sa harap ng maraming tao.

Dalawang taong gulang siya nang magsimula sa play school at Day Care, tatlong taon naman sa Kindergarten 1. Hindi naging madali para sa kaniya ang makihalubilo. Bawat pagpasok sa play school ay pagtulo ng luha at mahigpit na pagkapit sa aming mga damit habang nagtatago sa aming likuran. Sa simula ng panuruang taon, bawat programa sa paaralan ay nagtatapos sa hindi niya pakikibahagi. Nakadudurog ng puso na makitang ang batang nakaligtas sa malubhang sakit ay tila natatalo naman ng matinding pag-aalinlangan sa tuwing may nakatingin sa kaniya.

Bunsod nito, araw-araw naming itinuro sa kaniya ang sining ng pagtitiwala sa sarili. Iginuhit namin sa kaniyang palad ang linya ng tapang. Ipinaramdam naming hindi siya nag-iisa sa bawat hakbang ng kaniyang paglaki. Hindi kami napagod na gabayan siya habang ipinapaunawa na ang mundo ay nakahandang makinig sa kaniyang tinig at palakpakan siya sa kaniyang husay.

Natapos niya ang Kindergarten 1 bilang isa sa highest achievers sa kanilang klase. Apat na taong gulang na siya ngayon at nasa Kindergarten 2. Hindi na siya nagpapasakop sa hiya at kaba. Hindi lamang siya masigasig at mahusay sa kanilang klase. Kamakailan lamang, naging kampeon pa siya sa pagbigkas ng tula at solong pag-awit. Habang pinagmamasdan ko siyang buong husay sa pagtatanghal sa entablado, napangiti ako sa napakalaking pagbabagong aking nasaksihan. Sa loob ng 18 taon ko sa propesyon, wala nang hihigit pa sa tagumpay ng aming anak na mula sa kanlungan ng pangamba ay isa nang nangunguna.

Kami ang mga silid at guro. Si Iver ang aming aral. Siya ang magpapaalala na ang pinakamalalim at pinakamahalagang pagkatuto ng isang bata ay hindi lamang natutupad sa loob ng pormal na silid-aralan. Hindi palaging tisa at pisara ang katuwang sa pagtuturo, kailangang langkapan ng pagmamahal, pagkalinga, at paggabay. Hindi rin lahat ng mahahalagang tagumpay ay naitatala sa class record; ang ilan ay isinusulat sa puso. Natutuhan ng aming anak ang pinakadakilang aral ng buhay – ang lumaya mula sa takot, maging ganap ang lakas ng loob, at maging kampeon na may katatagang humarap sa mundo.

Sulo

Rosalinda C. De Guzman

Isinilang at lumaki ako sa isang pamayanang nasa tuktok ng bundok. Tuwing umaga, nababalot ng malamig na hamog ang aming kubo, animo'y puting kumot na dumadampi sa bubong at dingding. Sa gabi naman, walang koryenteng nagbibigay-liwanag sa aming tahanan; tanging malamlam na liwanag ng lumang lampara ang tanglaw namin hanggang makatulog.

Sa hapag-kainan, madalas ay kanin at kung anong makakaya ang aming pagsaluhan. Ang mga damit namin ay mga pinaglumaan ng iba na ipinagkaloob sa aming pamilya. Lumaki akong mahiyain at laging nakatungo, sanay umiwas sa titig ng ibang tao. Marahil, ganito ang isang batang mulat sa kakapusan ng kaniyang pamilya.

Tuwing tag-ulan, doble-kalbaryo ang daan patungong bayan—matarik at maputik. Gayunman, kailangan kong magpatuloy. Bitbit ang kaunting ani nina Tatay at Nanay, nilalakad ko ang ilang kilometro pababa upang maglako. Sa bawat paglalakad, kasama ko ang pagod at gutom, ngunit higit sa lahat, ang hangaring makatulong sa pamilya.

Masakit para sa isang batang musmos ang maamoy ang masasarap na ulam habang kumakalam ang sariling tiyan. Pangarap ko noon ang makatikim ng Chickenjoy. Kapag napapadaan ako sa Jollibee at nakakakita ng mga batang kumakain nito, napapatanong ako sa sarili kung gaano kaya kasarap ang pagkaing iyon.

Hindi lamang pagkain ang ipinagkakait sa amin ng kahirapan. Kapag may nagkakasakit sa aming pamilya, problema agad ang pambili ng gamot at pagpapakonsulta. Wala kaming sapat na pera para sa mga pangangailangang medikal. Kapag nakikita kong nag-aalala si Nanay at tahimik na umiiyak, nananalangin ako na malampasan namin ang pagsubok.

Dumating ang pinakamabigat na pagsubok nang muntik nang mawala sa amin ang aking nakababatang kapatid. Dahil sa matinding karamdaman at kakulangan sa nutrisyon, nangayayat siya hanggang maging buto't balat. Wala kaming pambili ng pampurga at wala ring sapat na pera para makapagpakonsulta sa doktor. Sa aming tahanan, takot ang namayani habang pinagmamasdan naming unti-unting nanghihina ang kaniyang katawan.

Habang nakatitig ako sa kaniyang tuyong mga labi, hindi ko napigilang matakot. Yumakap ako kay Nanay at kapuwa kami tahimik na lumuha. Sa gitna ng aming pag-iyak, taimtim akong nakiusap sa Diyos na huwag muna Niyang kunin ang aking kapatid. Sa sandaling iyon, may nabuo sa aking isip: **hindi kami maaaring manatili sa dilim.**

Dininig ng Maykapal ang aming panalangin. Unti-unting lumakas at gumaling ang aking kapatid. Ang nangyari sa kaniya ang nagturo sa akin na huwag manatiling nakatungo sa harap ng hirap. Mula noon, sinubukan kong harapin ang mga bagay na dati kong kinatatakutan.

Mula sa aming munting kubo sa kabundukan, bumaba ako upang hanapin ang pagkakataong matagal naming hinihintay. Hindi ko alam kung saan ako dadalhin ng aking mga pangarap, ngunit alam kong kailangan kong magsimula. Ang mga pinagdaanan namin ang nagsilbing sulo ko—munting liwanag na tumulong sa akin na makita ang daang tatahakin, hindi lamang para sa sarili ko kundi para sa aming pamilya.

Beyond the Classroom

Maricar D. Castillo

Each morning, I attend my class with new lesson in mind, pieces of chalk and class cards for surprise recitations. As a college professor, I have responsibilities, deadlines and battles that my students don't see. I stand before them with a smile and teach lesson, making them read, think, dream and believe in themselves. I accord them patience, knowledge, wisdom and my heart. But, when my class ends in the afternoon, my best education starts at home, eager and excited to see my little Queenie who is patiently waiting.

Yes, I have a six-year-old daughter who has attention deficit hyperactivity disorder. She is a Grade-I pupil in a private school. She gets home earlier than I since my last class ends at 5:30 pm. I see to it that before I go home, I should have bought slimes, squishy, clays and her favorite food. She loves them so much and this is her happiness. Little did she know when I get home from work, I am sometimes exhausted after a long day of standing, teaching, grading recitations, editing my advisees' research and checking my students' essays. But when I see her smile while happily rushing toward me, there is something in my heart that keeps me going. As if the heavy weight of work becomes lighter and eventually disappears. She is my joy and the sunshine in my life even on the darkest days.

At home, I am her teacher. Teaching her is not always easy. She might get distracted, walk around, forget instructions, or need the same lesson repeated often. My patience is sometimes thin, and I ask myself where I'll get the strength to start again. Yet I take a deep breath, sit by her and take another path. Simply hugging her is a comfort. I comb her hair, then let her ride in her pink bicycle. Seeing her happily biking cures my weary mind.

She is learning letters, numbers and words. Most importantly, I impart to her that learning need not be the same for all. We learn by repetition, play and laughter. Her little milestone brings me happiness as her mother.

No book has taught me as much as my daughter. She has given me patience when fatigued and hope when life is hard. I may be her teacher at home, but in the classroom of my life, she is my greatest teacher!

The Calling of Being a Teacher

Doreen S. Inoc

Doreen was born to a father named Melchor, a Philippine Army Major, and a mother named Patrocinia, a Public-School Elementary Teacher. As she grew up, she saw how hard life can be. Her father was deployed from one province to another, staying away from home for three to six months at a time. However, her mother was always beside her.

Since her mother was occupied with her job, Doreen helped in checking papers, making visual aids, encoding lesson plans, and many more. In fact, whenever Doreen had a free day, her mom wanted her at school. Doreen was present in most of their activities, including the birthdays of her mom's teacher friends or even going out of town with them. Deep inside, Doreen wanted to refuse, yet she didn't have the courage because she loved her mom. Thus, Doreen secretly pledged that she would never become a teacher due to these exhausting experiences.

Things changed when Doreen and her friends filed for enrollment at a prestigious university. Out of the blue, Doreen mistakenly lined up for Education instead of Commerce. She was shocked when she was assigned to major in BSED English. Doreen promised herself that as soon as the first semester was over, she would transfer to a Commerce major in Banking and Finance.

Eventually, she ate her own words as she began to love the program. Hence, Doreen was fated to be in this calling… the calling of being a teacher.

The Quiet Heroes of the Classroom

Belardo P. Labandelo

Before sunrise, while the neighborhood sleeps, a Filipino teacher sits beside a cold cup of coffee, checking test papers. Nearby lie unpaid bills, loan reminders, and a household budget that refuses to balance. Yet when the school gate opens, the teacher greets every child with a reassuring smile.

This is the quiet contradiction of a profession we call noble but too often fail to support.

Every Teachers' Month, we celebrate educators with flowers, speeches, and declarations of gratitude. Beyond the ceremonies, however, many teachers struggle with modest salaries, rising living costs, and debts incurred not for luxury but for survival. Some even spend their own money on classroom supplies, photocopies, or food for students who arrive hungry.

Their work extends far beyond teaching lessons. They prepare materials, assess learning, complete administrative reports, and respond to students' needs long after classes end. In crowded classrooms with limited resources, they must remain patient, creative, and compassionate. For children facing poverty, family separation, or uncertainty at home, a teacher may be the dependable adult who listens, encourages, and restores confidence.

Teachers also serve their communities. During elections, disasters, and other emergencies, many accept responsibilities beyond the classroom. In remote areas, some travel difficult roads simply to bring education within a child's reach. Their commitment helps shape not only individual futures but also the nation's collective possibilities.

Yet we must be careful about romanticizing sacrifice. A teacher's resilience should never excuse inadequate pay, excessive paperwork, or insufficient institutional support. Behind every encouraging smile may be exhaustion, financial anxiety, and the painful realization that caring for other people's children sometimes leaves too little time and energy for one's own family.

Why, then, do teachers continue? Because they recognize potential where others see limitations. A hesitant reader, a struggling learner, or a child who has nearly given up may discover a future through one teacher's patient words: "Keep trying. I believe in you."

The measure of a teacher's contribution is not merely a test score or a certificate. It lives in the lives of former students who learn to think, persevere, and dream.

Our gratitude must therefore become action: fair compensation, manageable workloads, adequate resources, and genuine respect. Filipino teachers deserve more than annual applause. These quiet heroes help build the nation; the nation must finally stand behind them.

The Fare I Never Paid

Mejin C. Llabres

It was 4:00 a.m. when I left our home in San Antonio, Kalayaan, Laguna, to pay my remaining tuition balance at Laguna State Polytechnic University (LSPU).

My parents were humble farmers who sold bananas, sweet potatoes, and vegetables to support our family. We were poor, and I was the only one among the four of us who went to college. They saw how much I loved studying, having been an honor student since kindergarten.

Before I left, my mother handed me ₱1,000. In 2012, that was a huge amount for our family. They had sold all the vegetables they harvested that day just to support my education. With tears in my eyes, I accepted the money and promised myself, Someday, I will repay my parents for all their sacrifices.

My aunt gave me a free ride to Pagsanjan, where we arrived at around 5:45 a.m. I thanked her and hurriedly boarded a jeepney to Sta. Cruz. I sat beside the driver, whom I called "Manong."

During the thirty-minute ride, he asked, "Where are you going, hija?"

"To LSPU, Manong. I'm taking Teacher Education course po."

"That's good! Study hard. Your parents must be proud of you," he replied with a smile.

When we reached Sta. Cruz, I checked my wallet. I had only my ₱1,000 bill and no coins for the ₱15 fare.

"Manong, wala po akong barya," I said nervously.

"It's okay, hija. You don't have to pay," he answered.

Then he asked, "How much do you need for your last ride?"

"Twelve pesos po."

Without hesitation, he gave me the money.

"Thank you so much, Manong! I will never forget this," I said before rushing to catch my last jeepney.

Fifteen years have passed since that morning. Today, I am a teacher, living the dream I once shared with a stranger. I still wonder about the man whose name I never learned. Where is he now? Is he doing well?

I may never see him again, but I hope to repay his kindness by helping others. I never paid that fare, but I have carried his kindness in my heart ever since.

Sometimes, the smallest act of kindness leaves the greatest mark on someone's life.

What Her Hands Could Hold

Jaemelyn F. Tiaba

There was a woman who had always believed in the virtue of hard work. She believed that if she gave enough, endured enough, and tried hard enough, she would find her place in the world. And so she worked—tirelessly, wholeheartedly, sometimes at the expense of the very purpose she was meant to serve.

In her first few assignments, her hands were rarely empty, but her heart had yet to understand the weight of what they carried. She knew how to labor, but had not yet learned how to steward. She mistook the opportunity to work for the privilege of simply having work, forgetting that every responsibility entrusted to her demanded more than effort; it demanded faithfulness.

Then, one day, the work was no longer hers.

What followed was a season of empty hands.

She prayed for another door to open. She asked, waited, and asked again. But heaven seemed quiet, and the days offered no assurance that anything would change. Nine months passed in this strange wilderness of waiting.

Nine months—the length of time a mother carries a child before bringing new life into the world.

She wondered whether something, too, was being formed in her. Perhaps the waiting was not a punishment, nor was it an empty interval between one opportunity and the next. Perhaps God was teaching her to distinguish between wanting a blessing and being ready to bear its responsibility. She realized that the work was not what God was preparing. He was preparing her heart to receive His gift—and to remain faithful in its keeping.

When the opportunity finally arrived, she received it with trembling gratitude.

The work was familiar, but the woman who received it was not quite the same. She had learned that open doors were not trophies, and answered prayers were not possessions. They were trusts—sacred responsibilities to be handled with humility, integrity, and care.

This time, she would not measure her work by how much she could accomplish, but by how faithfully she could fulfill what had been placed in her hands.

Her hands were no longer empty. But she had learned, at last, that what mattered was not simply what her hands could hold.

It was how faithfully they could hold what God had entrusted to her.

And so, she returned to work—not to make a name for herself, but to make her labor an offering, for His glory alone.

What the Receipt Cannot Show

Kenedy G. Flores

There are things we give because they are useful, and there are things we give because, somehow, they have become another language for saying: I thought of you. Sometimes they are small. Sometimes they are expensive. Sometimes they cost more than what is reasonable, more than what we would ordinarily spend, perhaps even more than what we would buy for ourselves. But that is the peculiar nature of giving out of love: value is not always measured by necessity. You see something and imagine it in someone else's hands. You save for it. You choose it carefully. You think of how happy they might be when they open it. And somewhere between the choosing and the giving, an ordinary object becomes attached to something invisible. Affection. That is why losing a gift is never entirely about losing a thing. And perhaps this is also why it hurts when people reduce the disappointment to its price. "Mahal lang kasi." As though being upset means you worship possessions. As though mentioning how much something cost automatically makes affection transactional. As though the giver's mistake was caring too extravagantly. There is an uncomfortable reversal that happens when something precious is lost through carelessness. Instead of asking why greater care was not exercised, people sometimes turn toward the person who gave it. Bakit kasi ang mahal ng binigay mo? Huwag ka na lang kasing magbigay ng mahal. And suddenly, the generosity itself stands accused.

The giver is made to feel foolish for giving something valuable. Excessive for expecting it to be cared for. Materialistic for grieving its loss. Difficult for becoming angry. But what exactly was the offense? Was it giving too much? Was it believing that something given with care would also be handled with care? Or was it simply expecting that love, once received in material form, would not be treated casually?

Of course, things get lost. People forget. Hands loosen. Pockets fail. Bags are left open. Phones slip from places where we thought they were safe. Earphones disappear. Accidents happen in the ordinary chaos of being human. And the first time, perhaps, love understands. The second time, love tries very hard to understand again. But by the third time, something changes. Not necessarily the love. The meaning. Because repetition has a strange way of transforming accidents into patterns. And this is where the sentence begins to lose its innocence: Hindi ko naman sinasadya.

Perhaps not. Perhaps nobody wakes up intending to lose something another person worked hard to give them. Nobody deliberately leaves a precious thing behind thinking, Today, I will be careless with someone's generosity.

Intent matters. But intent cannot be the only measure of responsibility. There are many things we do not intend whose consequences we are still expected to carry. Hindi ko naman sinasadya may explain the absence of malice. It does not automatically erase the presence of negligence. And when the same explanation survives the first loss, then the second, then the third, it begins to sound less like an explanation and more like a shelter—a sentence under which accountability is asked to wait outside.

Perhaps that is the part people do not see when they witness only the anger. They see the raised voice but not everything that came before it. They see the disappointment but not the previous forgiveness. They see someone becoming upset over an object and conclude that the object must matter too much. What they do not see are all the earlier moments when the giver chose patience. The first okay lang. The second mag-ingat ka na kasi. The effort to swallow frustration because accidents happen. The decision to understand because the person matters more than the thing. Until understanding itself begins to feel like permission.

And then comes the strangest solution of all: Huwag ka na lang magbigay ng mahal. There is something almost cruel about that sentence, even when it is spoken casually. Because it quietly relocates responsibility.

The problem is no longer: I should learn to take better care of the things entrusted to me. The solution becomes: You should give me things whose loss will hurt you less. As though the giver must adjust the depth of their generosity to accommodate another person's unwillingness to become more careful. As though carelessness were a permanent condition everyone else must design around. Perhaps next time the gift should be cheaper. Perhaps next time it should be replaceable. Perhaps next time the giver should calculate exactly how much affection they can afford to lose. But what a strange lesson that would be: Do not become more responsible. Ask people to care less.

Maybe this was never really about a phone, an earphone, a watch, a bag, or whatever object happened to disappear. Maybe it was about stewardship. About what we do with the things into which other people have quietly placed pieces of themselves. Because gifts carry histories invisible to everyone except the giver. Hours worked. Money saved. Choices postponed. A moment in a store spent wondering which one you would like. The anticipation of watching you open it. The private happiness of finally being able to give someone something good. None of these appear on the receipt.

And so when the object disappears, what hurts is not simply the amount printed beside its name. It is the unsettling possibility that something chosen with extraordinary care was received with ordinary carelessness. There is a difference. A painful one.

And perhaps love must remain forgiving. Perhaps we should always leave room for mistakes, accidents, forgetfulness, and human imperfection. But forgiveness and accountability were never enemies. To love someone is not to require yourself to become endlessly tolerant of the same wound simply because each repetition was unintended. At some point, Hindi ko naman sinasadya must be followed by something else. I should have been more careful. I understand why you're disappointed. You trusted me with something important. I will make sure this does not happen again. Because remorse is not merely insisting that harm was accidental. Sometimes remorse is recognizing that even accidental harm asks something of us afterward. Greater care. Greater responsibility. Change.

So no, perhaps the lesson is not to stop giving beautiful things to people we love. And perhaps the lesson is not that expensive gifts deserve more care than inexpensive ones. The lesson is much simpler:

When something is given with care, receive it with care. Not because of how much it costs. But because someone, somewhere, looked at that thing and thought of you. And when they placed it in your hands, they were trusting you with more than an object. They were trusting you with the tenderness behind it. And tenderness, too, deserves not to be repeatedly lost.

Current Translanguaging Practices in English Classrooms: Global Trends and Philippine Perspectives

Elenita Abellar Apas

English language teaching is gradually moving away from the strict English-only approach toward practices that recognize the value of multilingualism. One of these is translanguaging, which allows learners to use their languages to understand lessons, share ideas, and communicate effectively. García and Wei (2014) explain that multilingual learners draw on their linguistic resources to make meaning. This approach is relevant in the Philippines, where students commonly use English, Filipino, Cebuano, and other regional languages in their daily lives.

Current Practices and Benefits of Translanguaging

In English classrooms, translanguaging allows students to use familiar languages when discussing difficult concepts, reading texts, brainstorming ideas, and working with classmates. Cenoz and Gorter (2020) explain that teachers can use learners' existing language knowledge to support the development of additional languages.

For example, an English teacher may ask students to discuss a story's theme in Cebuano or Filipino before writing their analysis in English. Students may also brainstorm in their first language before writing an English essay. These activities help learners understand the lesson and express their ideas more confidently.

De Los Reyes (2024) examined multilingual practices in Philippine elementary classrooms and documented the use of three languages during English instruction. The findings highlight how translanguaging can support classroom discussions, assessment, and lesson comprehension. These practices show that students' familiar languages can serve as useful learning resources.

Translanguaging in the Philippine Context

The Philippines is a multilingual country, making translanguaging relevant to English language education. Students have different levels of English proficiency, and some understand lessons more easily when teachers connect new concepts to their familiar languages.

Republic Act No. 12027 (2024) discontinued the mandatory use of the mother tongue as the medium of instruction from Kindergarten to Grade 3 and restored Filipino and English as the primary media of instruction, subject to the law's provisions. This policy provides an important context for discussions about the role of regional languages in education.

However, translanguaging does not mean replacing English with other languages. Teachers can use familiar languages to clarify difficult ideas while giving students sufficient opportunities to practice speaking, reading, and writing in English.

Challenges and Implications for Teaching

Despite its benefits, translanguaging requires careful planning. Overusing familiar languages may limit students' opportunities to practice English. Teachers may also lack training in developing effective multilingual activities, particularly in classrooms where students speak different regional languages.

Huang and Chalmers (2023) reviewed research on pedagogical translanguaging in English as a Foreign Language classrooms, highlighting the importance of examining its implementation and effects. Teachers should therefore consider their students' needs, learning objectives, and actual progress rather than assume that translanguaging always improves learning.

To use this approach effectively, teachers can encourage multilingual discussions, provide vocabulary support, and guide students toward expressing their understanding in English. These strategies allow learners to benefit from their existing language knowledge while continuing to develop English proficiency.

Translanguaging is an important approach in contemporary English language education because it recognizes the value of students' linguistic backgrounds. In Philippine classrooms, it can help learners understand lessons, participate in discussions, and gain confidence. However, teachers must use it purposefully and ensure that students continue to develop their English skills. By balancing multilingual support with meaningful English practice, teachers can create more inclusive and effective learning environments.

References

Cenoz, J., & Gorter, D. (2020). Teaching English through pedagogical translanguaging. World Englishes, 39(2), 300–311. https://doi.org/10.1111/weng.12462

De Los Reyes, R. A. (2024). Translanguaging in multilingual elementary classrooms in the Philippines. World Englishes, 43(4), 678–692. https://doi.org/10.1111/weng.12672

García, O., & Wei, L. (2014). Translanguaging: Language, bilingualism and education. Palgrave Macmillan. https://doi.org/10.1057/9781137385765

Huang, X., & Chalmers, H. (2023). Implementation and effects of pedagogical translanguaging in EFL classrooms: A systematic review. Languages, 8(3), Article 194. https://doi.org/10.3390/languages8030194

Republic Act No. 12027. (2024). An act discontinuing the use of the mother tongue as medium of instruction from Kindergarten to Grade 3, providing for its optional implementation in monolingual classes, and amending for the purpose Sections 4 and 5 of Republic Act No. 10533. https://lawphil.net/statutes/repacts/ra2024/ra_12027_2024.html



PakOne

John Riel Bendoy

In a farm where neighbor is distant, a large space is given to Pako, a man who take good care the dilapidated farmstead. Pako is belittled by people around where he did not even finish studies and reviled directly.

The owner of the farm handed Pako the property as a care taker, since Pako is new to the place where he has no one to rely on, he created his humble abode made of Bamboo sticks. While Pako lives alone, people from barrio set to delve for malignment words of what he is doing is distracting other farmers, but Pako did not even listen.

After three days of building his house in the middle of the farm, he started doing a small irrigation where water flows accordingly to the area. He was very resolute to do the job; he cut the tall grasses, tilling the land to make it a fertile ground. Pako did not mind the passersby who only gave negative comments about his deeds. Later that night, he went to the market to buy a fish, then he suddenly saw a vendor selling a watermelon, captivated by its color and juiciness, but no one noticed it. So, he bought a small one for himself. While eating, he sat beside the vendor and then asked, "Are you okay, Ma'am?" The vendor answered, "Yes, I'm just a little worried. It is getting late already, and yet I have only sold a few." Pako tried to ask the vendor how the preparation for this was, and if she didn't mind, the vendor discussed everything with Pako, details to details. Pako helped the vendor sell it to the people since he had many acquaintances in the market. After a few hours, he sold at least almost all of the watermelons. Then, the lady vendor gave Pako the seeds of the watermelon. Pako realized that he would plant the seeds on his land while he cleaned it for the farm.

Going home, the neighbor from the other barrios bullied him for what he did in the market, saying that it was only a waste of time. He was attacked with words, like, "Instead of helping, why not focus on your land and clean it because it disturbs a lot of the public?" Pako did not even fight against the judgment; rather, he continued tilling and cultivating the farm to make it a better one.

During the cultivation process he realize something what vegetables, field, or farm is he going to make then he saw a plastic paper which it had a seed of watermelon. With no doubt he uses the watermelon as a trial and error while cleaning also the other side of the farm. He planted the seed with no intention of making it as a business luckily after a few months he did not notice the growing fast of the watermelon under the heat of the sun.

He also notices that there are twenty big watermelons growing around his small house. He takes one and brings it to the nearby house. Then he calls out to his neighbor and close friend, Jake.

"Where are you, Jake? Come here and let us try this watermelon that I planted!"

Jake replies, "Are you out of your mind? You don't even know how to plant. How am I supposed to believe you?"

Pako responds, "Look at the farm. Do you see those green plants with fresh leaves? Those are the watermelons I planted beside my house."

Jake is surprised by what he sees. The watermelon is green, fresh, and looks incredibly juicy and delicious.

Jake still cannot believe that Pako was able to grow such healthy and delicious watermelons in that dilapidated farm. Jake then tells Pako, "Try selling the remaining watermelons at the market. You know many of the people there."

Without hesitation, Pako immediately goes to the market and offers the watermelons at a low price. The people become curious and decide to try at least one slice. As they taste the watermelon, Pako is overwhelmed by the customers' positive feedback.

After a long day of selling, Pako returns home and rests early. While he is sleeping in the middle of the night, some of the neighbors cut down his watermelon plants, tearing apart the vines and leaving the fruits and plants completely destroyed.

Early the next morning, Pako wakes up full of energy. He goes to his farm and happily says to the melons, "Rise and shine, my babies!"

However, when he sees the wilted and deteriorating leaves, his happiness suddenly disappears. He immediately approaches the plants and kneels beside them. His eyes fill with sorrow as he sees that his watermelons have been completely devastated. He cannot even say a word. He simply weeps inconsolably.

Pako runs to his close friend Jake and asks him who could have done such a brutal thing. The fruits were completely defenseless.

"What have I ever done to these people?" Pako asks, stammering through his tears. "Why do they always target me?

I have done nothing to them."

Jake is speechless. He struggles to find the right words and stutters as he tries to comfort Pako.

While Pako slowly accepts the fact that he cannot fight the people around him because he is only a caretaker and a new member of the community, he returns home to his farm. Despite everything that has happened, he remains positive and determined to plant again using the remaining seeds that were given to him.

Pako had always been a hardworking farmer. One morning, he returned to his small farm and began digging the soil once again. Sweat covered his face as he worked tirelessly under the heat of the sun. Exhausted and struggling to keep his balance, he stumbled and fell several times. Despite his hardships, and despite people who continued to speak badly about him behind his back, Pako refused to give up.

A month passed, and the watermelon vines he had carefully tended finally began to bear fruit. When he saw the first freshly grown watermelons, his eyes filled with satisfaction and happiness. All his hard work was finally beginning to pay off.

To protect his farm, Pako devised a simple strategy. At night, he kept a light on near the field to scare away anyone who might try to steal or damage his crops. Because of his constant care and determination, the watermelons grew large, juicy, and healthy.

When harvest time came, Pako gathered several watermelons and decided to sell them at the town's large market. Early the next morning, he loaded the fruits onto his motorcycle with a cart attached to the side. Despite the scorching heat of the sun, he traveled to the market with determination.

When he arrived, he stopped along the road beside the market. People passing by immediately noticed the fresh watermelons.

"Pako, what are you selling?" one customer asked. "Those look like freshly harvested watermelons!"

Pako smiled warmly.

"Yes, sir. These are freshly harvested, and I am selling them at an affordable price."

The hot weather made people even more curious about his fruits. One after another, customers gathered around his cart. They tasted the watermelons and were delighted by their sweetness and juiciness.

"Can we buy all of these?" several customers asked.

Pako was surprised by how quickly his fruits were selling.

While he was serving the customers, a car suddenly stopped in front of his stall. A man wearing a black coat stepped out and looked at the watermelons.

"Who sells these?" the man asked.

Pako hesitated for a moment before answering.

"Me, sir," he replied.

The man smiled. "Can I order at least fifty pieces for Thursday? I would also like them delivered to this address."

Pako nodded without hesitation.

"Yes, sir. I would be happy to deliver them."

Within an hour, nearly all of Pako's watermelons had been sold. He returned home immediately, looking at his farm with a mixture of happiness and tears in his eyes. He was proud that his hard work was finally being recognized.

However, Pako did not stop there. He continued caring for his farm and harvested another batch of watermelons for the hotel order. When he delivered the fifty pieces, the man paid him in cash.

Pako accepted the money with tears in his eyes.

"Thank you so much, sir."

"You're welcome, Pako," the man replied. "May I have your phone number? Other people may want to order from you, and I can recommend you to them directly."

Pako nodded gratefully.

"Of course, sir. Thank you."

He humbly returned home.

Later that evening, while Pako was taking a shower after a long day of work, his phone rang.

"Is this Pako?" a woman asked.

"Yes, ma'am."

"Are you the man who supplied the watermelons to the hotel earlier?"

"Yes, ma'am."

"I would like to order at least one hundred pieces. They are for delivery to the mall. I will send you the address."

Pako could hardly believe what he was hearing.

"Yes, ma'am. Thank you very much!"

From that day forward, Pako's delicious watermelons became well known throughout the city. People began calling him the supplier of juicy and delicious fruits.

With the money he earned, Pako expanded his farm. He started planting other fruits, including avocados and pineapples, so he could meet the growing demand of his customers. Eventually, he saved enough money to buy the farm he had been working on. He paid the owner in cash and finally became the rightful owner of the land.

Some of his neighbors were still jealous of his success. But Pako did not allow jealousy or bitterness to change his heart. Instead, he invited his neighbors to work with him as helpers and generously shared the farming techniques he had learned.

At first, they were curious. Soon, they began helping one another. Together, they worked to improve their farms and produce more fruits.

Because of Pako's generosity and determination, their small town eventually became known as a major supplier of fresh fruits.

The townspeople decided to name the place Pakwan, a Bisaya term associated with watermelon, in honor of Pako and the fruit that brought prosperity to their community.

Pako had begun with nothing but determination, patience, and a small piece of farmland. Through hard work, perseverance, and kindness, he became a respected farmer and a source of inspiration to everyone around him.

And from that day forward, no one forgot Pako, the legendary man who turned a simple watermelon farm into the pride of an entire community.

Ang Maalamat na Propesora

Maikling Kuwento ni Jhon Leicester A. Sering



Mahigit isang linggo na ang nakalipas pagkatapos matanggap at ma-enrol sa programang Batsilyer ng Edukasyong Pansekondarya medyor sa Filipino o mas kilala sa BSEd Filipino si G. Guinoo na tubong Norte sa isang nananahimik na unibersidad sa katimugang bahagi na sakop pa rin ng lingguwistikong komunidad ng kanilang katutubong wika. Ang maalamat na propesora at koordineytor ng programa na si Bini Aising mismo ang nag-interbyu at nag-ebalweyt sa kaniya sa kabila ng pagiging abala nito sa Oplan Alay-Linis ng kampus noon at kahit na nauna nang nasala ng kawika niyang kasamahan na si Gng. Mayling na isa ring koordineytor ng programang BSEd English. Sa kanilang harapan, tinanong ng matinik na Aising ang binata ang sumusunod:

"Ano ang kaibahan ng Tagalog, Pilipino, at Filipino?"

"Bakit napili mo ang BSEd Filipino?"

"Bakit gusto mong mag-aral dito sa aming unibersidad?"

Kahit napailing na lang ang hamak na Guinoo sa kaniyang kaloob-looban, naitawid niyang sagutin ang mga iyon. At ganito na lang ang winika ni Aising: "Hintayin mo lang ako rito saglit sa kinauupuan mo at ibibigay ko sa 'yo kaagad ang evaluation form mo nang makakapagpa-enrol ka na."

Siya nga pala, sinasabing maalamat na propesora ng marami sa kampus, lalo na sa kinabibilangang departamento nito, si Bini Aising dahil bukod sa pagiging mahusay sa pagsulat ng mga aklat sa programang BSEd Filipino maging ng pagpapalathala ng mga pananaliksik at akdang pampanitikan ay matinik ito sa kaniyang popular na, "Manatiling nakatayo," kapag hindi makakasagot ang mga mag-aaral nito sa talakayan. Ayon sa mga naulinigang impormasyon ng ginoo, hindi rin daw matatawaran ang husay sa wika at panitikan ng Pilipinas ng guro kaya gano'n na lamang ang kaniyang standard sa mga estudyante nito. Bukod pa rito, layon niyang pagaganahin ang kaisipan nila bilang pagpapamalas ng kanilang galing sa Wikang Pambansa na maaasahan sa pagpapayaman, pagpapaunlad, at pagpapanatili nito sa

sirkulasyon ng bansa.

Sa sumunod na mga araw, biglang pumasok sa Silid 309 ang isang nagngangalang Cleo na ipinagmamalaking estudyante ng propesora sa Ikaapat na Taon para sa 16 na musmos na nasa Unang Taon pa lamang noong araw at isa rito ang ginoo sa napasabak. Bago ito, may mahigpit na tagubilin ang guro sa kanilang chatgroup na dapat galingan nilang lahat na talagang 'karapat-dapat na magpapakadalubhasa sa pagtuturo ng wikang Filipino.'

"Sumulat kayo ng sanaysay patungkol sa tema ng Buwan ng Wikang Pambansa (BnWP) 2022 gamit ang wastong gramatika at tamang pagsunod sa masinop na pagsulat ng KWF," agarang panuto ni Cleo.

Pagkatapos ng sambitlang utos na iyon at habang gumagawa sila ng burador, damang-dama ni G. Guinoo ang pinaghalong init sa klasrum at lamig dulot ng kaba sa kabila ng napakaalinsangang panahon sa buong kampus gayundin ang natutulirong isip nito sa kung paano tatapusin ang akda. Pagkaraan ng ilang araw, may fidbak na siya sa 16 na sanaysay at nagtagumpay ang isinumite ng masigasig na ginoo sa pamantayan ng binibini.

Gayunpaman, patikim pa lang iyon ni Aising sa mga musmos. Kaunting pakilig pa lang niya iyon sa ngalan ng programa. Ngunit para kay Guinoo, isang mabagsik na hagupit pangwika na susubok sa kanilang determinasyon.

Habang nasa kalagitnaan na ng Unang Semestre, inanunsiyo ng propesora ang mga piling mag-aaral na dadalo sa isang seminar-worksiyap ang pahayagang pangkampus na dahilan ng pagkakabilang ni G. Guinoo rito. Dahil dito, diretsahang nasambit ni Guinoo ang, "Hindi po ako sasali, Bini, dahil magpapahinga na po ako sa pamamahayag." Hindi tumugon ang guro sa kaniya. Sa halip, ganito ang sinabi: "Kakikitaan ka ng potensiyal, G., lalo pa't may background ka nang nasa elementarya at hayskul ka pa gaya ng interbyu ko sa 'yo at pinatunayan mo iyan sa ipinasa mong akda sa akin noong nakaraan." Nang dumating na ang unang araw ng aktibidad, wala pa ring interes si Guinoo at nang nalaman niyang may oral recitation sa Readings in the Philippine History (RPH) na hindi niya napaghandaan, napilitan na lamang siyang tumuloy sa venyu upang makaiwas rito. Nang matapos ang aktibidad, nagwagi siya ng Unang Gantimpala sa Pagsulat ng Kolum sa Filipino; nasiyahan si Bini Aising rito, lalo pa't lahat ng ipina-excuse niya para dito ay nanalo at natanggap sa publikasyon.

Sa sumunod na mga buwan ay enrolment na para sa Ikalawang Semestre. Sabi ng propesora sa chatgroup nila, "Magandang gabi, sa mga magpapaenrol bukas maliban kina Guinoo, Fulminar, at Hunyog ay kailangang maghanda para sa Assessment Exam na ibibigay ko bilang bahagi ng Retention



Policy natin." Biglang napatanong si G. Guinoo kung bakit hindi sila kasali sa nasabing eksam. Kalaunan, nalaman na lang niya sa kaniyang mga kaklase na siya lang ang magpapatuloy sa programa dahil karamihan sa kanila ay hindi nakapasa at inabisuhan na mag-shift. Nakaramdam siya ng pagkabahala, takot, at pangamba sapagkat mag-iisa na lamang siya sa ikaanim na batch nila.

Sa kasagsagan ng Ikalawang Semestre, may napapansing kakaiba si Guinoo dahil ang dalawang sabjek lamang sa medyor na hinahawakan ni Bini Aising ang padayong itinuturo nito sa kaniya sa halip na may isa pa nito—ang Kurikulum. Wala lamang siyang kibo rito. Pero nang naghatid ng pribadong mensahe ang propesora sa kaniya ng, "Magandang umaga, halika muna sa office. Magkikita tayo," kinakabahan nang todo ang estudyante. Habang nasa gitna ng kanilang pag-uusap, nakita niyang mangiyak-ngiyak ang propesora. May kutob siyang talagang pinagtalunan nila sa opisina ang patungkol sa pag-iisa nito sa programa. At tama nga siya dahil sinabi ng guro ang ilan sa kombersasyon ng kaniyang kasamahan.

"Doon na lang sa Main Campus mag-aaral si G. ng BSEd Filipino o 'di kaya'y advised to shift siya sa ibang programa," turan ng ilang usyusong kasamahan ng propesora sa tanggapan ng kanilang fakulti.

"Hindi! Mananatili siya rito sa atin dahil mahusay siya sa pinili niyang larang. Sa inyo lang naman ang di-normal na nag-iisa lamang ang isang mag-aaral sa kaniyang kinuhang programa dahil ngayon lang nangyari dito sa kampus pero sa ibang pamantasan ay hindi," mariing tugon ni Bini Aising.

Patungkol sa Kurikulum, ipinaliwanag ng propesora na hindi na niya naipagpatuloy ang pagtalakay sa nilalaman dito dahil sa hidwaan nila sa faculty load dulot nito at naging isyu sa kataas-taasan kaya may bagong Certificate of Registration (CoR) ang ibinigay sa kaniya at pinalitan lang ang nasabing asignatura ng Life and Works of Rizal dahil ani Bini, "Pupuwedeng ibigay ang isang kurso sa iyo na itinuturo sa ibang programa sa parehong semester basta nasa silabus mo."

"Bakit po nila sasabihin sa inyo, Bini, na sa Main Campus na lang ako magpapatuloy o lumipat ng ibang programa dahil mag-isa na lang ako? May karapatan naman akong pumili kung saan ko gustong mag-aral at ano ang gusto kong larang at ito ang napili ko," paglalahat ni G. Guinoo. "Iyong Grade 9 adviser po naming noon ay kagaya rin ng sa akin na apat pa sila nang una at kalauna'y siya na lang ang natira. Doon pa nga po sila nagkaklase sa mesa ng kaniyang propesor sa Physical Science. Kaya, wala naming kaso po kung gano'n kasi ano ang magagawa natin na gano'n na talaga ang ibinigay na mga grado sa bawat isa sa amin na dahilan para hindi sila mananatili sa medyor kasama ko."

"Iyon nga ang ipinaliwanag ko sa kanila. Nagbigay pa nga ako ng mga halimbawa sa ibang kolehiyo at unibersidad na alam kong katulad din sa sitwasyon mo," padugtong na sagot ni Bini Aising.

Pagkatapos ng kaganapang iyon, napabuntónghiningá si Guinoo nang bumili ng buy 2, take 1 na milktea sa harap ng main gate ng kampus at bumalik kaagad sa kanilang boarding house dahil mahaba pa ang oras para sa susunod na klase ng araw na iyon.

Makalipas naman ng ilang linggo magmula nang nangyari iyon, naghahanda ang lahat para sa Educators' Week. Isa si G. Guinoo sa mga opisyal ng departamento. Dahil sa pagiging abala nito sa tanggapan ng fakulti at sa mga pangyayari ng kaniyang pamumukod-tangi sa programa, naging palasak na sa buong departamento—o 'di kaya'y sa buong kampus—ang palagiang pagtawag sa kaniya ng isang "Binibining Pathupat" ng "Ginoo" na may iba pa ngang nagbiro na "Ginaa". Tanging "Hehehe" at "Huhuhu" na lang ang tugon sa isip ni Guinoo rito.

"Hayaan mo na lang sila, G. Guinoo. Ako nga, e, hinayaan ko na lang tawagin akong 'Binibini' o 'Bini,'" sambit ng propesora sa kaniya nang napansin niyang naging popular ang musmos.

Kinabukasan, may isang koordineytor na kasangga ng propesora na nagsabi sa kaniya sa kanilang katutubong wika na, "Huwag mong pababayaan si Inay." Inay kasi ang tawag sa binibini ng ilan sa malalapit niyang kasamahan sa fakulti. Magmula nang narinig nito ng ginoo, ito ang palagi niyang pinanghahawakan at naging panloob na motibasyon sa pagpapatuloy. Kaya, may ipinangako siya sa kaniyang sarili: "Huwag kang mapresyur. Manalig ka palagi sa Kaniya para gabayan ka. Suklian mo ng anumang kabutihan ang paninindigan sa iyo ng propesora na makatutulong hindi lamang sa iyo kundi pati sa buong programa, departamento, at kampus."

Samantala, naging payapa at panatag ang sumunod na Unang Semestre ng Ikalawang Taon ni Guinoo sa kabila ng maraming magagandang

karanasan nito kasama ang Aising gaya ng pagbibigay ng perspektiba nito ang pagkakaroon ng Sentro ng Wika at Kultura sa unibersidad, paglahok nila sa isang panrehiyong patimpalak sa BnWP 2023 ng isang prestihiyosong pamantasan at sa lokal na kompetisyong pang-unibersidad, pagpresenta ng panukalang pampananaliksik para sa antolohiya ng mga alamat, pag-oorganisa ng mga gawaing pangwika, at marami pang iba. Nabatid din ng binibini ang pagkakaroon ng iba't ibang tungkulin ng ginoo na humubog sa kabuoang pag-iral nito bilang indibidwal, pagiging guro sa hinaharap, at pagiging responsableng mamamayan; paminsan-minsan, umaalay ang propesora sa anumang idudulog ng estudyante. Hanggang sa dumating ang Ikalawang Semestre at panahon na ng kanilang Educators' Days na kung saan maraming mga patimpalak na nangangailangan ng maraming kalahok ng bawat programa para dito. Dahil kakaunti lang—pero mga palaban naman—ang mga kamedyor ng ginoo, nagkaroon siya ng tsansang makausap ang propesora.

"Bini, kung maaari po sana, damihan po ninyo ang pagtanggap ng mga mag-aaral puhon sa programa natin para mas makakalahok po tayo nang todong-todo sa mga aktibidad na kasasangkutan po natin," aniya.

"Ginoong Guinoo, pangit ang titser kung bobo," mga salitang tahasang inukol ng propesora sa kanilang katutubong wika. "Sinubukan ko na 'yan sa sinundan mong batch at nahirapan na ako sa pagsala sa kanila dahil maaayos naman ang kani-kanilang nakuhang marka kahit hindi talagang marurunong sa Filipino. Natandaan mo noong pinapalektyur kita sa kanila patungkol sa ponolohiya at morpolohiya, napanganga muna sila hanggang umabot na kayo sa iyong pasulit."

Nang humantong na sa Unang Semestre ng Ikatlong Semestre, humarap ang G. Guinoo sa panibagong hamon: ang kaniyang tesis. Ani Bini Aising sa kaniyang pagdinig sa panukalang papel ng ginoo, "Major revision ito siya. Aayusin mo ang iyong manuskrito. Hayaan mo, aantabayanan mo ang compliance checklist na ibibigay namin." Gayunpaman, maluwag niyang tinanggap ito.

Maraming sirkumstansiya ang naging balakid sa pagsasakatuparan ng ani propesora sa ginoo na 'tanging maiiwan mo sa amin.' Sadyang sinubok siya ng panahon kasabay ng mga konplikto sa kaniyang mga pagpupunyagi sa labas ng klasrum hanggang umabot na sa puntong sinabihan siya na, "Tapusin mo na ang tesis mo. Masyado nang matagal iyan. Mapupurnada ang pagtatapos mo, sinasabi ko sa 'yo."

Dahil dito, kahit nabibigatan at halos susuko na si G. Guinoo, may awa rin ang Poong Maykapal sa kaniya. Nagkaroon siya ng mga paraan upang matapos at sa wakas ay mairaos niya ang kinaaasam ng kaniyang propesorang naging magulang o 'di kaya'y ate o kasama sa mga pagsisikap pangwika, pangkultura, at pampanitikan. Nang lumaon, grumadweyt ang namumukod-tanging mag-aaral ng ikaanim na batch ng programang BSEd Filipino sa kampus na may akademikong karangalan na Magna Cum Laude at 11 natanggap na pagkilala. Sa lahat ng saya at lungkot, ginhawa at unos, pagsubok at tagumpay, palaging nakaalalay sa balikat ang maalamat na propesora. Mula sa kinaibuturan ng kaniyang puso, ito ang huling tagubilin, pasasalamat, at wika ng pagmamalaki sa ginoo sa paskil ng opisyal na Facebook page ng programa:

"Ang iyong pagtatapos ay hindi lamang bunga ng talino at sipag, kundi patunay rin ng iyong dedikasyon at pagpupursige bilang mag-aaral. Sa buong panahon ng iyong pananatili sa unibersidad, naging huwaran ka ng kahusayan sa akademiko at pamumuno."

"Lubos na kinikilala ng programang BSEd Filipino at ng departamento ang iyong hindi matatawarang ambag bilang isang aktibong mag-aaral. Ang iyong mga inisyatiba, pamumuno, at malasakit ay nag-iwan ng inspirasyon at pamana na mananatiling gabay sa mga susunod pang henerasyon ng mga mag-aaral."

"Habang ikaw ay humaharap sa panibagong yugto ng iyong buhay, nawa'y manatili sa iyong puso ang mga aral na iyong natutuhan, hindi lamang bilang isang mag-aaral, kundi bilang isang magiging guro. Dalhin mo ang karunungan nang may kababaang-loob, at gamitin mo ang iyong kakayahan upang magbigay-liwanag sa landas ng iba."


"Muli, pagbati sa iyong pagtatapos! Nawa'y magpatuloy kang inspirasyon, lider, at mahusay na guro para sa bayan."

At sa kahuli-hulihan, tumugon siya sa pamamagitan ng isang komento: "Maraming salamat sa nakakaantig na paskil na ito! Aasahan ninyong tangan-tangan natin palagi ang mga gintong butil na natamo sa apat-na-taong pananahanan sa ating pinakamamahal na akademikong pugad."

Ang Pulang Bistida

Danette May C. Abalos

Sa isang payak na nayon ay nakatira si Tinay, isang batang simple ang pamumuhay ngunit sagana sa pangarap. Unang baitang pa lamang siya noon. Masaya siyang pumapasok sa paaralan, nakikinig sa guro, at nagsisikap na matuto. Hindi pa niya lubos na nauunawaan ang tungkol sa mga parangal, medalya, o ribbon. Para sa kaniya, sapat nang makapasok sa paaralan at mapasaya ang kaniyang guro at pamilya.



Isang araw, sinabi ng kanilang guro na malapit na ang araw ng pag-aani ng mga tagumpay at ang mga tatanggap ng parangal ay kailangang magsuot ng maganda at presentableng damit. Tuwang-tuwa si Tinay. Hindi man niya alam kung kabilang siya sa mga tatanggap ng parangal, naisip niyang mahalaga ang araw na iyon.

Pag-uwi niya, sinabi niya ito sa kaniyang tiyuhin. Dahil nais nitong mapasaya ang pamangkin, binigyan siya nito ng isang magandang damit—isang pulang bistida. Makintab, maayos ang tahi, at para kay Tinay, iyon na ang pinakamagandang damit na nakita niya sa buong buhay niya.

Dumating ang araw ng programa. Maagang nagising si Tinay at maingat na isinuot ang pulang bistida. Umaasa siyang maririnig din ang kaniyang pangalan. Isa-isang tinawag ang mga batang tatanggap ng medalya at ribbon. Masaya siyang pumapalakpak, ngunit habang lumilipas ang oras, unti-unting napawi ang kaniyang pananabik.

Hindi tinawag ang kaniyang pangalan. Natapos ang programa nang walang medalya, ribbon, o palakpak para kay Tinay.

Tinitigan niya ang kaniyang pulang bistida na kanina lamang ay puno ng saya ngunit ngayo'y tila mabigat na sa kaniyang pakiramdam. Bigla siyang nakarinig ng mga salitang hindi niya kailanman nakalimutan: "Kung gusto mong maging katulad nila, magsumikap ka."


Mula noon, naging mas masipag si Tinay. Nagbasa siya, nag-aral, nakinig, at nagtiyaga sa bawat aralin. Kapag nahihirapan, hindi siya sumuko. Sa paglipas ng mga taon, ang batang minsang hindi natawag sa entablado ay nagsimulang makamit ang sariling mga tagumpay.

Lumipas pa ang panahon at naging guro si Tinay sa isang kilalang pamantasan sa Catbalogan matapos makapagtapos ng masterado at doktorado. Isang araw, nakita niya sa isang lumang kahon ang kaniyang pulang bistida. Kumupas na ang kulay nito, ngunit nanatili ang mga alaala. Ngumiti siya at naalala ang batang minsang hindi natawag sa entablado.

Para kay Tinay, hindi kabiguan ang araw na iyon kundi ang simula ng kaniyang paglalakbay. Natutuhan niya na ang tunay na tagumpay ay hindi lamang tungkol sa medalya o ribbon—ito ay tungkol sa tapang na bumangon, magsumikap, at patuloy na mangarap.

BARYA SA PANTALAN

Aljune J. Castillo



Lumundag si Lian bago pa tuluyang lumapat ang barya sa tubig. Parang palasong bumaon ang kaniyang katawan sa dagat. Isang saglit na kislap lamang ang nasilayan niya bago ito nilamon ng maalat na tubig. Humahapdi ang kaniyang mga mata habang hinahabol ang maliit na bilog na umiikot sa pagitan ng mga tulos ng pantalan.

Isa. Dalawa. Tatlo. Unti-unting lumulubog ang barya. Iniunat niya ang kanang kamay, ngunit may isa pang palad na nauna rito. Nagbanggaan ang kanilang mga balikat. Kumawala ang pinong latak at buhangin mula sa ilalim ng dagat. Sa isang iglap, lumabo ang tubig at naglaho ang kislap ng barya. Nang umahon siya, sabay niyang nilunok ang hangin at alat ng dagat. Humalakhak ang ilang pasaherong nakasandal sa gilid ng barko habang pinagmamasdan ang mga batang sumisisid.

“Isa pa! Hagisan pa natin!”

Mula sa ibabaw, tila isang nakaaaliw na palabas ang lahat. Ngunit sa ilalim ng tubig, walang laro. Doon, bawat segundo ay katumbas ng hininga, bawat barya ay katumbas ng isang takal ng bigas, at bawat pagsisid ay maaaring maging huli.

Sa ilalim ng lilim ng lumang bodega ay binilang nila ang kinita. Dalawang daan at siyamnapung piso. Ibinukod ni Doro ang isang daan para sa bigas, limampu sa gamot, at dalawampu sa utang. Ipinatong niya ang natira sa palad ni Lian pambili ng tinapay.

Pagsapit ng hapon, muling umugong ang sirena ng barkong papasok mula Batangas. Napuno ng tao ang pantalan. "Huling biyahe na 'yan," mahinang sabi ni Doro habang pinipisil ang naninigas niyang dibdib. May kumalansing na mga barya mula sa barko. Muling lumundag si Lian at nakabalik sa ibabaw hawak ang tatlong barya. Bumalik siya sa tabi ng ama. “Tay, sapat na muna ito,” sabi niya.

Nilapitan sila ng isang matandang tindera sa pantalan. “Kung gusto mo, Lian, tulungan mo ako sa tindahan,” alok ng babae. “Mas ligtas iyon kaysa sumisid ka.”

Tumingin si Lian sa dagat, pagkatapos ay sa baryang nasa kaniyang palad. Tumingin siya kay Doro na ngumiti kahit pinipigilan ang pag-ubo. Sa pantalan, muling umalingawngaw ang busina ng barko. Ngunit nang araw na iyon, hindi na lumundag si Lian. Hawak ang maliit na pag-asang inialok ng matandang tindera, pinili niyang umuwi kasama ang ama, bitbit ang kaunting kinita at isang pangarap na, sa wakas, ay hindi na kailangang sisirin sa ilalim ng dagat.

Kung ang Pagliban ay Maaari Lamang

Kyle Aris Dayvid D. Roño

"Tak, tak, tak"—ang sunod-sunod na tunog ng paglapat ng daliri sa screen ng cellphone ni Gng. Tatlonghari. "Oh, 'wag kalilimutang tapusin ang takdang-aralin at gumising nang maaga bukas, ha!" paalala niya sa kan'yang mga mag-aaral sa group chat nila. Aniya, ito'y isang paraan ng pagbibigay ng motibasyon sa mga batang palaging lumiliban sa pagpasok sa paaralan.

Si Gng. Tatlonghari ay dalawampu't limang taon na sa serbisyo at kilala bilang isang gurong may busilak na puso at masigla sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Maraming bata rin ang nagsasabing kaabang-abang palagi ang kaniyang mga gawaing inihahain sa klase na tila hindi nauubusan ng mga bagong ideya sa araw-araw. Bukod sa husay sa asignatura, siya rin ang madalas lapitan ng mga batang may iba't ibang mukha ng pagsubok sa buhay.

Kinabukasan, habang siya ay nagkakaroon ng talakayan sa nobelang Noli Me Tangere, itinanong niya sa klase, "Kanino ninyo nakikita ang inyong sarili sa mga tauhan sa nobela?"

Walang pagdadalawang-isip na nagtaas ng kamay ang isang mag-aaral. "Ma'am, sa aking palagay ay ako po si Basilio. Lagi ko po kasing nakikitang sinasaktan ni Tatay si Inay."

Saglit na natulala ang guro, nagulat sa kaniyang narinig. Hindi na muna niya ito sinusugan ng kasunod na tanong at ipinagpatuloy na lamang ang pagtatalakay.

Makalipas ang ilang minuto, tumunog na ang bell—hudyat na tapos na ang kaniyang klase. Hinintay niyang makalabas ang lahat ng mga mag-aaral, ngunit nakita niyang nanatiling nakaupo ang batang sumagot kanina. Nilapitan niya ito, kinumusta, at binigyan ng payo—hindi lang bilang isang guro, kundi bilang isang ina.

Nang matapos ang kanilang pag-uusap at lumabas na ng silid ang bata, nagpakawala ng isang malalim na buntong-hininga si Gng. Tatlonghari. Mabigat ang kaniyang kalooban sa narinig mula sa mag-aaral. Kasabay nito, nakaramdam din siya ng pananakit ng ulo at init ng katawan dulot ng pagod sa maghapong pagtatrabaho. Naisip niyang humingi ng pahintulot na lumiban upang makapagpahinga kinabukasan, ngunit naalala niyang wala na pala siyang natitirang araw para rito mula sa kaniyang prebilehiyo bilang guro.

Palabas na siya ng silid-aralan nang maibulong niya sa kaniyang isip, "Kung ang pagliban ay maaari lamang, hindi ko ito ipagpapaliban…"

Sandali siyang tumigil sa harap ng pintuan.

"…dahil hindi lamang naman ako hinihintay ng isang klase. Hinihintay ako ng mga batang umaasa. At hangga't may isang batang naniniwalang may guro siyang babalik bukas, hindi ako maaaring lumiban."

Inayos niya ang kaniyang sarili, at muli siyang pumasok sa silid-aralan.

PALAMIG

Keren B. Gimena

Nanginginig, nangingilabot, at 'di mapakali. Halos matunaw na ang papel sa aking namamasang palad. Tumatagaktak ang pawis mula sa aking noo na tila ba'y malapit nang sabayan ng aking mga taksil na luha. Kaunti na lamang ay pasuko na ang aking mga tuhod; mapapahiya ko na naman ang aking sarili.

Palayo nang palayo ang aking diwa. Buti na lang at pinaupo na ako ng aking guro—alam kong may mga salitang lumalabas sa kaniyang bibig, ngunit ni isa ay wala akong maintindihan. Manhid akong humakbang pabalik sa aking upuan. Bagama't wala na sa unahan, patuloy pa rin ang panggugulo ng mga boses sa aking isipan.

“Bakit kasi ako ang unang tinawag?”

“Siguro sinadya nila iyon?”

“Ginawa nila ito para sila ang hindi kabahan, para hindi sila ang mapahiya!”



Malamang ay pinagtatawanan na naman ako ng aking mga kamag-aral. Naririnig ko ang kanilang mga bulong ngunit hindi ko maabot ang kahulugan. Ramdam ko ang kanilang mga kaluskos, ngunit parang malayo ako sa reyalidad. Nanginginig pa rin ang aking mga kamay, basang-basa ako sa pinaghalong pawis, luha, at... dugo?

Ramdam ko ang bigat ng bawat hakbang. “Ganoon ba talaga ako kahina?” Naninigas ako at nanlalamig. Palagi na lang akong huli sa klase. Punong-puno ang isip ko ngunit napakagaan, tila ba lumulutang na ako. Siguro nga tama ang aking ina: “Wala kang kuwenta!”

Naglalakad ako nang wala sa wisyo, ngunit alam ko kung saan ako patutungo. Pagkatapos nito, tapos na rin ako.

Palapit nang palapit. Patawarin nawa ako—

—naputol ang aking malalim na pag-iisip. Isang baso ng palamig ang iniabot sa akin.

Pag-angat ko ng aking paningin, sinalubong ako ng mga kumikinang na mata ng aking guro. Guhit sa kaniyang maamong mukha ang labis na pag-alala.

"Anak, ayos ka lang?"

Si Tintoy

Roy O. Jarlego

Noong bata pa si Tintoy, ang tingin niya sa guro ay isang taong naghihintay lamang ng pagkakamali. Sa bawat paghakbang niya papasok sa paaralan, dala-dala niya ang mabigat na kaba. Hindi dahil ayaw niyang matuto, kundi dahil alam niyang hindi kailanman sasapat ang kaniyang oras. Marami siyang responsibilidad sa bahay na hindi niya maaaring takasan, kaya madalas ay nauwi siya sa klase na kulang sa tulog, basang-basa sa pawis, at walang natapos na takdang-aralin.

Isang Lunes, tuluyan nang napuno ang tasa ng kaniyang mga pangamba. Hindi niya naipasa ang pinakamahalagang requirement sa klase—ang proyektong ilang linggong ipinaalala ng kanilang guro. Nang magsitayuan ang mga kaklase niya para umuwi, narinig niya ang malamig na tinig na pumigil sa kaniya.

"Tintoy, sandali."

Napalunok siya. Alam na niya ang susunod na mangyayari. Humakbang siya palapit sa mesa ng guro, nakatungo, habang mahigpit na kinakamay ang dulo ng kaniyang uniporme.

"Nasaan ang output mo, Tintoy?"

"Pasensiya na po, Sir... Hindi ko po natapos," basag ang tinig na sagot niya.

Tahimik na tinitigan siya ng guro. Akala ni Tintoy ay isasampal sa kaniya ang mabibigat na sermon. Ngunit sa halip, mahinang itinanong ng guro, "Bakit?"


Hindi siya nagdahilan; isinalaysay niya ang totoong buhay sa labas ng eskuwelahan—ang pag-aalaga sa mga nakababatang kapatid, ang pagtulong sa maliit na tindahan ng kanilang ina, at ang gabing walang tulog kundi pagod.

Matagal na natahimik ang guro. Pagkatapos, marahan itong tumango at nagsabing, "Bibigyan kita ng isa pang pagkakataon. Pero kailangan mo pa rin itong tapusin. Tinutulungan kita dahil naniniwala akong kaya mo." Natigilan si Tintoy. Sanay siyang mapagalitan, sanay siyang mapag-iwanan. Hindo siya sanay na may makakita sa kaniyang halaga.

Makalipas ang ilang araw, buong-tapang siyang bumalik sa mesa ng guro at inabot ang natapos na papel. "Sir, natapos ko na po."

Tiningnan ng guro ang ipinasa niya. "Hindi perpekto," wika nito. Yumuko si Tintoy, naramdaman ang muling pagbagsak ng balikat. "Pero natapos mo," dagdag ng guro sabay ngiti.

Sa simpleng ngiting iyon, may nabago sa pagkatao ni Tintoy. Napagtanto niyang hindi siya ang kaniyang mga pagkukulang. Ang isang hindi naipasa na papel ay hindi sukatan ng buong pagkatao niya. At habang tinitingnan niya ang kaniyang guro, naintindihan niya ang isang bagay: ang mga guro ay hindi lamang nag-iiwan ng aralin sa pisara; may mga gurong nag-iiwan ng liwanag upang matutunan nating paniwalaan ang ating sarili.



Ang Dalawang Lata sa Palanas

Roger Jr. Atibagos Pautan

Bilog na bilog ang buwan sa bayan ng Palanas. Masigla si Ina kahit pitong buwan nang nagdadalang-tao. Nang sumapit ang hapon, dumating si Lolo Jun na may bitbit na itim na manok. Piling-pili ang itim, sa lilim ay palihim.

"Para saan ang manok, Lolo?" usisa ko.

"Ito ang Tingawok," sagot ni Lolo. "Isang lumang surundón upang ipananggalang ng ina at sanggol laban sa awok."

Sa mahabang mesa, maingat niyang inihanay ang pitong kendi, pitong tinapay, pitong sigarilyo, baso ng tubig, at itlog sa ibabaw ng kanin. Sunod-sunod ang utos ng lolo ko, umayos sa pag-aayos. Inabot niya sa akin ang bao ng niyog na may bága at kamangyan. Habang kumakapal ang usok sa aming tuob, itinaboy nito ang anumang panganib.

Lumabas si Lolo dala ang manok. Sa ilalim ng kabilugan ng buwan, lumuhod siya at sumampit sa apat na direksiyon ng hangin. Taimtim ang dalangin, sa hangin ay dumating. Ibinaon niya ang balahibo at buto sa lata upang maiwasan ang hawâ.

Pagkatapos ng Paulaw, masaya kaming nagsalo sa nilutong manok.


Lumipas ang dalawang buwan. Umiyak nang malakas ang isang malusog na sanggol na babae! Ligtas si Ina at ang aking bagong kapatid.

"Salamat, Lolo, sa pagprotekta sa kanila," wika ko.

Ngumiti si Lolo at inakay ako sa bakuran. Ipinakita niya sa ilalim ng puno ang isa pang lumang lata.

"Berto, sampung taon na ang nakalilipas, sa kabilugan din ng buwan, ginawa ko rin ang Tingawok... para sa iyo."

Ako ay nagulat. Ang hiwaga sa mesa ay hindi lamang ritwal laban sa dilim, kundi ang walang putol na pamana ng pagmamahal na balang araw ay ako naman ang magpapatuloy.



Nagbagong Pangarap

Geraldine C. Rebamonte

Si Dalia ay isang tahimik na batang lumaki sa iskuwater. Ang kaniyang ama ay isang pulis patrolman. Sa murang edad, pinangarap niya na maging opisyal ng pulis—hindi upang makatulong sa mga tao at maprotektahan ang mga naaapi, kundi upang makaganti sa kaniyang ama.

Maraming babae ang naging asawa ng kaniyang ama, at sa bawat bagong pamilyang nabubuo nito, lalo namang napababayaan ang pamilya ni Dalia, ang kaniyang dalawang kapatid na lalaki, at ang kanilang ina. Kadalasan, kulang sila sa pagkain, walang sapat na pera para sa mga gastusin, at madalas mangutang ang kaniyang ina upang may maipambili sa pang-araw-araw na pangangailangan. Saksi si Dalia sa hirap, pagod, at lungkot ng kaniyang ina sapagkat madalas pa itong binubugbog ng kaniyang ama. Dahil dito, lalong sumidhi ang galit ni Dalia sa dating hinahangaan niyang ama.

"Balang-araw, magiging opisyal din ako ng pulis," pangako niya sa sarili. "At kapag nangyari iyon, sisiguraduhin kong sasaludo siya sa akin at ipakikita ko sa kaniya na hindi niya dapat kami pinabayaan."

Lumipas ang mga taon. Nagsikap si Dalia sa pag-aaral sa kabila ng mga pagsubok. Habang lumalaki, mas marami siyang natutuhan tungkol sa buhay, pamilya, responsibilidad, at higit sa lahat—pagpapatawad. Sa halip na matuon sa galit, nagsimula niyang maunawaan na hindi niya kailangang maging katulad ng kaniyang ama upang maging matagumpay.

Sa kolehiyo, natuklasan ni Dalia ang pagmamahal sa pagtuturo. Mahilig siyang magpaliwanag sa kaniyang mga kaklase at tumulong sa mga estudyanteng nahihirapan sa aralin. Napagtanto niyang mas gusto niyang hubugin ang isip at pagkatao ng mga kabataan kaysa maghiganti sa nakaraan. Pagkaraan ng ilang taon, naging guro siya sa hayskul at nagpatuloy ng pag-aaral sa masterado kaya nakapagturo siya sa kolehiyo.

Isang araw, tinanong siya ng isang estudyante, "Ma'am, ano po ang pinakadakilang tagumpay ninyo sa buhay?"

Ngumiti si Dalia bago sumagot. "Ang pinakamalaking tagumpay ko ay ang hindi ko hinayaang sirain ng pagkukulang ng ibang tao ang kinabukasang kaya kong likhain."

Sa puso ni Dalia, tuluyan na niyang binitiwan ang galit sa kaniyang ama na nang mga panahong iyon ay sumakabilang-buhay na, ngunit may pagmamalaki kay Dalia dahil siya lamang ang nakatapos ng doktorado sa kanilang magkakapatid. Hindi man nabura ang sakit ng nakaraan, ginawa niya itong dahilan upang maging mabuting guro, ina, at tao.

Ang dating batang nangarap maghiganti ay naging isang gurong nagturo ng mas mahalagang aral: hindi natin kontrolado ang mga pagkakamali ng iba, ngunit kontrolado natin kung ano ang magiging bunga nito sa ating buhay.



Hindi Siya Bayani

James Rufino Ciriaco

Palubog na ang araw pero wala pa rin si ina. Ang mga luha ko'y di ko pa kayang bitiwan. Kahit si ama ay nasa likod-bahay lamang, mas ramdam niya ang pagtilaok ng kaniyang mga manok kaysa paninikip ng aking kalooban.

Mula Lunes hanggang Biyernes, alas-singko y medya kadalasang umuuwi si ina. Pagdating ay diretso na siya sa paghiwa ng sibuyas, karne, gulay o kung ano man ang meron sa loob ng refrigerator. Naka-uniporme pa siyang naghahapunan.

Pagkatapos niyang magligpit ng mga plato at muling linisin ang kusina, doon pa lamang siya magpapalit ng damit pambahay. Saka uupo sa sulok kung saan siya namamalagi. Kung saan palaging buhay ang kaniyang laptop at printer, bukas ang kaniyang mga aklat at class record. Minsan doon na siya nakalungayngay. Tila ba naging Sleeping Beauty siya at pinanonood ng mga pangalang nakasulat sa bawat 1/4, 1/2 at 1 whole na papel habang pinakikinggan ang kaniyang paghilik.

Sa wakas, pumarada sa harap ng bahay ang traysikel na suki niya. Pagkapasok na pagkapasok pa lamang niya sa aming bakod, tumakbo ako palapit at ipinulupot sa baywang ang maliliit na bisig. At doon na nagpaunahan sa pagdaloy ang aking mga luha. Kasama ng kaniyang dalawang bag, kinarga niya ako papasok ng bahay at doon inilapag.

"Bakit ka umiiyak bunso, masakit ba ang iyong tiyan?" Umiling ako habang ang mga mata ay nakatutok sa sahig.

"May nang away ba sa iyo sa paaralan?" Muli akong umiling. "E, bakit ka umiiyak, bunso ko?"

Ipinasok ko sa bulsa ang kamay. Ang kaninang sandangkal lamang ang lalim ay wari naging napakalaki at napakalalim na balon. Mula sa loob, dinukot ko ang papel na ibinigay ni titser para ipakita sa kaniya. Halos hindi ko mailabas. Napakabigat.

Nang tuluyan kong madaig ang bigat ng mga numero na nakasulat sa papel ay ibinigay ko ito sa kaniya.

"Pirmahan mo daw 'nay, sabi ni titser."

Yumuko siya at tiningnan ang papel. Nakita ko sa kaniyang mga mata ang bigat ng mga nakasulat na numero: 77, 75, 75, 75...

Gaya ng pagkalong sa isang sanggol, ikinulong niya ako sa kaniyang mga bisig at idinuyan. Mahigpit.

Walang salita.

Maliban sa mga luhang pumatak sa aking mga balikat.



Tisa at Pisara

Mae Bianca B. Baquiran

Alas-sais y medya pa lamang ng umaga ay naghahanda na si Gng. Rosa sa kaniyang silid, inihahanda ang pisara at huling piraso ng tisa, isang munting panulat upang mag-iwan ng marka sa buhay ng iba. Nang tumunog ang kampana, nakatayo na siya sa harap. Matiyaga, nakangiti, at bukas ang bisig sa bawat mag-aaral.

Bawat guhit ng tisa sa pisara ay tila isinisilang ang pangarap para sa isang batang mahiyain at madalas nahuhuli sa klase—si Mira. May pusong binalot ng takot, iniyuyuko niya ang kaniyang ulo sa tuwing tinatamaan ng tanong sapagkat para sa kaniya, ang mga titik at numero ay tila sumasayaw nang walang pahinga.

Isang umaga, muling nahuli si Mira. Paghakbang sa pinto, nakayuko siya habang mahigpit na kayakap ang lumang kuwaderno. Walang singhal o galit ang sumalubong sa kaniya. Sa halip, isang mainit na ngiti ang ibinigay ng guro.

"Magandang umaga, Mira. Maari ka nang umupo sa iyong upuan."

"Salamat po," mahina niyang sagot.

Lumipas ang mga araw, sa muling pagtunog ng kampana para sa uwian ay nanatili si Gng. Rosa sa silid. Naroon din si Mira, nakakapit sa kaniyang upuan na tila itinali ng pangamba. Nilapitan siya ni Gng. Rosa bitbit ang tisa at baon ang walang kapantay na pasensiya. Binuwag ng guro ang pader ng takot sa pamamagitan ng payak na salita.

"Maniwala ka, kaya mo iyan."

Hinawakan niya ang nanginginig na kamay ng bata. Hindi nagtagal, ang aninong laging nagtatago sa dulo ay dahan-dahang humakbang tungo sa liwanag ng pisara.

"Gng. Rosa, kaya ko na po," marahang pumulas sa kaniyang mga labi.

Napangiti ang guro.

Dumating ang araw ng pagtatapos. Sa gitna ng mga palakpak, hinanap ni Mira ang kaniyang guro. Paglapit niya, mahigpit na yakap ang kaniyang isinalubong kasabay ang pagtulo ng luha.

"Maraming salamat po sa walang-sawang pasensiya at tiyaga sa pagtuturo sa akin, Gng. Rosa."

Naluha sa galak si Gng. Rosa. Para sa kaniya, ang tunay na kabayanihan ay hindi nakaukit sa malamig na bato o nakakulong sa museo, kundi nakasulat sa bawat alabok ng tisa na naging tulay upang isulat ng kaniyang mga mag-aaral ang sarili nilang tagumpay sa pisara ng buhay.



Walang Pasok sa Kaarawan Ko

Melanie L. Golosinda

Basa sa ulan ang mga unang pahina ng aklat na binabasa ni Fabroa.

Sampung taong gulang siya noon. Nakaupo sa gitna ng baha, nakatuntong sa lamesa ng kanilang kusina. Kaarawan niya. Walang cake. Walang handa. Pero may isang kandilang nakasindi sa ibabaw ng lumang garapon ng tsokolate.

Sa labas, patuloy ang ulan. Sa loob, patuloy ang pagbasa.

"Basahin mo lahat," sabi ni Ma'am Valdes.

Retiradong guro si Ma'am Valdes. Pero lumakad pa rin siya sa baha upang dalhin ang workbook na binili mula sa huli niyang pensiyon.

"Huwag mong hintaying tumila ang baha bago ka matuto."

"Hinding-hindi po. Maraming salamat po."

Iyon ang huling pagkakataong nakita niya si Ma'am Valdes. Nabalitaan niya kalaunan na kinuha ito ng mga anak na nasa Amerika.

Lumipas ang maraming taon.

Guro na si Fabroa.

Baha.

Bagyo.

Kaarawan din.

Walang pasok.

Nakaupo siya sa sopa ng kanilang salas. Sa labas, humahagupit ang hangin at pumapasok ang tubig sa bakuran.

"Sigurado ka ba?" tanong ng asawa niya.

Tumango siya.

"Walang pasok ngayon," sabi niya. "Pero may mga batang naghihintay. Kailangan nila ng gabay."

Pinindot niya ang livestream.

"Walang pasok. May bagyo. Pero kung may signal kayo, mag-aral tayo saglit. Hinggil sa mga dapat gawin sa gitna ng kalamidad ang ating paksa."

Sa evacuation center, sampung bata ang nagsisiksikan sa harap ng iisang selpon. May inang nagbabantay sa power bank. May matandang nag-alok ng upuan para makasagap ng signal ang isang estudyante.

"Bakit hindi na lang siya magpahinga?" bulong ng isang kapitbahay.

"Kaarawan pa niya ngayon."

Nairaos ang maikling talakayan. Nagpalakpakan ang mga bata. Nagpasalamat ang mga magulang sa napapanahon at makabuluhang leksiyon.

"Mag-iingat kayo. Manatiling ligtas saanman kayo naroroon."

Biglang nagdilim ang bahay.

Nawala rin ang signal.

Brownout!

"Salamat at natapos ang klase bago mag-brownout," sabi ni Fabroa sa asawa, kalmado.

Pero balik sa realidad, Walang cake. Walang ilaw. Tulad noon.

Biglang umugong ang generator. Pinaandar pala iyon ng kaniyang asawa.

Pagbukas niya ng kaniyang phone, sa screen, daan-daang mukha ang bumungad.

Mga bata. Mga magulang. Buong evacuation center.

Sabay-sabay silang umaawit.

"Happy birthday…"

Sa gitna ng kanilang pag-awit, may isang batang may iwinawagayway na lumang workbook. Isa iyon sa mga workbook na iniregalo noon sa kaniya ni Ma'am Valdes.

May haplos iyon sa puso niya.

Sa labas, patuloy ang ulan.

Sa loob, may ilaw na.

Hindi mula sa generator.

Mula sa mga batang nakatingin sa kinabukasan at gustong magpatuloy.

Class Record

Djoanna D. Pungtilan

Naalimpungatan si Cathy sa boses ng kaniyang asawa.

"Hon, bilisan mo. Male-late tayo!"

Dali-dali siyang bumangon at napatingin sa orasan.

"Alas-kuwatro pa lang naman, Hon," pupungas-pungas niyang sabi.

"Ikaw ang nagsabing maaga tayong gigising at luluwas, Hon."

Bigla niyang naalala. Ika-40 anibersaryo ng kasal ng kaniyang mga magulang sa araw na ito.

Sorpresa ang inihanda nilang magkakapatid. Pagdating nila sa venue, marami nang bisita, kabilang ang mga dating kasamahan at kaibigan ng kanilang ama at ina.

"Cathy! Ikaw ba 'yan?" tawag ng isang babae.

"Opo. Kayo po si Ma'am Lita, ano?"

"Grabe! Kamukha mo ang nanay mo."

Napalingon si Cathy sa kaniyang ina. Katabi nito ang kaniyang ama, kapuwa nakangiti. Bakas na bakas sa kanilang mga mukha ang kaligayahan.

"Happy anniversary, 'Tay. 'Nay."

"Kumpleto na pala tayo," sabi ng kaniyang ina habang kinakawayan ang mga bisitang malayo sa kanilang puwesto.

Maya-maya, nagsimula na ang programa. Lumitaw sa malaking screen ang mga lumang larawan—ang kasal ng

kanilang mga magulang, ang unang bahay, mga batang magkakapatid, mga graduation at simpleng salu-salo.

Napangiti si Cathy.

Ngunit nang lumitaw ang larawan ng kanilang ina na nakaupo sa harap ng mesa, hawak ang mga papel at panulat, nanikip ang kaniyang dibdib. Hindi na niya napigil ang mga luhang kanina pa gustong lumaglag.

Mahusay na guro ang kanilang ina. Mahal niya at mahal siya ng mga batang tinuturuan niya. Ngunit sa bahay at sa buhay, silang limang magkakapatid ang kaniyang pinakamahalagang mga mag-aaral.

Hindi nakapag-masteral ni nakapag-doktoral ang kanilang ina.

"Bakit hindi ka na lang nagpatuloy noon, 'Nay?" minsang tanong ni Cathy.

Tinitigan siya ng ina.

"May limang degree akong inunang makuha."

"Limang degree?"

"Kayong magkakapatid."

Napanganga si Cathy.

Sa screen, isa-isang lumitaw ang mga larawan nilang magkakapatid: isang guro, isa pang guro, isang negosyante, isang nars sa ibang bansa, at ang bunsong oncologist.

Napaluha siya.

Pagkatapos ng programa, lumapit siya sa kaniyang ina.

"'Nay…"

"Hmm?"

"Salamat sa pagtuturo sa amin."

Tulad noong bata siya, tinitigan siya ng ina bago siya niyakap.

"Hindi ko naman kayo tinuruan ng lahat, anak."

"Pero 'Nay," natatawang sagot ni Cathy habang pinipigil ang luha, "tingnan mo naman ang narating namin."

Napatawa ang kaniyang ina.

Sa gitna ng palakpakan, muling naalala ni Cathy ang sinabi noon ng kanilang ina.

May limang degree akong inunang makuha.

Ngayon niya naunawaan ang ibig sabihin noon.

May isang class record sa puso ng kaniyang ina na hindi kailanman isinulat sa papel. Limang pangalan ang nakatala roon—silang magkakapatid.

Limang pangalan. Limang pangarap. Limang buhay na naging bunga ng kaniyang pagtuturo.



Salary Grade 11

Melanie L. Golosinda

Alas-singko ng umaga nang magising si Mrs. Corazon Bautista, gaya ng nakagawian niya sa loob ng tatlumpu't walong taon. Habang hinihintay niyang kumulo ang kape sa kalan, binuksan niya ang lumang lata ng Alaska Milk na pinaglalagyan niya ng gamot at isa-isang binilang ang natitirang mga tableta. Apat na lang. Kailangan na niyang bumili bago sumapit ang Biyernes.

Sa paaralan, tulad ng dati, masigasig niyang itunuro ang paksa ng araw na iyon: ang pang-uri at pandiwa. May bata sa likod na nagtanong tungkol sa dahilan ng pag-aaral ng gramatika gayong alam naman daw nila kung paano magsalita. Ipinaliwanag niya kung bakit. Iniugnay niya ito sa buhay ng mga bata. Nang matiyak na malinaw na sa lahat ang kahalagahan ng paksa, nagpatuloy siya sa pagsusulat sa pisara.

Pagkatapos ng klase, muli siyang pumunta sa opisina ng punong-guro upang itanong ang kalagayan ng kaniyang papeles para sa pagreretiro. Magalang siyang sinalubong nito at pinaupo pa. Sinabi sa kaniya na naghihintay pa raw ng pag-apruba mula sa Division Office, at maaaring umabot pa ng ilang buwan bago matapos ang proseso.

Habang nakikinig, napansin niya ang isang folder sa mesa na may markang "SG 11: Retention Priority" sa itaas. Hindi na niya ito inusisa. Tumango na lamang siya, magalang na nagpasalamat, at umalis.

Kinagabihan, bago matulog, kinuha niya ang lumang kuwaderno na ginagamit niya sa pagrererekord ng gastusin bawat buwan. Isinulat niya ang halaga ng gamot, ang tinatayang pensiyon, at ang petsa ng pagtatapos ng saklaw ng kaniyang PhilHealth sakaling matuloy ang kaniyang pagreretiro sa Disyembre.



Hindi umabot ang mga numero. Tumingin siya sa relo ng kaniyang yumaong asawa na nakalagay sa ibabaw ng mesa. Isinanla niya iyon noong nakaraang taon nang kapusin siya sa badyet. Mahal ang interes, ngunit kapit sa patalim siya noon. Halos kalahati ng kaniyang buwanang sahod ang naubos nang tubusin niya ito. Ipinangako niya sa sarili na hindi na muling magsasanla.

Kinabukasan, bumalik siya sa paaralan dala ang mga agam-agam na lalo lamang nagpabigat sa kaniyang pakiramdam. Nang magkamali ng sagot ang isang mag-aaral sa pisara, marahan niya itong itinuwid. Nagbigay siya ng iba pang tanong at hinayaang muling sumubok ang bata. Sa kabila ng panghihina ng katawan at mga alalahaning bumabagabag sa isip, tinapos niya ang klase gaya ng dati. Buong tiyaga niyang ginampanan ang tungkuling minahal at pinagsilbihan niya sa loob ng tatlumpu't walong taon.

Isang buwan pagkatapos, muli siyang bumalik sa opisina ng punong-guro upang itanong ang kalagayan ng kaniyang mga papeles. “Balik na lang po kayo sa susunod na linggo,” sabi nito.

Tumango lamang siya at marahang nagpasalamat. Paglabas ng opisina, napatingin siya sa relo. Alas-singko ng hapon.

Naalala niya. Tatlumpu't walong taon siyang bumabangon sa parehong oras upang pumasok sa paaralan.

Ngayon, iba na ang kaniyang hinihintay. Hindi na ang oras ng uwian, kundi ang pahintulot para makaalis.

Titser Aneeqa

Cherry Tiu Budlong-Alih

Mahusay, responsable, at mapagmahal na guro si Aneeqa. Sa kanilang pitong magkakapatid na pawang nakapagtapos ng kolehiyo—doktor, nars, inhinyero, coast guard, pulis, at flight attendant—siya lamang ang nagpasyang tahakin ang propesyon ng pagtuturo.

Noong nakaraang taon, dahil sa sipag at dedikasyon, pinarangalan siya sa kanilang paaralan bilang Katangi-tanging Guro.

Isang umaga, napansin ni Titser Aneeqa si Leo, isang mag-aaral na nakatungo sa kaniyang mesa at natutulog habang nagpapatuloy ang klase. Ilang beses niya itong tinawag ngunit hindi agad nagising. Sa halip na pagalitan, ipinagpatuloy niya ang talakayan at hinayaang makapagpahinga ang bata.

Pagkatapos ng klase, nilapitan niya si Leo.

"Ayos ka lang ba, anak?" malumanay niyang tanong.

Hindi agad nakasagot ang bata. Yumuko ito at pinunasan ang mga matang tila ilang gabing hindi nakatulog.

"Patawad po, Ma'am," mahina nitong sabi. "Nagtatrabaho po ako sa gabi."

Doon unti-unting nalaman ni Titser Aneeqa ang dahilan ng kaniyang pagkapuyat. Nalumpo ang ama ni Leo matapos maaksidente sa konstruksiyon. Ang ina naman ay kumakayod sa paglalaba upang may maihain sa mesa. Bilang panganay sa walong magkakapatid, tumutulong si Leo sa pamamagitan ng paglalako ng balut na kung minsan ay inaabot hanggang madaling-araw.

"Gusto ko pong makatapos, Ma'am," sabi niya. "Ayokong tumigil."

Saglit na natahimik si Titser Aneeqa. Ang nasa harap niya ay hindi isang tamad na mag-aaral kundi isang batang pilit na lumalaban para sa buhay at kinabukasan.

Mula noon, tinulungan niya si Leo sa mga gastusin sa paaralan. Hindi niya ito ipinagsigawan at ayaw niyang maramdaman ng bata na kailangan nitong suklian ang kaniyang kabutihan. Nang malaman ng kaniyang mga kapatid ang kalagayan ni Leo, kusa silang nag-abot ng tulong sa pamilya nito.

Lumipas ang mga buwan. Hindi na natutulog si Leo sa klase. Nanatili siyang payat at madalas ay tahimik, ngunit may kakaibang ningning na ang kaniyang mga mata tuwing sasagot sa talakayan.

Isang araw, bago magsimula ang klase, inilapag ni Leo ang isang maliit na papel sa mesa ni Titser Aneeqa. Nakasulat doon ang dalawang salitang paulit-ulit niyang binasa.


Salamat po, Titser.

Ngumiti si Aneeqa at maingat na itinupi ang papel. Sa labas ng silid-aralan, nagsimula nang magsidating ang kaniyang mga mag-aaral. Kinuha niya ang talaan at tumayo sa harap ng klase.

"Magandang umaga," bati niya.

Sabay-sabay silang sumagot.

At nagsimula muli ang kaniyang pagtuturo.



Si Mingga

Dongpan Crusaldo P. Oligario

Isang hapon, habang naglalakad si Tinong sa tabing-ilog, may napansin siyang maliit na buto sa gilid ng malaking bato. Marahil ay inanod ito ng tubig mula sa kung saan. Dinampot niya iyon at matagal na pinagmasdan sa kaniyang palad.

"Kumusta, kaibigan?" masaya niyang bati. "Mag-isa ka lamang dito, iuwi na lamang kita para may mag-alaga sa iyo."

Pag-uwi sa bahay, humanap si Tinong ng isang maliit na espasyo sa kanilang bakuran. Doon niya itinanim ang buto. "Mula ngayon, tatawagin na kitang Mingga."

Araw-araw niya itong dinidiligan at inaalis ang mga damong tumutubo sa paligid. Kapag may oras siya, kinakausap niya ito na para bang isang matalik na kaibigan.

"Mingga, kumusta ka na?" madalas niyang tanong tuwing umaga.

At sa kaniyang imahinasyon, tila may mahinang tinig na sumasagot.

"Salamat, Tinong. Ramdam ko ang pag-aaruga mo. Makakaganti rin ako sa iyo balang araw."

Lumipas ang mga buwan at sumibol ang maliit na halaman. Lalo itong lumaki sa pagdaan ng mga taon. Para kay Tinong, para lamang itong batang unti-unting lumalaki sa kaniyang paningin. Kasabay ng paglaki ni Mingga ay ang pagdami rin ng mga kuwentong ibinabahagi niya rito.

Tuwing hapon, pagkatapos ng klase, nagkukuwento si Tinong tungkol sa kaniyang mga karanasan sa paaralan, mga pangarap, at mga lihim na hindi niya masabi kaninuman. Tahimik lamang ang puno, ngunit para kay Tinong, sapat na ang presensiya nito upang maramdaman niyang may nakikinig.

Hanggang sa isang araw, namulaklak si Mingga at nagbunga.

"Tinong, tingnan mo," tila narinig niyang sabi ng kaniyang kaibigan. "May mga bunga na ako."

Napangiti si Tinong habang pinagmamasdan ang mga bungang nakasabit sa mga sanga. Ang dating maliit na butong kaniyang inalagaan ay isa nang malaking puno ng mangga na nagbibigay ng lilim at bunga hindi lamang sa kaniya kundi sa buong pamilya.

Ngunit isang gabi, dumating ang malakas na bagyo. Humagupit ang hangin at walang tigil ang pagbuhos ng ulan. Nangamba si Tinong para kay Mingga.

Sa kabila ng malakas na ulan, lumabas siya ng bahay at tumakbo patungo sa puno.

"Mingga, kapit ka lang!" sigaw niya habang mahigpit na niyayakap ang katawan nito.

Ngunit hindi napigil ng puno ang lakas ng unos. Kumapit man ang mga ugat sa lupa, unti-unti itong bumigay. Bumagsak si Mingga sa bakuran at nagkabali-bali ang kaniyang mga sanga.

Hindi makapagsalita si Tinong. Nakatayo lamang siya sa tabi ng kaniyang kaibigan habang unti-unting humuhupa ang ulan.

Sa kaniyang isip, tila muli niyang narinig ang pamilyar na tinig.

"Salamat sa lahat, mahal kong kaibigan."

Napahagulgol si Tinong.

Nawala man si Mingga, hindi nawala ang mga taon ng kanilang pagsasama. Ang maliit na butong minsang kaniyang pinulot sa tabing-ilog ay naging puno, naging bahagi ng kanilang tahanan, at higit sa lahat, naging kaibigang nagturo sa kaniya kung paano magmahal at mag-aruga nang walang hinihintay na kapalit.

Bago Magsara ang Isang Mahabang Kuwento

Felisa D. Marbella

Hindi ko namalayan kung kailan naging mga taon ang mga araw at naging isang mahabang kuwento ang bawat pagpasok ko sa trabaho. Ngayon, kapag nilingon ko ang aking pinanggalingan, hindi ko maiwasang mapangiti at mapaisip.

Tatlumpu't apat na taon. Tatlong dekada at apat na taon ng paglilingkod!

Sa loob ng panahong iyon, marami akong nakasama at nakilala. May mga naging kaibigan, may mga naging gabay, at may mga kasamang naging bahagi ng aking paglalakbay. May mga panahong magaan ang trabaho, ngunit mayroon ding mga araw na tila napakabigat ng bawat responsibilidad.

May mga pagkakataong kinailangan kong isantabi ang sarili kong pagod upang magampanan ang tungkulin. May mga araw na kailangang hatiin ang oras para sa pamilya at ang oras para sa serbisyo. At may mga pagkakataong, kahit pagod na ang katawan, kailangan ko pa ring bumangon, magpatuloy, at sabihin sa sarili: “Kaya mo ito, Felisa. Tungkulin mo ito na dapat gampanan.”

Hindi naging madali ang paglalakbay. Ngunit sa bawat araw na lumilipas, may isang bagay na hindi ko kailanman tuluyang binitiwan—ang pangarap.

Labindalawang taon na ako sa aking kasalukuyang posisyon—labindalawang taon nang nakatayo sa parehong baitang ng hagdan habang tanaw ang susunod na hakbang. Sa loob ng panahong iyon, marami na rin akong naitanong sa sarili: “Kailan kaya? May pagkakataon pa kaya para sa akin?”

At kung minsan, sa tahimik na bahagi ng gabi, hindi ko maikakailang may kurot sa puso. Kapag matagal nang naglilingkod ang isang tao, natural lamang sigurong hangarin niyang makita balang araw ang bunga ng mga taon ng kaniyang pagsisikap. Ngunit sa kabila ng lahat, hindi ko naging opsiyon ang sumuko. Nagpatuloy ako.

Dahil natutuhan ko na sa serbisyo, hindi lahat ng pagsisikap ay agad nakikita at hindi lahat ng pangarap ay agad natutupad. May mga bagay na kailangang hintayin. May mga pintuang hindi agad nagbubukas. At may mga pangarap na kailangang ipagdasal nang paulit-ulit.

Kaya hanggang ngayon, narito pa rin ako—naglilingkod, naghihintay, at umaasa.

Hindi na ako nangangarap upang patunayan na mas magaling ako kaysa kaninuman. Nangangarap ako dahil, matapos ang napakahabang panahon ng paglilingkod, nais ko ring maranasan ang sandaling masasabi kong: “Ito na ang bunga ng iyong mahabang paglalakbay, Felisa.”

At higit sa lahat, nais kong maibahagi ang sandaling iyon sa aking pamilya—sa mga taong naging saksi sa aking pagod, nakakita ng aking mga sakripisyo, at patuloy na naniwala sa akin kahit may mga panahong ako mismo ay nagdududa. Sila ang tahimik kong kasama sa bawat taon ng aking paghihintay.

Kaya habang papalapit ang panahon ng aking pagreretiro, mayroon pa rin akong isang hiling sa puso: Sana, bago ko isara ang isang mahabang kuwento ng aking paglilingkod, maabot ko rin ang ranggong matagal ko nang inaasam. Hindi dahil kailangan ko ng titulo upang patunayan ang aking halaga. Hindi dahil ang ranggo ang sukatan ng isang taong naglingkod. Kundi dahil nais kong tapusin ang kabanatang ito ng aking buhay na may isang pangarap na natupad.

At kung dumating ang araw na iyon, tatanggapin ko ito nang buong puso at pasasalamat. Dahil ang ranggong iyon ay hindi lamang magiging isang bagong titulo. Magiging simbolo rin iyon ng tatlumpu't apat na taon ng katapatan, labindalawang taon ng paghihintay, at isang pangarap na hindi kailanman namatay.

Ito ang aking kuwento. Isang mahabang kuwento ng paglilingkod. Isang mahabang paghihintay. At isang pangarap na hanggang sa huling pahina ay patuloy kong pinaniniwalaan.

Bakit May Pambura si Titser?

Analin Constantinopla

"Bakit may pambura si titser?"

Hindi agad ako sumagot.

Nasa kaliwa kong kamay ang maliit na pambura. Puti sana ito noon, ngunit matagal nang kulay abo sa kakagamit. Sa kanan ko naman ay isang piraso ng yeso. Sa harap ko, tatlumpu't dalawang pares ng matang naghihintay.

"Para saan po?" tanong ni Jannah.

"Para burahin ang maling sagot."

"Bakit lagi ninyo itong dala?"

Nagtawanan ang buong klase.

"Baka maraming kailangang burahin si titser."

Natawa rin ako. Ngunit may isang bagay akong hindi sinabi: may mga pagkakamali akong ilang taon nang gustong burahin.

Dalawampung taon na akong guro. Sa panahong iyon, marami na rin akong naging estudyanteng ngayo'y may kani-kaniyang propesyon. May mga dating ayaw bumasa na natutong magmahal ng aklat. May mga tahimik na batang natutong maniwala sa sariling tinig. Sa bawat batang umunlad, pakiramdam ko'y may sarili rin akong tagumpay na natanggap.

Ngunit sa papel, iba ang kuwento.

Ilang ulit akong nag-apply para sa promotion. Nag-ipon ako ng mga sertipiko, dokumento, at katibayan ng mga pagsasanay at tagumpay. Inayos ko ang aking portfolio na para bang dito nakasalalay ang kabuuan ng aking pagkatao.

Sa bawat pagkakataon, iisa ang sagot: Hindi pa.

Isang gabi, binuksan ko ang lumang folder na may nakasulat na PROMOTION. Sa ilalim ng mga sertipiko, may nakita akong maliit na papel.

"Ma'am, salamat po dahil hindi ninyo ako sinukuan."

Matagal ko iyong hinawakan.

Kinabukasan, bago dumating ang mga bata, isinulat ko sa pisara:

PANGARAP
PROMOTION

Kinuha ko ang pambura. Binura ko ang PROMOTION. Hindi dahil isinuko ko ang pangarap kong umangat. Kundi dahil napagtanto kong matagal ko nang ipinagkakamali ang pag-angat bilang sukatan ng halaga ng aking sarili.

Maya-maya, nagkamali si Jeff sa kaniyang sagot.

"Ma'am, mali po."

"Ang sagot mo ang mali," sabi ko. "Hindi ikaw."

Binura ko ang kaniyang sagot.

"Subukan natin ulit."

Muli siyang sumagot.

Tama.

Ngumiti siya.

Sa sandaling iyon, may kung anong gumaan sa loob ko.

Pagkatapos ng klase, inilapag ko ang pambura sa mesa at muling tiningnan ang salitang PANGARAP.

Hindi pa rin ako na-promote.

Ngunit sa unang pagkakataon, hindi na iyon ang tanong. Hindi na ang linyang, "Bakit hindi ako?"

Kundi, "Ano pa ang maaari kong maibahagi?"

Doon ko naunawaan kung bakit may pambura si titser. Hindi lamang upang burahin ang maling sagot, kundi upang ipaalala na ang pagkakamali ay hindi katapusan, ang pagkabigo ay hindi pagkatao, at ang pangarap—gaano man katagal—ay maaaring isulat muli.

Sa pisara, sa ilalim ng salitang PANGARAP, isinulat ko:

WALA SA RANGGO, NASA PUSO…

Goodbye Teacher

Elfemie Grace R. Sasis

Ang lungkot kapag nasa seminar si Mama. Gigising ako nang maaga, kakain nang tahimik at mag-isa, maliligo, saka aalis ng bahay. Uuwi ako kinahapunan na wala pa rin siya. Ganoon talaga siguro kapag anak ng pamilyang guro hanggang sa kanunu-nunuan.

Minsan napapaisip ako, "Mabuti pa ang ibang mga batang tinuturuan ni Mama, natututukan niya sa pag-aaral. Samantalang ako, kapag nagtanong, high blood agad." Madalas din, kahit walang pasok, ay umaalis si Mama nang naka-lipstick na pula. Buong maghapon siya sa paaralan kahit katatapos lang niyang maglaba. Tuwing nasa bahay naman, nasa kuwarto lang siya, abala sa pagwawasto ng mga inuwing papel o sa pagsulat ng lesson plan.

Ganitong mga tagpo, pati na ang paulit-ulit na ulam na bangus, ang tumatak sa aking isipan habang nag-aaral ako sa hayskul. Makikipaghabulan sa orasan tuwing umaga at sa takip-silim naman kapag uwian na. Nakaluluwag na kapag may madatnang pambaon sa mesa—iyon ang siyang tanging bakas na naiiwan ni Mama.

Pagtungtong ko sa kolehiyo sa malayong bayan, lalo siyang naging madalang sa aking paningin. Hindi man ako lubos na nakaasa kay Mama dahil sa pagiging iskolar, marami naman siyang natutulungang iba sa paaralan.

Ngayon, sa kasamaang-palad—o baka nama'y kapalaran—guro na rin ako. Napadpad ako sa parehong paaralang, noon, sa tingin ko ay umagaw sa amin kay Mama. Natatanaw ko na rin ngayon ang mga sitwasyong hindi ko pa noon maintindihan.

Pero dito ko pala mas nakilala ang sarili kong Mama.

Siya iyong laging naroon sa paaralan. Ang ibang mga gurong may pangangailangan ay hindi nabibigo kapag lumalapit sa kaniya. Hindi man niya kayang solusyonan ang lahat ng problema, laging may payo siya sa mga lumalapit—at may pabaon pang tinapay.

Ang klasrum niya ang puntahan ng mga nagugutom, may sakit, kulang sa gamit, sa tulog, o kahit sa tubig.

Ganoon na lamang din ang pagmamahal sa kaniya ng kaniyang mga mag-aaral at mga magulang ng mga ito. Laging may regalo, may okasyon man o wala.

Siyempre, masaya ako.

Bakit?

Kasi katabi lamang ng klasrum niya ang opisina ko.

At ang hudyat na puwede na akong makikain doon ay ang mga katagang:


"Goodbye, Teacher! God bless you po! I love you po!"

Ngayon, wala na ang timbre ng mga katagang iyon.

Oo, bumabangon pa rin naman ako sa umaga na wala na si Mama. Nakikipaghabulan pa rin sa orasan at sa takip-silim.

Pero ang naiba, pagdating ko sa paaralan, wala na si Mama.

At kailanma'y hindi na pupunta.



Pagmamahal ng Isang Ampon

Dongpan Crusaldo P. Oligario

Payat—literal na buto't balat—at nanghihina ang batang si Antonio nang matagpuan ng mag-asawang sina Mang Anton at Aling Nina. Sa isiping wala ni isa man sa kanilang mga anak ang nakatira sa kanila, nagpasiya silang kupkupin ang bata.

Simula't sapol ay alam ni Antonio ang kaniyang katayuan. Kaya kahit madalas siyang pagalitan, pinapagawa ng mabibigat na gawain, at kung minsan ay ipinadaramdam na hindi siya tunay na anak—na siya ay kinaawaan at sinagip lamang mula sa hirap—hindi siya kailanman nagtanim ng galit.

"Tatanawin kong habambuhay na utang na loob ang pag-ampon nila sa akin," ang lagi niyang nasasabi sa sarili bilang tanda ng pasasalamat at pagtitiis. "Kung hindi nila ako inampon, baka matagal na akong patay."

Dahil sa ganitong pananaw, lumaki si Antonio na matiisin. Sa bawat masakit na salita at sa bawat pagod ng katawan, lagi niyang inaalala ang buhay na mayroon siya ngayon—isang buhay na, sa kaniyang paniniwala, ay ipinagkaloob sa kaniya ng mag-asawa.

Kaya kahit madalas siyang nasasaktan, nanatili siyang masunurin at mapagtimpi.

Lumipas ang mga taon.

Dumating ang panahong tumanda na sina Mang Anton at Aling Nina. Ni hindi na sila nadadalaw ng mga tunay na anak. Ang ilan ay nanirahan na sa malayo, at ang iba nama'y naging abala sa kani-kanilang buhay.

Naiwan ang mag-asawa—mahina, matanda, at nangangailangan ng kalinga.

At sa panahong iyon, lumitaw ang tunay na halaga ng pangako ni Antonio.

Siya ang nag-alaga sa mag-asawa. Siya ang nagluluto at naglalaba. Siya ang nagdadala sa kanila sa doktor at matiyagang nakikinig sa kanilang mga kuwento. Sa kaniyang presensiya, nabawasan ang kanilang pangungulila. Sa kaniyang mga kamay, natagpuan nila ang kalingang hinahanap nila sa mga tunay na anak.

Isang araw, habang nag-uusap sa salas sina Aling Nina at Mang Anton, tinawag siya ng mag-asawa.

"Antonio, salamat, anak," halos sabay na wika ng mag-asawa. "Hindi man kami naging mabuting magulang sa iyo sa lahat ng pagkakataon, ikaw naman ang naging sandalan namin. Salamat, hindi mo kami iniwan."

Nangilid ang luha sa mga mata ni Antonio.

"Nanay, Tatay," mahina niyang tugon, "utang na loob ko ang buhay na ibinigay ninyo sa akin. Kung hindi ninyo ako tinanggap, hindi ko alam kung saan ako pupulutin. Hanggang sa huli, narito ako sa tabi ninyo."

Sa mga huling yugto ng buhay nina Mang Anton at Aling Nina, si Antonio ang naging sandalan nila. Hindi ang mga anak na kadugo.



Doon nila higit na naunawaan na ang pamilya ay hindi laging pinagdudugtong ng dugo. Nasusukat ito sa pananatili. Sa kahandaang magparaya. At sa pagmamahal na walang hinihintay na kapalit.

Lolatits ng Estero Singko

Cherry Tiu Budlong-Alih

"Titser, paano po ba isulat ang pangalan ko?"

Inabot ni Lucy ang lapis sa batang nakaluhod sa tabi ng kaniyang kariton. Sa isang piraso ng karton, marahan niyang isinulat ang unang letra.

"Ganito. Sundan mo."


Nakapaligid sa kaniya ang ilang batang galing sa iba't ibang sulok ng Estero Singko. May hawak na lumang kuwaderno ang ilan, karton naman ang tangan ng iba, at mayroon ding nakikinig lamang. Sa kanilang paningin, si Lucy ay hindi palaboy na nakatira sa kariton.

Siya ang kanilang titser.

Apatnapu't limang taon nagturo si Lucy sa isang pampublikong paaralan. Hindi siya nag-asawa. Sa halip, ibinuhos niya ang maraming taon ng kaniyang buhay sa pagtuturo at sa mga taong itinuring niyang pamilya.

Sa panahong iyon, nasaksihan niyang lumaki, nakapagtapos, at nagkaroon ng sariling buhay ang marami niyang estudyante. Nang magretiro siya, inakala niyang sapat ang kaniyang ipon upang matawid ang natitirang mga taon nang payapa.

Ngunit may pamilya siyang hindi niya kayang tanggihan. Unti-unting nawala ang kaniyang ipon, retirement pay, at pensiyon sa mga pangangailangang hindi niya kayang talikuran. Nang siya naman ang mangailangan, wala ni isang kamay na umalalay sa kaniya. Sa halip, pinalayas pa siya.



Kaya napunta siya sa lansangan.

Hindi nawala, gayunman, ang kaniyang pagmamahal sa pagtuturo. Sa mga batang kalye niya ipinagpatuloy ang dating gawain.

Isang hapon, matapos ang mahabang paglalakad, nakaramdam si Lolatits ng hilo. Naupo siya sa tabi ng halamanan malapit sa parking lot ng isang coffee shop.

May lalaking bumaba mula sa isang SUV. Saglit siyang napatigil at minasdan si Lolatits, waring pilit inaalala kung saan niya ito nakita.

Makalipas ang isang oras, bumalik siya. May dala siyang tubig at keyk.

"Lola, sa inyo po ito."

Nag-angat ng mukha si Lolatits.

Matagal siyang tinitigan ng lalaki.

"Titser Lucy?"

Napakunot ang noo ng matanda.

"Iho, sino ka?"

Nangingilid ang luha ng lalaki nang ngumiti siya.

"Ako po si Joshua. Ang batang laging nahuhuli sa klase dahil nagtitinda muna ng pandesal."

Dahan-dahang nagbago ang mukha ni Lolatits. Inangat niya ang nanginginig na kamay at hinaplos ang pisngi ng lalaki.

"Ikaw nga."

Matagal nang hinahanap ni Joshua ang gurong unang naniwala sa kaniya. Nang araw na iyon, hindi na niya muling hinayaang bumalik si Lolatits sa lansangan.

Isinama niya ito sa kaniyang tahanan.

"Dito na po kayo," sabi ni Joshua. "Marami kayong taong inalagaan noon. Ako naman ngayon."

Mula noon, itinuring ni Joshua si Lolatits bilang ina. Ang dating estudyante ang naging anak ng gurong walang sariling tahanan.

At sa huling mga taon ng kaniyang buhay, hindi na muling natulog si Lolatits sa ilalim ng bukas na langit. Natagpuan niya ang tahanang matagal nang nawala—sa puso ng batang minsan niyang tinuruang mangarap.

SERBESA NI LOLO

Jomar E. Mangonon

Pagod na umuwi si Lolo Tonying mula sa bukid nang mapansin ni Idong ang bayong na bitbit niya. Ibinaba iyon ng matanda sa may hagdan at agad namang lumapit ang bata upang silipin kung ano ang laman nito.

“Lolo, ano po itong mga nasa bayong?”

“Serbesa,” sagot ni Lolo Tonying habang pinupunasan ang pawis sa noo.

Tatlong bote ang laman ng bayong. Matamang pinagmasdan ni Idong ang mga iyon bago muling nagtanong.

“Ano po ang lasa? Masarap po?”

Napangiti si Lolo Tonying. “Mapait sa mga bata at baguhan. Hindi mo pa naman puwedeng tikman.”

“Bakit po?”

“Pangmatanda iyan.”

Tumango si Idong ngunit hindi agad umalis. Mula sa kusina ay pinagmamasdan sila ni Lola. Kilala niya ang kaniyang apo. Kapag tumahimik ito nang ganoon, may kung anong umiikot sa musmos nitong isip.

Kinagabihan, nagtipon ang buong pamilya sa hapag. Umuwi ang anak nilang si Mario kasama ang asawa at dalawang anak. May inihaw na tilapia at hito, adobong native na manok, ginisang gulay, at mangkok ng mainit na kanin sa gitna ng mesa habang sila’y nagkukuwentuhan tungkol sa mga kani-kanilang buhay.



Napansin ni Lola na tahimik si Idong.

“Bakit parang may iniisip ka?” tanong niya.

Tumingin ang bata kay Lolo Tonying. “Lolo, kapag matanda na po ako, puwede na akong uminom ng serbesa?”

Nagtawanan ang mga nasa hapag. Hindi naman natawa si Idong. Sa halip ay lalo siyang nag-isip habang nakatingin sa kaniyang lolo.

“Hindi dahil matanda ka na ay kailangan mo nang uminom,” paliwanag ng kaniyang ama.

“Eh, sabi ni Lolo, pangmatanda lang po.”

Lalong lumakas ang tawanan. Ngunit seryoso pa rin ang bata.

“Kapag malaki na ako, iinom din po ako ng serbesa.”

Napangiti si Lolo Tonying. Kinuha niya ang baso ng tubig sa tabi ng kaniyang pinggan at iniabot iyon sa apo. “Mas mabuti ito. Mas maganda sa kalusugan.”

“Bakit po?”

“Dahil hindi lahat ng ginagawa ng matatanda ay kailangang gawin ng bata paglaki niya.”

Sandaling natahimik si Idong. Tinitigan niya ang baso bago ito hinawakan.

“Eh, bakit hindi tubig na lang po lagi?”

Nagkatinginan sina Lolo at Lola bago muling nagtawanan ang buong pamilya.

Kinabukasan, napansin ni Lolo Tonying ang isang plastik na baso sa tabi ng kaniyang bayong. May nakapatong na maliit na papel na may sulat-kamay ni Idong.

Para kay Lolo. Magtubig na lang po kayo. Huwag na po ang serbesa dahil mapait.

Napangiti si Lolo Tonying habang pinagmamasdan ang sulat.

Sa simpleng maling pagkaunawa ng isang bata, may isang aral siyang muling naipaalala sa matanda—hindi lahat ng nakasanayan ay kailangang ipamana.

Tinolang Pagpag

Karl J.S. Aviñante

Ibinaba ni Elena ang kaniyang bitbit na talumpok ng mga test paper at ang isang plastic ng ulam. Amoy bawang at luya ang sumalubong sa kaniyang silid.

"Saan mo nakuha ang pang-ulam natin, Ma?" tanong ng kaniyang anak na nag-aaral para sa scholarship examination.

"Nilista ko muna sa tindera doon, anak. Sabi ko sa a-kinse ko na babayaran," sagot ni Elena habang tumutulo ang pawis sa noo, mata, ilong, taas ng bibig, hanggang sa leeg mula sa bitbit na talumpok ng test paper. Hindi na niya nabanggit na ang manok sa tinola ay ang mga tirang bahagi mula sa tindera na binili niya sa murang halaga.



Habang tinitingnan ang logbook, nandoon ang listahan ng mga utang sa lending, sa kooperatiba, sa kamag-anak, sa kapwa-guro, at sa chalk na siya mismo ang bumili. Hinati-hati na at lahat, ngunit kulang pa rin.

Humigop ng sabaw ang anak. Sumubo si Elena ng kaning may sabaw. Sa kabila ng bango ng bawang at luya, ang ulam ay hangin. Pagod, puyat, at salat. Walang lasa, walang alat, at walang sipa. Hindi dahil sa pinira-pirasong laman ng tinola ang dahilan, kundi dahil sa lumalalang trangkaso.

Biglang kumatok ang tindera, may dalang malaking basket ng sariwang prutas. "Elena! Pasensiya ka na, hindi ko natanggap ang listahan mo kanina," hingal na sabi ng tindera. "Hinatid ko lamang 'to. Regalo ng mga magulang ng mga estudyante mo. Nalaman nilang may sakit ka pero pumasok ka pa rin para sa exam."

Napatulala si Elena sa basket, pagkatapos ay sa kaldero. Nakita niya ang anak na dahan-dahang nagbaba ng sandok.

"Ma… sorry," bulong ng bata, may luha sa mata. "Nanghiram ako ng limampung piso sa kaklase ko. Ako ang bumili at nagluto nito. Gusto ko lamang na pag-uwi mo, may mainit kang sabaw para sa sakit mo."

Hindi lamang ang katawan ni Elena ang umiinit, ngunit pati ang bahay. Ang tinolang walang lasa ay biglang naging pinakamasarap na putahe sa mundo.

Traysikel

Medania T. Malagsic

Boom! Isang malakas na tunog ang bumasag sa katahimikan ng gabi. Nagkagulo ang mga tao sa kalsada. May naaksidente. May nabanggang traysikel. Ngunit walang sinuman ang nakaisip na ang drayber nito ay si Biyong.

Si Biyong ay isang huwarang anak. Sa murang edad na labimpito, natutuhan na niyang harapin ang hirap ng buhay. Lasenggo ang kaniyang ama at labandera naman ang kaniyang ina. Apat ang kaniyang kapatid, at dahil kapos sa buhay, alam niyang hindi sapat ang kinikita ng kanilang ina para matustusan ang pang-araw-araw nilang pangangailangan.

Kaya maaga siyang naghanapbuhay. Natuto siyang magmaneho ng traysikel at araw-araw na pumapasada. Sa bawat ikot ng kaniyang sasakyan, dala niya ang iisang pangarap—ang maiahon ang pamilya sa kahirapan.

Hindi para sa sarili ang kaniyang kinikita. Inuuna niya ang pangangailangan ng kaniyang mga kapatid. Baon, proyekto, matrikula—isinikap niyang maibigay ang lahat ng kaniyang kaya. Iisa lamang ang kaniyang hiling: ang makapagtapos ang mga kapatid at magkaroon ng magandang kinabukasan.

Ayaw niyang maranasan ng mga ito ang hirap na kaniyang dinanas. Ayaw niyang dumating ang araw na ang kaniyang mga kapatid ay mapilitang maglabada sa iba dahil sa kahirapan. Gusto niyang maging propesyonal at matagumpay ang bawat isa.

At nagbunga ang lahat ng kaniyang sakripisyo.

Isa-isa, nakapagtapos ang kaniyang mga kapatid. May mga diploma na silang tangan at mga pangarap na unti-unti nang natutupad. Sa wakas, nakita ni Biyong ang bunga ng kaniyang pagpapagod.

Ngunit isang araw, habang siya ay namamasada, isang malakas na tunog ang umalingawngaw sa kalsada.


Boom! Isang aksidente.

At ang nabanggang traysikel ay walang iba kundi ang kay Biyong.

Masakit ang pagkawala ng isang mabuting anak at kapatid. Ngunit sa kaniyang labi, tila may naiwan pa ring ngiti—isang ngiting nagsasabing natupad na niya ang kaniyang pangarap.

Nakapagtapos ang kaniyang mga kapatid.

At sa huling biyahe ng kaniyang traysikel, naiwan niya hindi lamang ang alaala, kundi isang buhay na patunay na ang tunay na pagmamahal ay marunong magsakripisyo para sa kinabukasan ng pamilya.



The Weight of Wings

Romelyn N. Bagacina-De Vera

The bench was cold—polished granite that leeched warmth. Elias sat there because it was the only place he could be no one.

For an hour, he had been a father steadying Chloe through a failed exam; a son promising his mother groceries—a lie covering his aching back and thin wallet; a husband texting Sarah: On my way home. I'll handle dinner.

Now he was Elias. The promotion had gone to a younger man. The mortgage was a ticking clock. He felt stretched thin—a single thread holding other people's lives, terrified he might snap.

A sniffle pulled him from reverie. A woman sat at the other end, impeccably dressed yet quietly unraveling. A tear traced her cheek.

"Tough day?" he asked.

She was Maya—mother of two, daughter to a father with dementia, senior manager, sole support for a jobless brother. He hadn't recognized her voice today.

"I'm sorry," Elias said. No platitudes. Just presence.

The dam cracked. She spoke of missing her daughter's recital, her father wandering off, guilt crushing her chest. "I am a mother, a daughter, a manager, a sister," she trembled. "But I don't know who Maya is anymore. I'm drowning, and everyone I love clings to me."

Elias listened, heart aching. He confessed the pressure to be the "rock," financial shame, terror of failing every role. He felt a ghost in his own life, a collection of functions.

Two strangers. Yet mirrors. They spoke as two exhausted souls carrying a hundred identities.

"I feel so alone," Maya whispered. "Surrounded by people, and alone."

"I know," Elias said. "We see the polished surface, not the cracks."

They talked another hour. No solutions, no cure for dementia—but validation. They weren't weak or failures. They were human, holding others together while their souls unraveled.

When Maya left, panic softened to resolve. "Thank you," she said. "You didn't fix it, but you heard the scream."

"You did the same for me."

Elias called Sarah. "I love you. And... I'm tired."

A pause. Then softly: "I know, El. I'm tired too. Come home. We'll be tired together."

Tears pricked his eyes. He wasn't granite; he was a man, father, son, husband. The weight was the price of love. The bench remained—a silent witness where two weary travelers found strength to carry on.

For You and Our Daughter

Myla P. Millondaga

The morning breeze swept gently across the hills, carrying the soft rustle of leaves through the quiet village. Inside a small bamboo house, Minda cradled her newborn daughter against her chest. The baby slept peacefully, unaware of the worries that had followed her mother for months. Minda hummed a gentle lullaby as she warmed a small pot of water, preparing to bathe the child.

Minda was a patient and devoted mother, the kind of woman who could turn hardship into hope. Since giving birth, she had cared for the baby almost entirely on her own. Her husband, Tomas, worked nearby in the mining industry, spending long months underground in dangerous conditions just to earn enough money for their family. His hands were rough from labor, and his clothes often smelled of soil and metal, but every peso he earned was meant for their daughter.



Their life was far from easy. The family's small income barely covered rice, milk, diapers, medicine, and other necessities. She patched old clothes instead of buying new ones and saved every coin for emergencies. Tomas endured exhausting shifts and dangerous tunnels, while Minda endured sleepless nights, loneliness, and the endless responsibilities of raising their child alone. Their sacrifices were different, but both were driven by the same love.

That morning, however, something went wrong.

Suddenly, loud voices echoed outside. People were shouting and running through the village. Minda's heart raced when she heard that armed men had been seen nearby. Knowing the area was no longer safe, she quickly wrapped her baby in a blanket, grabbed their small bag of diapers, clothes, and milk, and hurried toward the door.

The bag slipped from her trembling hands.

Bundles of cash scattered across the wooden floor.

Minda froze.

She stared at the money in disbelief. Their family had struggled for months to afford even the smallest necessities. Where could this much money have come from?

She gathered the bundles with shaking hands and noticed a folded note hidden beneath the last one. She recognized Tomas's handwriting.

"If you're reading this, I never made it home. This is for you and our daughter. Don't let anyone know you have it."

Tears filled Minda's eyes. She pressed her sleeping baby closer, realizing that her husband's final sacrifice had left her a dangerous secret.



Through Every Storm

Michelle S. Baguinat

In the quiet and peaceful Barangay Nayo lived a family whose greatest treasure was not money, but love. Tata and Meme were blessed with six children: Neyumi, Ton, Tap, Ching, Dang, and Dong, all were still attending elementary school, carrying simple dreams of a brighter future.

"Tatay, when I grow up, I will buy you a big motorcycle!" Ton proudly declared. Tata laughed. "Just finish your studies, anak. That will make Tatay happier than anything."

Tata worked as a motorcycle driver, enduring the heat and rain to earn a living. Meme, meanwhile, balanced her responsibilities as a mother and a job-order worker at the local government unit in Dapit City. Their days were exhausting, but their love made every sacrifice worthwhile.

One day, tragedy struck. Meme was diagnosed with typhoid fever. Her body weakened until she could barely rise from bed.

"Tatay," she whispered one evening, tears rolling down her cheeks, "what if I don't get better? Who will take care of our children?" Tata felt his heart tighten. He was afraid, too. He wiped away her tears and smiled, though his own eyes were filled with sorrow. "Don't say that, Meme. You will get better. I may be tired, but I will never get tired of loving you."

From that day onward, Tata became everything his family needed—provider, cook, caregiver, and source of strength. Each morning, he drove his motorcycle. Each evening, he cared for Meme and the children.

"Just one more spoonful," Tata whispered, gently feeding her. "Please, get stronger for us." And when Meme slept, he quietly checked on the children, making sure they were ready for school.


"Lord, I am tired," Tata prayed. "But please give me strength. My family needs me."

Months passed, and slowly, Meme recovered and returned to work.

One evening, she held Tata's hardworking hands. "You never gave up on us," she whispered.

Tata smiled. "Because you are my family. You are worth every sacrifice."

Together, they rebuilt their lives, proving that true love endures every storm, in sickness and in health.



The Receipt

Myla P. Millondaga

After every payday, Joel treated himself to one small thing. Nothing expensive. A milk tea. A burger. A movie ticket. Sometimes just a hot cup of coffee from the shop near his workplace. He kept every receipt in his wallet, folding each one carefully before slipping it behind the others.

Years later, while looking for an old identification card, his daughter found the faded stack. “Why are these all so small?” she asked.

Joel smiled. “Because that’s all I could afford.”

His daughter, Mia, was no longer used to thinking about money that way. She lived a comfortable life with the things she had once considered ordinary: a smartphone she replaced every few years, branded shoes lined neatly beside the door, weekend café trips with friends, and a closet full of clothes she sometimes forgot she owned.

Their house was modest by comparison. It was a small, aging home with pale walls, a narrow living room, and wooden furniture that Joel had repaired more than once instead of replacing. The kitchen had chipped cabinets, a tiny refrigerator, and a dining table covered with Mia’s schoolbooks and notebooks. The curtains were slightly faded from years of sunlight, and the electric fan in the corner rattled whenever it turned. Still, the house was warm and carefully kept. There was always food in the refrigerator, clean clothes hanging by the window, and a pair of shoes by the door that actually fit Mia.

She unfolded the oldest receipt.

One cheeseburger. One iced tea.
Date: Nine years ago.

“What happened that day?” She asked. Joel studied the tiny piece of paper for a moment. “That was the first meal I bought without checking my bank balance first.”

Mia looked at him.

“I had just received my salary,” he continued. “For years, every peso had a job. Rent. Electricity. Your school expenses. Groceries. Transportation. I couldn't remember the last time I bought something simply because I wanted it.” He smiled at the receipt. He carefully folded the receipt and slipped it back into his wallet.

“Dad,” she said softly, “may I see the next one?”

Joel looked at her.

Then he opened his wallet.



Baking Hope

Rowena L. Lee

A dense blanket of morning fog rolled down the Sierra Madre, wrapping the hilltop campus in Tanay, Rizal, in a silver chill. Teacher Aris stepped into Room 302 with a smile so radiant it instantly thawed the cold room.

"Literature isn't dead words on a page, class," Aris said, leaning over the lectern. "It is the courage to feel, to dream, and to endure."

Aris was a new part-time instructor, young and blazing with purpose. Every morning, he braved the misty winding roads with an eager step, greeting guards, janitors, and students alike. To his class, he was a force of nature—an educator who transformed dry textbook pages into vivid human experiences.

Yet behind that relentless smile was a quiet, crushing reality. Paid strictly for the hours spent before a chalkboard, Aris received no benefits, and his meager checks were routinely delayed for months. Rent was due, bills were piling up, and his mother's daily medication couldn't be bought with enthusiasm alone.


Refusing to surrender his dream, Aris transformed his cramped kitchen into a small bakery each night after writing lesson plans by candlelight. Using his grandmother's weathered oven, he baked ube halaya, crinkles, and pastillas, selling them online under the brand Titser's Treats.

Running on barely four hours of sleep, he walked through the freezing Tanay fog each morning carrying heavy canvas bags of baked goods, selling them during faculty breaks, and making deliveries after class. Still, his warm smile never cracked.

One misty afternoon, a student named Maya lingered in the cold hallway, holding a failing paper with trembling hands. Aris didn't rush out to make deliveries. Instead, he pulled up a chair beside her, patiently guiding her line by line through a poem until her teary eyes lit up with understanding.

"Thank you, Sir Aris," Maya whispered. "You're the only light we have here."

Aris smiled gently, a lump forming in his throat. His flour-dusted hands were calloused and his wallet was thin, but in that fog-draped classroom, he felt richer than kings. He was a silent hero—a bayani who fed young minds by day, baked sweet hope by night, and chose to shine brightest when the world gave him every reason to dim.



The Last 1%

Myla P. Millondaga

Lena's phone blinked 1% as the bus crawled through heavy traffic. She stared at the tiny battery icon, her thumb hovering over her father's name. She had one choice: call him or save the last bit of battery. For three weeks, she had ignored his messages and missed his calls. Not because she was angry, but because she was afraid.

Her father had always been her safest place. When she was little, he carried her home when she fell asleep in the car. He taught her how to ride a bicycle. Whenever she had nightmares, he would sit beside her bed and tell her stories until she fell asleep. Even as she grew older, they remained unusually close. They could talk for hours about school, movies, food, or nothing important at all. But recently, Lena had become distant. She had been struggling with problems she didn't know how to explain. Each time her father called, she told herself she would answer later.

The phone buzzed. Dad Calling… She hesitated, then answered.

"Hey, kiddo," her father said warmly. "How's work? Are you eating properly?"

Lena smiled despite herself. "Yeah. I'm okay. Love you."

"Love you too," he replied.

Those were the last words she heard before the phone died. Lena stared at the black screen. She had assumed there would always be another call.

When she finally arrived home, the apartment was strangely quiet. Her older brother was waiting outside. "Dad's in the hospital," he said.

The words landed heavily. Lena's heart began pounding. "What happened?"

"He kept trying to call you."

Then her father opened his eyes. "You finally picked up," he joked weakly.

Lena laughed and cried at the same time. She held his hand tightly, remembering all the moments he had been there for her when she needed him. The next morning, she bought the cheapest portable charger she could find. She kept it in her bag wherever she went because she never wanted to miss another call from the person who had always made her feel safe.

Weeks later, Lena sat beside her father again, watching him sleep. Her phone suddenly vibrated. She looked at the screen. 1% battery. There was an unfamiliar number calling. Lena glanced at her sleeping father, then back at the phone. For a moment, she wondered whether to answer.



Delete Forever?

Myla P. Millondaga

Nikko spent six hours cleaning his laptop.

Normally, six hours was more time than he could spare. His career had swallowed most of his days. He worked as a project manager for a fast-growing company, where deadlines seemed to multiply overnight. His phone buzzed before breakfast, during meetings, and even while he was eating dinner. His calendar was packed with presentations, client calls, team updates, and emergency video conferences. Some nights, he stayed in the office until midnight, answering emails beneath the harsh glow of his monitor. Weekends had become catch-up days rather than days of rest.

Tonight, however, he decided to clean everything.

Old college assignments disappeared first. Then came blurry screenshots he couldn't remember taking, duplicate photos of work files, vacations, family gatherings, conferences, trainings, selfies, and receipts. Random downloads followed. One by one, he emptied folders, watching the storage bar slowly turn from red to blue.

Then he found a folder named “Keep.” Inside were voice recordings.

The first was his mother's warm laugh after she had accidentally burned dinner. Nikko smiled as he remembered how she had insisted the food was “supposed to taste smoky.” Another recording captured his younger sister crying after losing her favorite toy, followed by Nikko's younger voice trying to comfort her. There were recordings of family birthdays, wedding anniversaries, road trips, and ordinary evenings when everyone was still together.

He found his older brother's ridiculous impressions, arguments over who had eaten the last piece of cake, and a recording of their father snoring loudly in the background. There were also short clips of Nikko himself as a college student—laughing with friends, complaining about exams, and talking excitedly about the future.

Then he found his best friend's voice. “Dude, if you're listening to these years from now, don't become one of those adults who only works.”

Nikko froze. His best friend had died in a motorcycle accident two years earlier.

He clicked another recording. His friend's voice filled the room with laughter as he talked about their plans: traveling somewhere neither of them had been, starting a business together, and growing old without becoming strangers to themselves.

Then came static. Nikko stared at the screen. His finger hovered over the Delete key. For a long moment, nothing moved except the blinking cursor.

The Day Sir Ben *Became a Student*

Harvey M. Tangalin

In the village of San Roque, Teachers' Day had one strange rule. For one day, the teachers became students, and the students became teachers.

Sir Ben had taught Grade 6 for thirty years. He could teach fractions, grammar, and history. But there was one thing he never told anyone: he could not swim. This year, his class drew lots to decide who would teach him. Little Dina pulled the paper from the box. She read it and grinned.

"Sir, I am your teacher today. Come with me." She led him to the river behind the school. Sir Ben's face turned pale.

"Dina, maybe we can learn something else. Poems? Math?"

"No, Sir," she said. "You always say we must face what we fear." Sir Ben sighed. He had said that. Many times. He stood in the shallow water, stiff as a post. His hands shook. Dina stood in front of him with her arms crossed, just like he did in class.

"Sir, you are holding your breath. Please breathe."

"I am breathing!"

"No, Sir. That is called panic."

The whole class laughed from the riverbank. Sir Ben laughed too, a little.


"Now put your face in the water," said Dina. He tried. He came up coughing. "I cannot do it." Dina's face softened. She said the words he told her class every day. "Sir, a mistake is not a failure. It is a step. Try again."

He tried again. And again. His arms flapped. He swallowed river water. Each time, the children cheered as if he had won a race. Then, after many tries, something happened. Dina held his hand, then let it go. For three whole seconds, Sir Ben floated on his own. "I am floating!" he shouted. "Dina, I am floating!"

"That is called swimming, Sir," she said proudly.

When the lesson ended, Dina took out a small notebook and wrote something in red ink. She handed it to him. It said: Sir Ben: Passed. Needs more practice. Very brave!

Sir Ben read it three times. In thirty years of giving grades, nobody had ever given him one. He kept that page in his wallet until the day he retired.



You Are Not Alone

Myla P. Millondaga

At 3:19 a.m. Janna sent a message: "I'm not okay." She stared at the screen, waiting for the little word that said Typing… Nothing. She laughed at herself, deleted the chat, and told herself everyone was asleep.

The next morning, she woke to twenty-three notifications. Her best friend had texted first. "I fell asleep with my phone on silent. Are you okay?" Then her cousin: "I'm coming. See you." Her older brother followed: "I'm calling. Please pick up." Even a former classmate who she hadn't spoken to in years had messaged: "I don't know what's happening, but don't be alone today."

Janna blinked at the screen, confused. She hadn't told anyone. She checked her messages again, trying to understand. Then it hit her. The message. I'm not okay. She had accidentally posted it to her story instead of sending it privately. Embarrassment rushed through her. She immediately deleted the story and covered her face with both hands. Great, she thought. Now everyone knows.

Just then, the doorbell rang. Janna opened the door and found her cousin standing there, holding two cups of coffee. "I didn't know if you wanted to talk," he said, handing one to her, "but I figured you shouldn't have breakfast alone."

Janna stared at him. For the first time in months, she realized something. She had spent so much time believing that no one cared that she had forgotten to notice the people who did. The embarrassing mistake she had wanted to erase had done something she never expected. It had brought people closer.


That morning, Janna opened her story to make sure it was gone. It was. She frowned. She hadn't deleted it. At the bottom of the screen, a small notification appeared: "This story was deleted by another device."

Janna's smile disappeared. She looked toward the kitchen, where her cousin was quietly making coffee.

"Did you delete my story?"

He stopped. Slowly, he turned around. "No."

The phone in Janna's hand buzzed. A new message appeared from an unknown number: "You're not alone."



Seven Hours Toward Somewhere

Roxan B. Sibayan



"Ma, when are you coming home?" She looked at the boy by the doorway. "Friday," she said. "Promise?" It was Monday morning. She lifted her canvas bag and stepped onto the trail. Seven hours. That was the journey to school. By noon, her slippers were muddy. By afternoon, she had crossed the river. Before sunset, she would arrive where children were waiting. She was the first teacher assigned there. There was no electricity, telephone, or internet. Only mountains. And children.

"Teacher, I already know how to read!" A boy waved his notebook. "Then read this," she said, pointing to the board. He stumbled through the sentence. "Again." He tried. This time, he finished. The room erupted. She laughed with them. She taught several grade levels in one classroom—reading with the first graders while older children worked on arithmetic. At the end of the day, she would sometimes stare beyond the window. And wonder about home.

"Ma, can you help me with my homework?" The voice returned to her in memory. Another house. Another Monday. "I will when I come home." But when Friday came, the children had already finished. They had learned not to wait. Years passed. Four children grew. She had dreamed of four college graduates, four diplomas, four photographs in frames. But life had written a different ending. Only one finished college. The others found their own roads. She wondered if she had been too far away.

Then, one afternoon, a man appeared at her door. "Ma'am?" "I was your student." "Grade Four," he said, laughing.

"You made me read the same paragraph seven times." She laughed. "I remember." "I became a teacher." She fell silent. "Because of you," he added.

That night, she opened a wooden box. Inside were faded notebooks, broken pencils, photographs, and a small piece of chalk wrapped in paper. She held it. Then her child came in. "Ma?" "Yes?" "Do you still remember the first school you taught in?" She looked at the mountains. "Every step," she whispered.

For the first time, she counted those steps differently. Not seven hours away from home. Seven hours toward somewhere. Somewhere a child was learning to read. Somewhere a former student was teaching another child. Somewhere, perhaps, a boy was asking his mother, "Ma, when are you coming home?" She closed her eyes. "Friday," she whispered. And smiled.

Bracelet


Deborah Leah Denso

After nine long years, Mara was finally back in the Philippines. She expected her younger sister to welcome her home. “Surprise!” pulling Lia into a hug. “Aren’t you happy I’m home?”

Lia stepped away. “Why are you here?”

Mara ignored the coldness and pulled Jack. Then, smiling brightly, she announced, “Your Kuya Jack and I are getting married!”

“Congratulations,” Lia replied as she turned her back on them.



The room quickly grew tense. Mara accused Lia of being ungrateful, while Lia blamed her for being too ambitious. Before either could say more, Lia rushed to the bathroom, pale and nauseated. Mara hurried outside to retrieve some medicine from her bag in the car. When Lia went out, Jack reached for her. “Don’t touch me!” Lia snapped.

“I’m worried about you.”

“Worried?” Her voice broke. “I’m pregnant, Jack. It’s--it’s yours.”

Jack’s eyes widened, but before he could respond, Mara stepped into the room. The truth shattered her. Jack admitted that loneliness had drawn him and Lia closer.

Lia turned on her sister. “I never wanted money or expensive things,” she cried. “I just wanted my sister!”

Mara’s anger gave way to pain. “I left because I wanted to give you a good life. I sacrificed because you are my sister--even if we are not related by blood!”

The words struck Lia like a blow. Her chest tightened, her knees weakened, and the room faded into darkness.

A year had passed.

One night, Mara dreamed that she and Lia were children again. She lifted their wrists, showing the matching bracelets they had once treasured. “Do you remember our promise?” Mara asked. “No matter what happens, we will always be sisters. We will always stand by each other.”

Lia clasped her bracelet. “I don’t deserve your forgiveness.”

“Forgiveness is not always earned,” Mara said. “Sometimes, it is freely given because love refuses to disappear.”

Mara awoke to the sound of a baby crying. Smiling through her tears, she gently nudged Lia, who was sleeping beside her. “Come on, our little princess is awake.”

Lugaw sa Likod ng Pangarap

Norlyn L. Borong



Labinlimang taon na ang nakalilipas, isa lamang si Rex sa mga mag-aaral na palaging nahuhuli sa klase. Sa tuwing papasok siya, pawis na pawis, hingal, at tila pasan ang buong mundo.

"Bakit palagi kang nahuhuli?" mariing tanong minsan ng kaniyang guro, si Ma'am Luela. Yumuko lang siya.

Isang araw, bago matapos ang klase, lumapit si Rex sa guro. "Ma'am, hindi po ako makapasok bukas. Dadalhin ko po si Nanay sa ospital." Doon niya isinalaysay ang kanilang buhay. Iniwan sila ng kaniyang ama noong Grade 4. Simula noon, silang mag-ina na lamang ang nagtulungan. Nagtinda sila ng lugaw at itlog sa gabi hanggang madaling-araw. Nang magkasakit ang kaniyang ina, napilitan siyang magtrabaho sa isang lugawan. Alas-diyes ng gabi ang pasok niya at alas-tres ng madaling-araw ang uwi. Pagdating sa bahay, nagluluto pa siya at pagsapit ng umaga ay inaasikaso ang kaniyang ina.

"Ma'am, 300 na lang po ang pera ko."

"Gipit din ako," tugon ni Ma'am Luela, "pero heto ang 600, idagdag mo para kay Nanay mo."

Makalipas ang ilang araw, nagsagawa ng home visitation ang guro. Nanlamig siya sa kaniyang nadatnan—may kabaong sa gitna ng bahay. Humahagulhol si Rex. "Ma'am… wala na po si Nanay." Niyakap siya ng guro.

Sa gitna ng pagdadalamhati, isang doktor ang lumapit at nag-alok ng tulong upang makapag-aral si Rex.

Labintatlong taon ang lumipas.

Sa isang conference sa Division Office, napansin ng isang babae ang pangalan sa nameplate: Rex S. Abao, District Supervisor.

Napatitig ang babae. "Rex?"

Lumingon ang lalaki, ngumiti, at mahigpit na yumakap. "Ma'am, salamat po."

"Bakit mo ako pinasasalamatan?"

"Dahil noong wala na akong pag-asa, may isang gurong naniwala sa akin."

Nangilid ang luha ni Ma'am Luela. Naunawaan niyang ang guro ay hindi lamang nagtuturo ng aralin. Ang simpleng pag-unawa at paniniwala sa isang bata ay simula ng pag-asa. Ang batang minsang nagtitinda ng lugaw ay naging District Supervisor na ngayon—patunay na ang kahirapan ay maaaring magpabagal sa pangarap, ngunit hindi kailanman dahilan para ito ay mamatay.